San Diego Unified
SCHOOL DISTRICT

# Mga Impormasyon para sa Magulang




# 2022-2023

Mahalagang Taunang Pagbabago at
Kinakailangang Unibersal na Form

# Mahahalagang Petsa sa Taon ng Pag-aaral 2022-2023

Ang mga petsa sa 2022-2023 ay maaaring mabago. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaabisuhan ng paaralan ng bata tungkol sa minimum na araw at mga araw ng Pag-unlad ng Kawani na hindi kinakailangang pumasok ng estudyante.

## TRADISYUNAL NA TAON NG PAG-AARAL

**Agosto 29** .......... Unang Araw ng Klase para sa mga Mag-aaral

**Septiyembre 5** .......... * **Bakasyon:** Araw ng Manggagawa

**Nobyembre 11** .......... ***Bakasyon:** Pagtalima sa Araw ng mga Beterano
**Nobyembre 21-25** .......... * Pahinga tuwing Pagpapasalamat

**Disyembre 19—Enero 2** .......... * Pahinga tuwing Taglamig

**Enero 3** .......... Pagpapatuloy ng Klase

**Enero 16** .......... * **Bakasyon:** Araw ni Martin Luther King Jr.

**Pebrero 17, 20** .......... * **Bakasyon:** Araw ng Presidente

**Marso 27-31** .......... * Pahinga tuwing Tagsibol

**Abril 3** .......... Pagpapatuloy ng Klase

**Mayo 26** .......... * Hindi Pang-aral na Araw
**Mayo 29** .......... * **Bakasyon:** Araw ng Alaala

**Hunyo 14** .......... Huling Araw ng Klase

* WALANG PASOK



# Mga Pangunahing Ugnayan

Direktorya ng Departamento: www.sandiegounified.org/departments
Polisiya ng Lupon (BP) and Regulasyong Pang-administratibo (AR): https://sandiegounified.org/about/policies_procedures

## PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

Ugnayan ng Pamilya at Komunidad .......... 619-293-4431
Serbisyo sa Pagkain at Nutrisyon .......... 858-627-7340
Opsyon sa mga Kalapit na Paaralan at Enrollment .......... 619-260-2410
Pangangalaga at Kabutihan .......... 619-725-5501
Programa sa Pinahabang Araw ng PrimeTime .......... 858-503-1870
Opisina sa Kwalidad na Kasiguraduhan .......... 619-725-7211
Pulis ng Paaralan (24 oras) .......... 619-291-7678
Pagkakapantay-pantay sa Espesyal na Eduaksyon .......... 619-725-7700
Titulo IX Pagkakapantay-pantay sa Edukasyon .......... 619-725-7225
Transportasyon .......... 858-496-8460

## IBANG OPISINA

Lupon ng Edukasyon .......... 619-725-5550

Opisina ng Superintendente .......... 619-725-5506

Opisina para sa mga Serbisyong Ligal .......... 619-725-5630

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Tulong sa Direktoryo ng Distrito .......... 619-725-8000

San Diego Unified School District
Eugene Brucker Education Center
4100 Normal Street
San Diego, CA 92103

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa https://www.sandiegounified.org

# Talaan ng Nilalaman


A. Pagtanggap . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .1

B. Karapatan at Resposibilidad ng Magulang/Tagapag-alaga. . . . . . . . . . . . . . 2

C. Diskriminasyon, Intimidasyon & Polisiya sa Pambubulas, Proseso sa Unipormeng Pagrereklamo . .6

D. Sekswal na Pang-aabuso sa Estudyante at Proseso ng Pagsusumbong. . . 8

E. Sa Paaralan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 11

F. Karapatan at Rekord ng Estudyante . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .16

G. Kinakailangang Kalusugan at Kabutihan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .20

H. Polisiya sa Panunumbalik na Disiplina . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .24

I. Pagdalo (Attendance) .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .25

J. Teknolohiya . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 26

K. Wika at Programa sa Pagtatamo ng Wika . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .28

L. Mga Form at Panuto. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 30
Pangkalahatang Form (kinakailangan) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 30
Form ng Abiso sa Paggamit ng Pestisidyo (opsyonal) . . . . . . . . . . . . . . . . . .31




# A. Malugod na Pagtanggap sa mga Magulang/Tagapa-alaga





Kami ay nakatuon sa pagbibigay sa lahat ng mga mag-aaral ng suporta at mga pagkakataong kinakailangan upang magtagumpay sa paaralan, at maging ganap na handa para sa kolehiyo at karera na kanilang pinili —Superintendente Lamont Jackson



Nasasabik akong tanggapin kayong lahat sa taong panuruan 2022-23. Lahat ng naririto sa San Diego Unified School District ay ikinalulugod ang tiwalang inyong ibinibigay sa amin, at kami ay nakatuon sa pagbibigay sa mga estudyante ng suporta at oportunidad na kanilang kinakailangan upang magtagumpay sa paaran, at maging lubusang handa sa kolehiya at karera sa buhay na kanilang napili.

Ang pagsimula ng taon ng pag-aaral 2022-23 ay may kaakibat na bagong oportunidad sa ating lahat, ito rin ay may kasamang bagong responsibilidad na magpatuloy nang may protokol ng kaligtasang dala ng COVID-19. Ang kaligtasan at seguridad ng aming mga estudyante, kawani, at paaralan ay naas taas ng aming prayoridad.

Pakiusap na basahin itong Impormasyon para sa mga Magulang at itago bilang sanggunian sa buong taon. Mayroon din itong mahahalagang impormasyon sa website ng distrito,sandiegounified.org, ikabilang ang impormasyon tungkol sa paaralan, iba't-ibang programang aming maiaalok, inisyatibo ng komunidad, polisiya at proseso, at ekstensibong sanggunian para sa mga magulang.

Maraming salamat muli sa pagpili sa San Diego Unified para sa edukasyon ng inyong mga anak. Isang karangalan and magserbisyo sa inyo at inyong pamilya.

Lubos na gumagalang,

Lamont Jackson
Superintendente

# B. Karapatan at Responsibilidad ng mga Magulang/Tagapagalaga

## Pakikibahagi ng Pamilya

Ang mga magulang o tagapagalaga at iba pang mga kamag-anak ay hini-hikayat na maging kabahagi sa pormal na edukasyon ng kanilang mga anak. Ayons sa pag-aaral, ang maaga at patuloy na pakikibahagi sa tahanan at paaralan ay nakakatulong sa mga bata maging mahusay na gumanap sa laran-gan ng akademiko, at nagreresulta sa mga paaralan maging matagumpay sa pgtuturo sa lahat ng mga bata.

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang sumali sa proseso ng edukasyon at magkaroon ng access sa sistema sa ngalan ng kanilang mga anak. Ang mga karapatan at responsib-ilidad na ito ay nakabalangkas sa Kodi-go ng Edukasyon ng California Seksyon 51101 bilang mga sumusunod:

- *Pag-obserba sa Silid-aralan:* Ang mga magulang o tagapag-alaga ay may karapatang bisitahin ang klase ng kanilang anak at obserbahan ang mga aktibidad. Makipag-ugnayan sa paaralan nang mas maaga upa-ng maisaayos ang oras at petsa ng pagbisita.
- *Pakikipagpulong sa Guro:* Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang humiling ng pakikipag-pulong sa (mga) guro ng kanilang anak o sa prinsipal. Makipag-ugnayan sa paaralan upang mag-iskedyul ng petsa at oras.
- Pagboboluntaryo*:* Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang magboluntaryo ng kanilang oras at mapagkukunan upang mapabu-ti ang mga pasilidad at programa ng paaralan. Makipag-ugnayan sa paaralan upang malaman ang mga tuntunin at kondisyon ng serbisyong ito.
- *Pagdalo ng Estudyante:* Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang maabisuhan sa napapana-hong paraan kung ang kanilang anak ay lumiban ng klase nang walang pahintulot.

## Pang-estadong Pagsusulit

Ang mga mag-aaral ng California ay kumukuha ng iba't-ibang iniaatas na pang-estadong pagsusulit sa mga antas simula 3-8, 11, at isang pagtatasa sa agham sa hayskul. Ang mga pagsusulit na ito ay nagbibigay sa mga magulang/ tagapag-alaga, guro, at edukador ng impormasyon tungkol sa kung gaano kahusay natututo at nagpakita ng kahu-sayan sa pagtugon sa mga pamantayan sa antas ng baitang. Sa kahilingan, ang mga magulang/tagapag-alaga ay may karapatan sa impormasyon sa antas ng tagumpay ng mag-aaral sa bawat ak-ademikong pagtatasa ng estado.. Ang mga resulta ng pagsusulit ay maaaring gamitin para sa mga layunin ng panana-gutan ng lokal, pang-estado, at pederal na pananagutan ng pamahalaan.

Pagtatasa sa California ng Pagganap at Progreso ng Estudyante (CAASPP):

- *Mas Matalinong Balanseng Pagtata-sa (SBA):* TAng SBA na adaptibong pagtatasa sa kompyuter ay nakahanay sa Mga Pamantayan ng Estado ng California sa Common Core (CCSS). Sining/Literasiya ng wikang Ingles (ELA) at matematika ay pinangangasi-waan sa baitang 3 hanggang 8 at baitang 11 upang malaman kung nasa tamang landas ang mag-aaral patun-gong kolehiyo at karera sa buhay. Sa baitang 11, ang mga resultang mula sa mga pagtatasa sa ELA at matem-atika ay maaaring magamit bilang tagapagpahiwatig ng kahandaan sa kolehiyo.
- *Mga Pagsusulit sa Agham sa Cali-fornia (CAST):* Ang CAST ay sumu-sukat sa pag-aaral ng mag-aaral na alinsunod sa Mga Pamantayan ng ng Agham sa California sa Susunod na Henerasyon. Ito ay pinangangasiwaan sa baitang 5 at 8 at isa pang muli sa hayskul. Ang nakabatay sa kompyuter na CAST ay pumapalit sa CST o Mga Pamantayang Pagsusulit ng California para sa Agham.
- *Mga Alternatibong Pagtatasa sa California (CAA):* Ang nakabatay sa kompyuter na CAA para sa ELA at matematika ay pinangangasiwaan sa mga mag-aaral na may pinaka-malalang kapansanan sa pag-iisip sa baitang 3 hanggang 8, at baitang 11. Ang mga aytem sa pagsusulit ay ka-hanay ng CCSS at nakabatay sa Mga Pangunahing Konektor ng Nilalaman. Ang kasama sa pagtuturo na CAA para sa Agham ay pinangangasiwaan sa baitang 5 at baitang 8, at isang beses sa hayskul.
- *California Spanish Assessment (CSA):* Ang CSA ay sinusuri ang kakayahan sa pagbabasa, paraan ng pagsusulat, at pakikinig gamit ang CCSS ng Espanyol. Ang layunin ng CSA ay sukatin ang kakayahan ng mag-aaral sa wikang Espanyol sa baiting 3 hanggang 8 at sa hayskul para makapagbigay ng datos sa kakayahan sa Spanish at makapag-bigay sa mga mag-aaral sa hayskul ng mas angkop na pagsusulit para sa Selyo sa Biliterasiya ng Estado.

Alinsunod sa Kodigo ng Edukasyon ng California, ang mga magulang/tagapaga-laga ay maaaring magpasa taun-taon sa paaralan ng nakasulat na kahilingan upa-ng iliban ang kanilang anak sa alinman o lahat ng pagtatasa ng CAASPP.

## Pagtatasa sa Kahusayan sa WIkang Ingles para sa California (ELPAC)

Kahanay ng 2012 California English Language Development Standards (Mga Pamantayan sa Pag-unlad sa Wikang Ingles ng California 2012), ang ELPAC ay binubuo ng dalawang hiwalay na pagtatasa sa ELP (Kahusayan sa Wikang Ingles): isa para sa paunang pagkilala sa mga mag-aaral bilang mga mag-aaral ng Ingles at ang isa ay para sa taunang pambuod na pagtatasa upa-ng matukoy ang antas ng kahusayan sa Ingles at upang masukat ang kanilang progreso sa pag-aaral sa Ingles.

## Pagsusulit sa Pisikal na Kalakasan ng Katawan (PFT)

Para sa mga mag-aaral ng California, ang PFT ay ang Fitness-Gram at ibinibigay sa estudyanteng nasa antas lima, pito, at siyam. Ang pangunahing layunin ng pagsusulit ay upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagpapabuti sa pang-habang-buhay na paggawi ng regular na pisikal na aktibidad.

## Pagpipili ng Paaralan

Ang mga magulang o tagapag-alaga ay may karapatang humiling na ang kanilang anak ay ma-enrol sa anumang paaralan sa distrito. Ang distrito ay hindi kinakailangang tuparin ang kahilingang ito kung ang paaralan ng bata ay wala sa kalapitan nito. Upang humiling ng paglipat, makipag-ugnay sa Tanggapan ng mga Opsyon sa mga Paaralan sa Kapitbahayan at Pag-enrol sa 619-260-2410 o bisitahin ang sandiegounified.org/departments/neighborhood_schools_and_enrollment_options

## Ligtas na Kapaligiran ng Paaralan

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatan at nararapat sa kasig-uraduhan ng ligtas at sumusuportang kapaligiran sa pag-aaral ng kanilang anak.

## Impormasyong Patungkol sa Propesyonal na Kwalipikasyon ng Guro, Parapropesyonal, at Katulong

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay may karapatang humiling ng impor-masyon sa propesyonal na kwalipi-kasyon ng mga guro, parapropesyonal at katulong ng kanilang anak. Ito ay kinabibilangan ng kung ang guro ay naabot ang kwalipikason ng estado at grado sa pamantayan ng paglilisensya at naituturong paksa; kahit ang guro ay nagtuturo sa ilalim ng emerhensiyang abiso o iba pang probisyonal na esta-do; mayor sa kolehiyo ng guro; kung ang guro ay may paunang degree at paksa ng mga degree na iyon; at kung ang instruksyonal na katulong o para-propesyonal ay nagbibigay ng serbisyo sa iyong anak at kanilang kwalipi-kasyon. Ang distrito ay aabisuhan ang magulang/ tagapag-alaga kung ang kanilang anak ay nailagay o naturuan ng hindi kwalipikadong guro sa apat o higit pang sunod-sunod na lingo. **BP 4112.2, AR 4222**

## Kurikulum na Materyales

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang siyasatin ang mga ma-teryales ng kurikulum ng klase o mga klase kung saan ang kanilang anak ay naka-enrol.

## Akademikong Progreso ng Estudyante

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang malaman ang pag-unlad sa pag-aaral ng kanilang anak sa paaralan at ang mga taong kokontakin kung kail-angan nila ng higit pang impormasyon o tulong para sa kanilang anak.

## Pananatili

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang maabisuhan sa pinakamaagang maaari sa taon kung ang kanilang anak ay natukoy bilang nanganganib na manatili. May kara-patan silang kumonsulta sa tauhan ng paaralan tungkol sa mga desisyon sa pananatili sa parehong grado, at iapela ang naturang desisyon.

## Mga Rekord ng Estudyante

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay may karapatang i-access ang mga rekord ng kanilang anak at kwestyunin ang anuman sa palagay nila ay hindi tama, nakapanlilinlang o nakapanghi-himasok sa pribasiya. May karapatan sila sa isang napapanahong pagtugon mula sa distrito ng paaralan tungkol sa kanilang mga katanungan.

Ang Batas sa Karapatan sa Edukasyon at Pribasiya ng Pamilya (FERPA) ay nagbibigay sa mga magulang, tagapa-galaga, at mga mag-aaral na mahigit 18 taong gulang ng ilang karapatan tung-kol sa ilang aspeto ng mga rekord ng mag-aaral. Kabilang sa mga karapatang ito ang pagsisiyasat sa mga rekord, karapatang humiling ng pagbabago sa mga rekord ng mag-aaral na pinanini-walaang hindi tama ng magulang o guardian o karapat-dapat na mag-aaral, at karapatang mapahintulutan ang pagsisiwalat ng personal na matutukoy na impormasyong nakapaloob sa mga rekord na pang-edukasyon ng mag-aaral—maliban kung inawtorisahan ng FERPA ang pagsisiwalat nang walang pahintulot.

## Mga Pamantayan

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga pang-ak-ademikong pamantayang inaasahang matugunan ng kanilang anak.

## Mga Patakaran sa Paaralan

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang tumanggap ng naka-sulat na abiso ng mga patakaran ng paaralan, mga patakaran sa pagdalo sa klase, mga alituntunin sa pananamit at mga pamamaraan para sa pagbisita sa paaralan.

## Pansikolohiyang Pagsusulit

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang tumanggap ng impor-masyon tungkol sa lahat ng pansikolo-hiyang pagsusulit na inirerekomenda para sa kanilang anak.

## Imigrasyon at Pagkamamamayan

Lahat ng estudyante ay may karapa-tan sa libreng publikong edukasyon alintama sa estado ng imigrasyon, pagkamamamayan, o relihiyosong paniniwala. Ang distrito ay hindi maglal-abas ng impormasyon ng estudyante sa ikatlong partido para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon, maliban kung ang magulang/tagapag-alaga ay papayag o iniutos ng korte o hudisyal na subpoena.

Kung ang paaralan ay may kamalayan na ang magulang/tagapag-alaga ng estudyante ay hindi pwedeng mag-al-aga sa estudyante, ang paaralan ay maglalabas ng kahit anong panuto sa magulang/tagapag-alaga patungkol sa pag-aalaga sa estudyante sa binigay na emerhinsiyang impormasyon na maaar-ing makontak. **BP/AR 5145.13**

## Mga Anak ng Militar na Pamilya

Ang mga bata sa pamilyang militar ay hindi mailalagay sa kapinsalaan dahil sa kahirapan sa paglipat ng kanilang mga tala mula sa mga nakaraang distrito ng paaralan at/o mga pagkakaiba-iba sa mga kinakailangan sa pasukan o edad. Sa pagpapatala, hihilingin kaagad ng distrito ang mga rekord ng mag-aaral mula sa nakaraang distrito ng mag-aaral at bibigyan sila ng 30 araw mula sa pet-sa ng pagpapatala upang makuha ang lahat ng kinakailangang pagbabakuna.

Kapag ang isang anak ng isang pamily-ang militar ay lilipat sa distrito, ang dis-trito ay magbibigay sa mga magulang/ tagapagalaga ng isang kumpletong hanay ng mga rekord ng mag-aaral o isang hindi opisyal o "nabibitbit" na talaan. Sa kahilingan mula sa bagong distrito, isang kopya ng tala ng mag-aaral ang ibibigay sa bagong distrito sa loob ng 10 araw. **BP/AR 6173.2**

## Mga Konseho at Komite

Ang mga magulang o tagapagalaga, kabilang ang mga taong ang unang wika ay hindi Ingles, ay may karapa-

tang lumahok bilang mga miyembro ng komiteng tagapayo, konseho ng paaralan o pangkat ng pamumuno sa pamamahala sa grupo alinsunod sa naitatag na mga patakaran at regulasyon para sa pagkamiyembro. Ang mga magulang/tagapagalaga ay mayroon ding karapatang dumalo sa hindi bababa sa dalawang pagpupulong kada taon na iniiskedyul ng paaralan upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga isyu at aktibidad sa paaralan.

## Bayarin ng Estudyante

Iniaatas ng Saligang Batas ng California na ang pampublikong edukasyon ay maibigay sa mga mag-aaral nang libre sa bayarin, maliban kung ang singil ay tiyak na inawtorisahan ng batas para sa isang partikular na programa o aktibidad.

**Ang bayarin ng estudyante ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod:**

Sa pagrerehistro para sa paaralan o klase, o bilang kondisyon sa pakikilahok sa klase o dagdag kurikular na aktibidad, hindi alintana kung ito ay elektibo, sapilitan, o para sa kredit, isang seguridad na deposit, o iba pabg bayarin, na nararapat ibigay ng estudyante upang makakuha ng kandado, laker, libro, kagamitan sa klase, instrumentong pang-musikal, damit, at iba pang materyales o kagamitan, pagbili na kinakailangan upang makuha ang mga materyales, panunustos, kagamitan, o damit na nauugnay sa edukasyonal na aktibidad.

Ang reklamo sa bayarin ng estudyante ay maaaring maisampa sa prinsipal o superindente o tinalaga ng paaralan.

Ang reklamo sa estudyante at/o ang reklamong LCAP ay maaaring maisampa nang hindi nagpapakilala, subalit, ang nagreklamo ay dapat na magbigay ng ebidensya o impormasyon na magiging ebidensya upang masuportahan ang reklamo. Ang reklamo sa bayarin ng estudyante ay dapat maisampa nang hindi lalagpas sa isang taon mula sa petsa ng kaganapan ng nasabing paglabag. Ang estudyanteng naka-enrol sa paaralan ng distrito ay hindi kinakailangang magbayad ng bayarin ng estudyante para sa paglahok sa edukasyonal na aktibidad.

## Napagkasunduang Suportado at Kagalang-galang na Samahan

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatan at dapat na mabigyan ng oportunidad na magtrabaho sa isang magkaparehong sumusuporta at magalang na pakikipag-ugnayan sa paaralan upang makatulong sa tagumpay ng kanilang mga anak. Pinagtibay ng Lupon ng Edukasyon ang isang magkasamang nilikhang patakarang nagbabalangkas kung paano maaaring paghatian ng mga magulang, tagapagalaga, kawani at mag-aaral ng paaralan ang responsibilidad para sa pag-unlad sa intelektwal, pisikal, emosyonal, pakikisalamuha at kapakanan ng kanilang mga mag-aaral.

Ang patakarang ito ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa:

- kung paano tutulungan ng mga magulang/tagapagalaga at ng paaralan ang mga mag-aaral na matamo ang pang-akademiko at iba pang pamantayan;
- kung paano magbibigay ng mataas na kalidad na kurikulum at pagtuturo ang paaralan sa isang kapaligirang sumusuporta sa pagtuturo sa lahat ng mag-aaral; at
- Kung ano ang maaaring gawin ng mga magulang o tagapagalaga upang suportahan ang kapaligiran sa pag-aaral ng kanilang anak, kabilang, ngunit hindi limitado sa pagsubaybay sa pagpasok sa klase at pagtapos sa takdang-aralin, paghikayat na sumali sa mga dagdag kurikular na aktibidad, paglahok sa aktibidad sa bahay na sumusuporta ng aktibidad sa silid-aralan, pagboluntaryo sa paaralan, at pagboboluntaryo sa proseso ng paggawa ng desisyon sa paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon at mapagkukunan,bisitahin ang website ng Pakikipag-ugnayan sa Pamilya sa https://sdusdfamilies.org/.

TANDAAN: Ang California Ed Code ay hindi pumapayag na ang paaralan na bigyang kaalaman ang magulang/tagapag-alaga o pinapayagan ang paglahok ng magulang/tagapag-alaga sa edukasyon ng bata kung ito ay makakalabag sa wastong utos ng pagbabawal, utos sa proteksyon, utos sa kustodiya o pagdalaw na inilabas ng korte sa karampatang hurisdiksyon.

## Mga Pagkabahala at Katanungan ng Magulang

Ang (QAO) Tanggapan sa Pagsisiguro ng Kalidad ay itinatag upang masiguro na ang mga katanungan, pag-aalala at pormal na reklamo ng magulang/tagapag-alaga ay pinangangasiwaan sa tamang oras at alinsunod sa mga kaugnay na polisiya at pamamaraan. Ang mga magulang o tagapagalaga ay maaaring makipag-ugnayan sa QAO para sa tulong sa paglutas sa mga reklamong hindi nalutas sa paaralan

Ang alituntunin at proseso ng QAO ay makikita sa www.sandiegounified.org/academics/quality_assurance_office. Para sa karagdagang tulong, tawagan ang QAO sa 619-725-7211 o qualityassurance@sandi.net.

## Serbisyo sa Pagsasalin

Ang mga libreng serbisyo sa interpretasyon ay matatanggap ng mga magulang o guardian sa maraming wika. Mangyaring makipag-ugnay sa paaralan ng inyong anak para sa impormasyon.

## Kurso ng Pag-aaral, TK-12

Ang Kodigo ng Edukasyon ng California ay nag-aatas na "Ang namamahalang lupon ng bawat distrito ng paaralan ay dapat maghanda at dapat panatilihing naka-file para sa pampublikong pagsisiyasat ang mga kurso ng pag-aaral na iniatas para sa mga paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon nito." (Kurso ng Pag-aaral, TK-12) ng San Diego Unified School District ay nagsisilbi bilang nag-iisang mahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa programang pang-edukasyon ng distrito, mga paglalarawan sa kurso at mga inaprubahang materyales sa pagtuturo. Ito rin ay nagbibigay ng impormasyon sa mga pangangailangan ng estado at distrito, pagtatasa sa mag-aaral at higit pa.

Ang Kurso ng Pag-aaral ay makukuha para mapag-aralan sa tanggapan ng Lupon ng Edukasyon at sa website ng distrito sa www.sandiegounified.org/graduation.

Pagtatapos at Pagpaplano Matapos ang Sekondarya: Sa mga baitang 7-12, ang mag-aaral ay sasali sa isang taunang proseso ng pagpili ng kanilang mga kurso para sa susunod na school year. Ipapaalam ng mga counselor ng paaralan sa mga mag-aaral ang mga kailangan sa pagtatapos, mga kurso sa CTE, Teknikal na Edukasyong Pangkarera, mga kailangan para sa pagpasok sa kolehiyo at iba pang mga opsyon pagkatapos ng sekundarya para sa mga mag-aaral alinsunod sa batas ng estado. Upang makapagtapos mula sa hayskul ng San Diego Unified School District, dapat kumpletuhin ng mag-aaral ang "a-g" coursework, karagdagang subject coursework na iniaatas ng estado, minimum na 44 na kredit, at minimum na Weighted Grade Point Average (WGPA, Kabuuang Grado) na 2.00 sa mga baitang 9-12. Para sa mas detalyadong impormasyon sa mga iniaatas ng distrito para makapagtapos, bisitahin ang www.sandiegounified.org/graduation.

Ang distrito ay naghahandog ng programa ng pag-aaral na CCTE, Kolehiyo, Karera at Teknikal na Edukasyong kinapapalooban ng maraming taong pagkakasunud-sunod ng mga kurso na nagbubuklod sa mga core academics na may kaalamang teknikal at pantrabaho upang magbigay sa mga mag-aaral ng daan tungo sa edukasyon at mga karera pagkatapos ng sekundarya. Ang programa ng pag-aaral na CCTE ay maaaring maging sapat para sa mga iniaatas ng UC "a-g," mauwi sa isang kredensyal na kinikilala ng industriya, sertipiko sa antas na pagkatapos ng sekundarya, digring associate, at/o digring baccalaureate. Bisitahin ang https://sites.google.com/sandi.net/ccte/home para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang mabigyan ng impormasyon tungkol sa kagyat at pangmatagalang planong pang-edukasyon at pangkarera ng mag-aaral. Ang impormasyong ito ay maaaring ibigay ng counselor ng paaralan ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral sa lahat ng grado ay hinihikayat na maghangad ng mas mataas na edukasyon. Ang mga counselor ng paaralan ay maaaring tumulong sa mga pamilya sa pag-access ng impormasyon sa kolehiyong kinabibilangan ng:

- sistema ng California State University: www.2calstate.edu
- sistema ng University of California:

https://admission.universityofcalifornia.edu/

- sistema ng San Diego Community College District: www.sdccd.edu
- Tulong Pinansyal: www.studentaid.gov at www.csac.ca.gov/

## Pagpipilian sa mga Hindi Ligtas na Paaralan

Ang mga magulang/tagapagalaga ng mga mag-aaral na pumapasok sa mga paaralan na kilala bilang mapanganib ay aabisuhan tungkol sa pagkakataong lumipat ng paaralan 14 araw bago magsimula ang taon ng pag-aaral. Ang mga magulang/tagapagalaga ng isang mag-aaral na naging biktima ng isang marahas na krimen habang nasa bakuran ng paaralan ay may karapatang magpasa ng paglilipat upang dumalo sa ibang paaralan sa loob ng distrito. Isinasaalang-alang ng distrito ang mga tiyak na pangyayari sa bawat kaso at nakikipag-ugnayan sa mga ahensya ng nagpapatupad ng batas ayon sa naaangkop. Ang kahilingan ay maaaring isumite sa paaralan ng bata o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Mga Neighborhood School at Pagpipilian sa Pag-enrol sa 619-260-2410 o eoption@sandi.net.

## Interdistritong Paglipat (Interdistritong Permit sa Pagdalo)

Ang mga pormal na kasunduan sa pagitan ng San Diego Unified at iba pang mga distrito ng paaralan sa Lalawigan ng San Diego ay nagpapahintulot ng paglipat ng mag-aaral sa pagitan ng mga distrito. Ang AP, Pahintulot sa Pagpasok sa Pagitan ng mga Distrito, ay maaaring maaprubahan paloob o palabas ng distrito para sa mga espesipikong dahilan lamang. Ang impormasyon tungkol sa mga espesipikong dahilan ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Tanggapan ng mga Paaralan sa Kapitbahayan at mga Opsyon sa Pag-enrol sa www.sandiegounified.org/departments/neighborhood_schools_and_enrollment_options or sa pagkontak sa 619-260-2410 o iap@sandi.net.
**BP/AR 5117**

## Alternatibong Abiso ng Paaralan

Ang batas ng estado ng California ay nagpapahintulot sa mga distrito ng paaralan na magkaloob ng mga alternatibong paaralan. Tinukoy ng Ed Code ang "alternatibong paaralan" bilang isang paaralan o hiwalay na grupo ng klase sa loob ng isang paaralan na pinapatakbo sa paraang idinisenyo upang:

- Hustuhin ang oportunidad para sa mga mag-aaral na paunlarin ang mga positibong pagpapahalaga ng pagtitiwala sa sarili, pagkukusa, kabaitan, katapangan ng kalooban, pagiging likas, pagiging maparaan, pagiging malikhain, responsibilidad at kagalakan.
- Kilalanin na ang pinamahusay pag-aaral ay nangyayari kapag ang mag-aaral ay natututo nang dahil sa kanyang kagustuhang matuto.
- Mapanatili ang sitwasyon ng pag-aaral na humuhusto sa motibasyon ng mag-aaral sa sarili at naghihikayat sa mag-aaral sa kanyang sariling panahon na sundin ang kanyang sariling mga interes. Ang mga interes ay maaari niyang mabuo nang ganap at sa sariling paraan o maaaring magresulta sa kabuuan o bilang bahagi mula sa paraan ng pagprisinta ng kanyang mga guro sa mga mapagpipiliang bagay na pag-aaralan. Hustuhin ang oportunidad para sa mga guro, magulang, at mag-aaral upang magtulungan sa pagbuo ng proseso ng pag-aaral at ng paksa. Ang oportunidad na ito ay dapat na maging isang patuloy at permanenteng proseso.
- Hustuhin ang oportunodad sa guro, magulang/tagapag-alaga, at estudyante na kooperatibang mapaunlad ang proseso sa pagkatuto sa asignaturo. Ang oportunidad na ito ay dapat tuloy-tuloy, permanenting proseso.
- Hustuhin ang oportunidad para sa mga mag-aaral, guro, at magulang na patuloy na tumugon sa nagbabagong mundo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa komunidad kung saan matatagpuan ang paaralan.

# C. Polisiya sa Diskriminasyon, Intimidasyon, at Pambubulas

## Abiso sa Hindi Pagdidiskrimina sa Estudyante

BP/AR 5145.3

Ang San Diego Unified School District ay dedikado sa pagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad para sa lahat ng indibidwal sa edukasyon. Ang mga programa at aktibidad ng distrito ay dapat maging malaya sa diskriminasyon, panghaharas, pananakot, at pambubulas na sanhi ng mga sumusunod na napatunayan o pinaghihinalaang katangian: edad, ninuno, kulay ng balat, at kapansanang pisikal o pangkaisipan, etnisidad, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, panghenetikong impormasyon, katayuang pang-imigrasyon, medikal na kondisyon, nasyonalidad, bansang pinagmulan, tunay o pinaghihinalaang kasarian, sekswal na oryantasyon, lahi, relihiyon, o batay sa kaugnayan ng isang tao sa isang tao o grupong may isa o higit pa sa mga tunay o pinaghihinalaang katangiang ito.

Ang mga mag-aaral na lumalabag sa patakarang ito ay maaaring sumailalim sa disiplina na hanggang sa at kabilang ang pagpapatalsik sa paaralan, alinsunod sa patakaran ng distrito, pamamaraang administratibo at batas ng estado. Ang mga polisiyang ito ay aplikado sa lahat ng aktong may kinalaman sa aktibidad ng paaralan o naganap tuwing may pagdalo sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng superintende ng paaralan sa distrito.

Ang mga kawaning lumalabag sa patakarang ito ay dapat na sumailalim sa disiplinang hanggang sa at kabilang ang pagpapaalis sa trabaho. Ang anumang aksyong pandisiplina ay dapat na maging alinsunod sa naaangkop na pederal, pang-estado at/o kolektibong pagbabargain ng mga kasunduan.

## Polisiya laban sa Pambubulas at Intimidasyon

BP/AR 5131.2

Ang pambubulas ay hindi kanais-nais na agresibong pag-uugali na kinakasangkutan ng isang tunay o pinaghihinalaang kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kapangyarihan. Ang pag-uugali ay madalas na paulit-ulit o may potensyal na maulit sa paglipas ng panahon. Kasama sa pambubulas ang mga aksyon tulad ng paggawa ng mga pagbabanta, pagpapakalat ng mga tsismis, pag-atake sa isang tao sa pisikal o pasalita, at pagbubukod ng isang tao sa isang grupo nang sinasadya.

Ang San Diego Unified ay nakatuon sa pagbibigay sa lahat ng estudyante ng ligtas na paligid habang natututo kung saan lahat ay tinatrato nang may respeto, at wala ang pisikal o berbal na napapahamak. Ang pambubulas o intimidasyon sa kahit anong anyo ay pinagbabawalan sa paaralan o kaganapang may kinalaman sa paaralan (kabilang ang labas sa paaralang kaganapan, kaganapang inisponsoran ng paaralan, bus ng paaralan, at kahit anong kaganapang may kinalaman sa negosyo ng paaralan) o sa labas ng oras ng klase nang may intensyon na ganapin sa mga nabanggit sa itaas. Ang distrito ay pinagbabawalan rin ang pag-uudyok, pagtulong, pamimilit, o pagdidirekta sa iba na gumawa ng akto ng pambubulas, cyber na pambubulas, o intimidasyon.

Kabilang sa mga naturang akto ang mga makatwirang maituturing na dala ng isang napatunayan o pinaghihinalaang katangiang kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa lahi, relihiyon, paniniwala, kulay ng balat, katayuan ng pagiging kasal, katayuan ng pagiging magulang, katayuan ng pagiging beterano, kasarian, sekwal na oryentasyon, pagpapahayag ng ayon sa kasarian o pagkakakilanlan, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, kapansanang pangkaisipan o pisikal o anumang iba pang nakapagtatanging katangian.

Ang sinumang miyembro ng kawaning naka-obserba, nakarinig o kaya ay nakasaksi ng mga naturang aksyon o sa taong pinag-ulatan ng aksyon ay dapat na gumawa ng agaran at karampatang aksyon upang matigil ang pag-uugali at upang mapigilan ang pagsasaulit ng pangyayaring ito gaya ng idinetalye sa naaangkop na pang-administratibong pamamaraan/regulasyon.

Ang mga mag-aaral na naka-obserba, nakarinig o kaya ay nakasaksi ng mga naturang aksyon ay dapat na mag-ulat ng mga ito sa miyembro ng kawani. Ang mga magulang o tagapagalaga at mga bisita sa distrito ay hinihikayat ding iulat ang mga pag-uugali sa miyembro ng kawani. Sa bawat paaralan, ang prinsipal o dinestino ng prinsipal ay responsable sa pagtanggap at pangunguna sa pag-imbestiga ng mga reklamo sa nasabing paglabag sa polisiya. Ang kahit anong anyo ng pagganti bilang tugon sa ulat ng nasabing akto ay ipinagbabawal. Ang kompletong impormasyon ay makikita sa: https://sandiegounified.org/about/anti-_bullying/anti_bullying_and_intimidation

## Paano Maghain ng Ulat o Reklamo

Dapat iulat ng mga mag-aaral, magulang o tagapag-alaga ang anumang akto ng pambubulas ng isang mag-aaral, miyembro ng kawani o ikatlong panig sa sinumang responsableng opisyal ng paaralan, gaya ng prinsipal ng paaralan, bise-prinsipal, tagapayo o guro. Ang ulat ay maaari ring ipasa online sa www.sandiegounified.org/anti-bullying-form . TMaaari ring makipag-ugnay sa Quality Assurance Office (QAO) sa anumang oras (619-725-7211) o sa pamamagitan ng email sa qualityassurance@sandi.net.

Kung ang reklamo ay laban sa prinsipal o tagapangasiwa ng paaralan kung saan ang ulat ay karaniwang ipinaaalam, ang mag-aaral, miyembro ng staff o ikatlong panig ay dapat na direktang mag-ulat sa QAO. Ang QAO ay magsasagawa ng agaran, masusi, at walang pinapanigang imbestigasyon sa nireklamo, at susubukang lutasin ang bagay sa hindi pormal na paraan kasama ang nagreklamo.

Ang nakasulat na pagtugon at pagsubaybay ay ipapadala sa prinsipal o QAO kapag nagkaroon na ng konklusyon ang imbestigasyon. Ang reklamo ay maaaring iapela sa loob ng 15 araw mula sa pagtanggap ng nakasulat na pagtugon. Kung napatunayan ng distrito na ang mga patakaran ng distritong nagbabawal sa diskriminasyon, intimidasyon, o pambubulas ay nilabag, ang aksyong pandisiplina na hanggang sa at kinabibilangan ng pagpapatalsik o pagpapaalis ay isasagawa.

Magdidisenyo ng mga aksyong pangremedyo upang mawakasan ang pambubulas at/o pananakot, mapigilan ang pag-ulit ng pangyayari at matugunan ang mga epekto nito sa nabiktimang mag-aaral. Ang follow-up sa mga mag-aaral ay gagawin upang masigurong tumigil na ang panghaharas at hindi magkakaroon ng paghihiganti.

Sa anumang oras sa panahon ng hindi pormal na proseso ng paglutas, ang mga mag-aaral, magulang o tagapagalaga ay maaaring maghain ng isang Pangkalahatang Reklamo laban sa diskriminasyon, panghaharas, intimidasyon, at pambubulas batay sa protektadong kategorya o grupo (kung naaayon). Tingnan ang seksyon sa "Paano Magsampa ng Isang Pangkalahatang Reklamo" para sa karagdagang impormasyon.

## Pagsasalita ng Estudyante

Nakikipag-ugnayan ang San Diego Unified School Distritc sa San Diego County CrimeStoppers sa programang "Pag-sasalita ng mga Estudyante" upang gawing mas ligtas ang mga paaralan at komunidad. Ang "Pagsasalita ng Estudyante" ay nagbibigay ng paraan upang ligtas na makapagsalita ang mga estudyante tungkol sa krimen sa paaralan katulad ng pambubulas, pananakit, at abuso sa droga o alak, nang hindi natatakot sa paghihiganti. Ang pag-uulat ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-580-TIPS (8477), pag-text sa 274637 o online sa http://www.studentsspeakingout.org.

## Paano Magpasa ng Pangkalahatang Reklamo

BP/AR 1312.3

Sa anumang oras sa panahon ng hindi pormal na proseso ng paglutas, ang mga mag-aaral, magulang o tagapagalaga ay maaaring piliin maghain ng isang Pangkalahatang Reklamo (UCP) kasariang pambubulas, diskriminasyon, pang-aabuso, intimidasyon, at/o pambubulas (kabilang ang sekswal na panghaharas); at/o diskriminasyon, panghaharas, pananakot, at/o pambubulas batay sa anumang pinoprotektahang kategorya.

## Pagsasampa ng Reklamo

Maaaring maghain ng reklamo ang isang mag-aaral o magulang/tagapagalaga sa paaralan, sa pamamagitan ng pagkuha ng kopya ng form sa Pangkalahatang Reklamo na makukuha sa Opisina ng Quality Assurance, Opisina ng Paglutas ng Reklamo o sa webpage ng Distrito sa https://sandiegounified.org/uniform-complaint-form .

## Imbestigasyon

Ang superintende o ang kanyang itinalaga ay sisiguraduhin na ang mga reklamong natanggap ay iimbestigahan alinsunod sa mga pang-administratibong pamamaraan ng distrito. Ang sinumang empleyado ng paaralang nakasaksi ng isang diskriminasyon na labag sa batas, kabilang ang diskriminasyon, panghaharas, pananakot, paghihiganti, at/o pambubulas, ay agad na dapat na mamagitan upang mapigilan ang insidente, kapag ligtas na gawin ito.

Lahat ng reklamo ay iimbestigahan, at ang nakasulat na ulat ng desisyon ay ibibigay sa nagreklamo sa loob ng 60 na araw mula sa pagtanggap ng reklamo. Ang panahon ay maaaring mapahaba pa sa pamamagitan ng nakasulat na kasunduan ng nagrereklamo. Ang taong responsable sa pag-iimbestiga ng reklamo ay magsasagawa ng kumpletong imbestigasyon alinsunod sa polisiya at proseso ng UCP sa distrito.

Ang nagreklamo ay may karapatang kwestyunin ang desisyon ng distrito patungkol sa tiyak na mga programa at aktibidad na may ugnayan sa UCP, bayarin ng estudyante, at LCAP sa Kawani ng Edukasyon ng California (CDE) sa pamamagitan ng pagsasampa ng nakasulat na reklamo sa loob ng 15 araw mula sa araw na natanggap ang desisyon ng distrito. Ang apela ay dapat na may kasamang kopya ng orihinal na isinampang reklamo at kopya ng desisyon ng distrito.

Mga kopya ng Proseso sa Pangkalahatang Reklamo ay makukuha nang libre. Ito ay dapat ihain o ipasa kay:

Lynn A. Ryan
Title IX Coordinator at Opisyales ng Pangkalahatang Paglutas sa Reklamo

San Diego Unified School District
4100 Normal Street, Room 2129 San Diego, CA 92103
619-725-7225
lryan@sandi.net

## Taunang Abiso sa Uniform Complaint Procedures (UCP)

Pangunahing tungkulin ng San Diego Unified School District ang pagsunod sa mga pang-estado at pederal na batas at mga regulasyon, kabilang ang mga may kinalaman sa labag sa batas na diskriminasyon, panghaharas, pananakot o pambubulas laban sa alinman sa mga sumusunod na pinoprotektahang grupo: edad, ninuno, kulay ng balat, kapansanang pangkaisipan o pisikal, etnisidad, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, panghenetikong impormasyon, katayuang pang-imigrasyon, katayuan ng pagiging kasal o pagiging magulang, nasyonalidad, bansang pinagmulan, tunay o pinaghihinalaang kasarian, sekswal na oryentasyon, lahi, relihiyon, o ng batayan sa asosasyon ng tao sa isang tao o ng grupo na may isa o higit pa ng mga aktwal o pinaghihinalaang katangian.

Ang mga programa at aktibidad na para sa UCP ay kinabibilangan ng Edukasyon ng Matanda; Edukasyon at Kaligtasan Pagkatapos ng Klase; Karera sa Agrikultura at Edukasyong Pang-teknikal; Karerang Teknikal; Teknikal na Pagsasanay (Estado); Teknikal na Edukasyon (Pederal); Pag-aalaga at Paglaki ng Bata; Edukasyon para sa mga may Kapansanan; Pagtatalaga ng Gawain sa Mag-aaral sa Labas ng Klase; Edukasyon ng mga Mag-aaral na nasa Foster Care, Mga Mag-aaral na Walang Tirahan, Mga Dating Juvenile Court na Mag-aaral, Edukasyong Itinalaga ng Hukuman para sa Kabataan na Naka-enrol na Ngayon sa Distrito ng Paaralan, at mga Mag-aaral na mula sa mga Pamilyang nasa Militar; Batas sa Ikatatagumpay ng Mag-aaral / Walang Mag-aaral na Maiiwan (Mga Titulo I–VII); Mag-aaral na may Pinapasusong Anak – Mga Makatuwirang Akomodasyon; LCAP, Mga Plano sa Panlokal na Kontrol at Pananagutan; Edukasyon ng Migrante; Mga Pagtuturo ng Pisikal na Edukasyon; Mga Mag-aaral na Nagbubuntis at Magulang - Mga Akomodasyon; Mga Singil sa Mag-aaral; Mga Panrehiyong Sentro ng Trabaho; Mga Plano ng Paaralan para sa Tagumpay ng Mag-aaral; Mga Plano ng Kaligtasan sa Paaralan; Mga Konseho sa Paaralan; Preschool ng Estado; Mga Isyung Pangkalusugan at Pangkaligtasan ng Preschool ng Estado sa mga LEA na Nakaliban sa Pagkalisensyado.

*Impormasyon sa Pagkontak:*

Lynn A. Ryan, Opisyales ng Pangkalahatang Paglutas sa Reklamo

San Diego Unified School District
4100 Normal Street, Room 2129
San Diego, CA 92103
619-725-7225
lryan@sandi.net

# D. Sekswal na Pang-aabuso ng Estudyante at Proseso sa Pagrereklamo

**BP/AR 5145.7**

Ang San Diego Unified ay nakatuon sa pagsiguro sa mga paaralan na ito ay malaya mula sa sekswal na pang-aabuso at diskriminasyon. Ang sekswal na pang-aabuso ay isang uri ng diskriminasyon sa kasarian sa ilalim ng Titulo IX ng Mga Pagbabago sa Edukasyon ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1972 at ipinagbabawal ng parehong batas ng pederal at estado. Ipinagbabawal ng distrito ang pang-aabusong sekswal ng mga mag-aaral sa kapwa mag-aaral, empleyado, o ibang tao, sa paaralan o tuwing may mga aktibidad na nai-sponsor ng paaralan o nauugnay sa paaralan. Ang sekswal na pang-aabuso ay tinukoy sa California Ed Kowd bilang hindi ninanais na sekswal na pagkilos; mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor; o pasalita, paningin, o pisikal na pag-uugali dahil sa pagiging likas na sekswal, na ginawa ng isang tao mula o sa pang-edukasyon na lugar. Ang batas na pederal ay tinutukoy ang pang-aabusong sekswal na kinabibilangan ng (1) isang empleyado ng distrito na nagkukundisyon sa pagbabago sa tulong ng distrito, benepisyo, o serbisyo sa pakikilahok ng isang indibidwal ng may hindi kanais-nais na pag-uugaling sekswal; (2) napakalubha, malaganap, at hindi kanais-nais na pag-uugaling tinutukoy ng isang makatwirang tao na kahit na epektibo nitong tinanggihan ang isang tao, pantay na pag-access sa programa o aktibidad ng edukasyon ng distrito; o (3) pang-aabusong sekswal, karahasan sa pakikipag-date, karahasan sa tahanan, o pag-stalking.

Anumang ipinagbabawal na pag-uugali na nagaganap sa paaralan o labas sa mga programa o aktibidad na naiugnay sa paaralan o itinuturo ng paaralan ay ituturing na pang-aabusong sekswal na lumalabag sa patakaran ng distrito kung mayroon itong nagpapatuloy na epekto o lumilikha ng isang peligro sa kapaligiran ng paaralan ng nagrereklamo o biktima ng nasabing pag-uugali.

## Tagapag-ugnay ng Titulo IX

Itinalaga ng distrito ang sumusunod na indibidwal bilang responsableng empleyadong makikipag-ugnayan at magsusumikap na sumunod sa Titulo IX ng Education Amendments ng 1972 at California Education Code, pati na rin upang masiyasat at malutas ang mga reklamo sa sekswal na pang-aabuso sa ilalim ng Unipormeng Mga Pamamaraan ng Reklamo:

Lynn A. Ryan

Titulo IX and Opisyales sa Pagtugon sa Reklamo
4100 Normal Street, Room 2129
San Diego, CA 92103
(619) 725-7225
lryan@sandi.net

## Pag-uulat ng Reklamo

Ang isang mag-aaral o magulang / tagapag-alaga na naniniwala na ang isang mag-aaral ay nakaranas ng pang-aabusong sekswal ng isa pang mag-aaral, empleyado, o ikatlong partido; o na nakasaksi sa pang-aabusong sekswal ay inaanyayahan na iulat ang insidente sa isang guro, punong-guro, Taga-ugnay ng Titulo IX ng distrito, o sinomang empleyado. Sa loob ng isang araw ng pagaaral mula ng natanggap ang naturang ulat, ipapasa ng punong-guro o ibang empleyado ang ulat sa Taga-ugnay ng Titulo IX ng distrito. Ang sinomang empleyado ng paaralan na nakasaksi sa isang insidente ng sekswal na pang-aabuso na kinasasangkutan ng isang mag-aaral, sa loob ng isang araw ng pag-aaral, ay iuulat ang nasaksihan sa punong-guro o Taga-ugnay ng Titulo IX, hindi alintana kung ang sinasabing biktima ay nagsampa ng isang pormal na reklamo.

Kapag ang isang ulat o reklamong pang-aabusong sekswal ay nagsasangkot ng kaganapan sa labas ng paaralan, susuriin ng Taga-ugnay ng Titulo IX kung ang kaganapan ay maaaring makagawa o magbigay ng kontribusyon sa pagkabuo ng peligro sa kapaligiran ng paaralan. Kung ang Taga-ugnay ng Titulo IX ay nagpasiya na isang deliakdong kapaligiran ang maaari nitong likhain, ang reklamo ay iimbestigahan at malulutas sa parehong paraan tulad ng kung ang ipinagbabawal na pag-uugali ay naganap sa paaralan.

Pag-uugali o pagkilos dahil sa paghihiganti laban sa sinomang taong nag-uulat, nag-sampa ng isang reklamo, o nagpatotoo tungkol sa, o kung hindi man ay sumusuporta sa isang nagrereklamo sa paratang ng pang-aabusong sekswal, ay ipinagbabawal.

## Pandisiplinang Kilos

Ang sinumang mag-aaral na nakikibahagi sa sekswal na pang-aabuso o karahasang sekswal sa paaralan o sa isang aktibidad na sponsor ng paaralan o may kaugnayan sa paaralan ay sasailalim sa pandisiplinang kilos. Para sa mga mag-aaral sa baitang 4-12, ang aksyon sa pagdidisiplina ay maaaring may kasamang suspensyon at / o pagpapatalsik.

Ang sinumang miyembro ng kawani na natagpuan na sangkot sa sekswal na pang-aabuso o karahasan sa sekswal sa alinmang mag-aaral ay sasailalim sa disiplina hanggang at kasama ang pagpapaalis alinsunod sa naaangkop na mga patakaran, batas, at / o mga nasama-samang pinagkasunduang usapan.

## Pag-iingat ng Rekord

Ang distrito ay magpapanatili ng isang tala ng lahat ng naiulat na mga kaso ng pang-aabusong sekswal upang hikayatin ng distrito na subaybayan, tugunan, at maiwasan ang paulit-ulit na pag-uugali ng pang-aabuso sa mga paaralang distrito.

## Titulo IX Proseso sa Pagrereklamong Sekswal na Pang-aabuso

Sa pagtanggap ng isang ulat ng pang-aabusong sekswal, aabisuhan ng Tagapag-ugnay ng Titulo IX ang nagrereklamo ng proseso para sa pagsampa ng isang pormal na reklamo. Kung pipiliin ng sinasabing biktima na huwag magsampa ng isang pormal na reklamo, ang Tagapag-ugnay ng Titulo IX ay maghahain pa rin ng pormal na reklamo sa mga sitwasyong mayroong isang banta sa kaligtasan. Bilang karagdagan, ang Tagapag-ugnay ng Titulo IX ay maaaring magsampa ng isang pormal na reklamo sa iba pang mga sitwasyon tulad ng pinahihintulutan sa ilalim ng mga regulasyon ng Titulo IX. Sa mga ganitong kaso, ang sinasabing biktima ay hindi ikabilang sa sang partido ng kaso ngunit tatanggap ng mga abiso.

**AR 5145.71**

## Panukalang Sumusuporta

Kahit na ang isang pormal na reklamo ay hindi naihain, ang Tagapag-ugnay ng Titulo IX o ang nakatalaga ay kaagad na makikipag-ugnayan sa nagrereklamo upang talakayin ang pagkakaroon ng mga sumusuportang hakbang na hindi disiplinaryo, hindi maparusahan, at hindi makatuwirang pasanin ang kabilang partido. Ang mga nasabing hakbang ay maaaring kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, pagpapayo, mga pagsasaayos na nauugnay sa kurso, pagbabago ng iskedyul ng klase, paghihigpit sa isa't-isa sa pakikipag-ugnayan, pagtaas ng seguridad, at pagsubaybay sa ilang mga lugar ng paaralan. Isasaalang-alang ng Taga-ugnay ng Titulo IX ang mga kahilingan ng nagrereklamo patungkol sa mga sumusuportang hakbang.

Emerhensiya Pagpapaalis sa Paaralan: Sa isang batayang pang-emerhensiya, maaaring alisin ng distrito ang isang mag-aaral mula sa programa o aktibidad mula sa edukasyon ng distrito, sa kondisyon na magsagawa ang distrito ng isang isinapersonal na pagsusuri sa kaligtasan at peligro; tinutukoy na ang pagtanggal ay nabibigyang katwiran dahil sa isang agarang banta sa pisikal na kalusugan o kaligtasan ng sinumang mag-aaral o ibang indibidwal na nagsasampa ng mga paratang; at binibigyan ang mag-aaral ng paunawa at isang pagkakataon na agarang hamunin ang desisyon pagkatapos ng pagtanggal.

Ang awtoridad na ito na tanggalin ang isang mag-aaral ay hindi nagbabago batay sa mga karapatan ng isang mag-aaral sa ilalim ng Edukasyon sa may Kapansanang Indibidwal Act o Seksyon 504 ng Rehabilitasyon Act of 1973.

Kung ang isang empleyado ng distrito ang taga-tugon din, siya ay maaaring mailagay sa administrative leave habang pormal na prinoproseso ang reklamo.

## Pagtanggal ng Reklamo

Aalisin ng Taga-ugnay ng Titulo IX ang isang pormal na reklamo kung ang pinaghinihinalang pag-uugali ay hindi napatunayang bilang sekswal na pang-aabuso tulad ng tinukoy sa mga pederal na regulasyon. Aalisin din ng Taga-ugnay ng Titulo IX ang anumang reklamo kung saan ang hinihinalang pag-uugali ay hindi naganap sa programa o aktibidad sa edukasyon ng distrito o hindi nangyari laban sa isang tao sa Estados Unidos.

Ang Taga-ugnay ng Titulo IX ay maaaring tumanggi sa ang isang pormal na reklamo kung aabisuhan ng nagrereklamo ang distrito sa sulat na nais ng nagrereklamo na bawiin ang reklamo o anumang mga paratang sa reklamo; ang tumutugon ay hindi na nakatala o nagtatrabaho sa distrito; o sapat na pangyayari na pumipigil sa distrito mula sa pangangalap ng katibayan na sapat upang maabot ang pagpapasiya patungkol sa reklamo

Matapos tanggalin, ang Tagapag-ugnay ng Titulo IX ay kaagad na magpapadala ng abisong nakasulot tungkol sa pagtanggal at ang mga dahilan para sa pagpapatanggal nang sabay-sabay sa mga partido at ipaalam sa kanila ang kanilang karapatang mag-apela sa pagtanggal ng isang pormal na reklamo o anumang paratang sa reklamo alinsunod sa mga pamamaraan sa pag-apela na inilarawan sa seksyong “Mga Apela” sa ibaba.

Kung ang reklamo ay natanggal, ang pag-uugali ay maaari pa ring solusyonan sa pamamagitan ng Pangkalahatang Proseso sa Pagrereklamo.

## Proseso sa Impormal na Resolusyon

Kapag ang isang pormal na reklamo ng pang-aabusong sekswal ay naihain, ang distrito ay maaaring mag-alok ng isang impormal na proseso ng paglutas, tulad ng pamamagitan, sa anumang oras bago maabot ang pagpapasiya tungkol sa responsibilidad. Ang distrito ay hindi mangangailangan ng isang partido na lumahok sa impormal na proseso ng paglulutas o talikdan ang karapatan sa isang pagsisiyasat at paghusga sa isang pormal na reklamo.

Ang distrito ay maaaring magsagawa ng impormal na proseso sa resolusyong ibinigay ng distrito:

- Nagbibigay sa mga partido ng nakasulat na paunawa na isiniwalat ang mga paratang, ang mga kinakailangan sa impormal na proseso sa paglutas, ang karapatang umalis mula sa impormal na proseso at ipagpatuloy ang pormal na proseso ng reklamo, at anumang mga kahihinatnan na nagreresulta mula sa paglahok sa proseso ng impormal na resolusyon, kasama ang mga tala ay mananatili o maibabahagi.
- Pagkuha ng kusang-loob, nakasulat na pagpayag mula sa mga partido upang lumahok sa proseso ng impormal na paglutas.
- Hindi nag-aalok o nagpapadali ng isang impormal na proseso ng paglutas upang malutas ang mga paratang habang ginigipit ng isang empleyado ang isang mag-aaral.

Nakasulat na Paalala: Kung ang pormal na reklamo ay naisampa, ang Taga-ugnay ng Titulo IX ay magbibigay sa kilalang partido ng abiso sa:

- Proseso ng reklamo ng distrito, kabilang ang proseso ng impormal na resolusyon.
- Paratang na potensyal na pagsasagawa ng sekswal na pang-aabuso na may mga detalye kagaya ng oras, ang pagkakakilanlan ng mga partido, kung kilala, na kasangkot sa insidente; ang pag-uugali na sinasabing bumubuo sa sekswal na pang-aabuso; at ang petsa at lokasyon, kung alam, ng sinasabing insidente.
- Kung ang mga bagong paratang sa Titulo IX na hindi kasama sa paunang paunawa ngunit dumating sa panahon ng pagsisiyasat, aabisuhan ng Tagapag-ugnay ng Titulo IX sa mga partido ang karagdagang mga paratang.
- Isang pahayag na ang sumasagot ay ipinapalagay na hindi responsable para sa hinihinalang pag-uugali at ang isang pagpapasiya hinggil sa responsibilidad ay ginawa sa pagtatapos ng proseso ng reklamo

• Pagkakataon para sa mga partido na magkaroon ng isang tagapayo na kanilang pipiliin na maaaring isang abogado at may kakayahang siyasatin at suriin ang mga ebidensya.

• Pagbabawal laban sa pagkakaalam ng gumawa ng maling pahayag o alam na pagpasa ng maling impormasyon sa panahon ng proseso ng reklamo.

• Pangalan ng imbestigador, tagapamagitan ng isang impormal na proseso, at tagagawa. Kung sa anumang oras ang isang partido ay may mga alalahanin tungkol sa hindi pagkakasundo ng interes o bias tungkol sa alinman sa mga taong ito, dapat na agad na ipagbigay-alam ng partido sa Taga-ugnay ng Titulo IX.

### Proseso sa Pag-iimbestiga

Habang may proseso sa pag-iimbestiga, ang itinalagang imbestigador ng distriro ay:

1. Magbigay ng pantay na pagkakataon sa mga partido na magpresenta ng mga saksi, kasama na ang katotohanan at dalubhasang mga saksi, at iba pang katibayan na hindi isinasama at exculpatory.
2. Hindi paghigpitan ang kakayahan ng alinmang partido na talakayin ang mga paratang sa ilalim ng pagsisiyasat o upang magtipon at magpakita ng may-katuturang ebidensya.
3. Bigyan ang mga partido ng parehong mga pagkakataon na magkaroon ng ibang presenta sa panahon ng anumang paglilitis sa hinaing.
4. Hindi nililimitahan ang pagpili o pagkakaroon ng isang tagapayo para sa alinman sa nagrereklamo o tumutugon sa anumang nagpapatuloy na hinaing
5. Magbigay ng isang napapanahong nakasulat na abiso sa isang partido na ang paglahok ay inanyayahan o inaasahan na may kasamang petsa, oras, lokasyon, mga kalahok, at layunin ng lahat ng mga pakikipanayam sa pagsisiyasat o iba pang mga pagpupulong.
6. Ibigay ang ebidensyang nakuha bilang bahagi ng pagsisiyasat na nauugnay sa mga paratang na itinaas sa reklamo sa parehong partido at kanilang tagapayo. Ang mga partido ay magkakaroon ng hindi bababa sa 10 araw upang magsumite ng isang nakasulat na tugon sa imbestigador upang isaalang-alang bago ang pagkumpleto ng ulat ng pagsisiyasat.
7. Layuning suriin ang lahat ng nauugnay na katibayan, kasama ang kapwa inculpatory at exculpatory na ebidensya, at matukoy ang kredibilidad sa paraang hindi batay sa katayuan ng isang tao bilang isang nagrereklamo, tumutugon, o saksi.
8. Lumikha ng isang ulat na nag-iimbestiga na nagbubuod ng nauugnay na katibayan at ipinadala sa mga partido at kanilang tagapayo kahit 10 araw bago ang pagpapasiya ng responsibilidad.

Ang mga karapatan sa pagkapribado ng lahat ng mga partido sa reklamo ay mapanatili alinsunod sa naaangkop na mga batas ng estado at pederal.

Kung ang reklamo ay laban sa isang empleyado, ang mga karapatang ipinagkaloob sa ilalim ng isang naaangkop na kasunduan sa sama-samang kasunduan ay ilalapat hangga't hindi sila sumasalungat sa mga kinakailangang sa Titulo IX.

### Nakasulat na Desisyon

Ang superintendente o itinalaga ay magtatalaga ng isang tagagawa, isang empleyado na hindi ang Taga-ugnay ng Titulo IX o taong kasangkot sa pagsisiyasat. Matapos maipadala ang ulat ng pagsisiyasat sa mga partido ngunit bago makamit ang pagpapasiya tungkol sa responsibilidad, bibigyan ng tagagawa ng desisyon ang bawat partido na magsumite ng pagsusulat ng mga nauugnay na katanungan na tatanungin ng anumang partido o saksi, bibigyan ang bawat partido ng mga sagot, at payagan para sa karagdagang mga kasunod na katanungan.

Ang tagagawa ng desisyon ay magbibigay sa mga partido nang sabay-sabay sa isang nakasulat na desisyon sa loob ng 60 araw mula sa reklamo kung responsable ang tumutugon para sa hinihinalang pag-uugali. Maaaring mapalawak ang timeline para sa mabuting dahilan na may nakasulat na abiso sa nagrereklamo at tumutugon ng pagpapalawak at mga dahilan para sa aksyon.

Sa pagpapasiya na ito, gagamitin ng gumagawa ng desisyon ang pamantayang "pangingibabaw ng ebidensya" para sa lahat ng pormal na mga reklamo ng panliligalig sa sekswal. Ang parehong pamantayan ng katibayan ay gagamitin para sa pormal na mga reklamo laban sa mga mag-aaral at empleyado.

Ang mga nakasulat na desisyon ay kabibilangan ng:

• Pagkilala sa mga paratang na potensyal na paggawa ng sekswal na pang-aabuso

• Isang detalyadong paglalarawan ng mga hakbang sa pamaraan na isinagawa, kabilang ang mga abiso sa mga partido, panayam sa mga partido at saksi, pagbisita sa site, mga pamamaraan na ginamit upang makalikom ng iba pang katibayan, at mga pagdinig na gaganapin bilang bahagi ng proseso ng hinaing.

• Paghanap ng mga katotohanan na sumusuporta sa pagpapasiya

• Mga konklusyon hinggil sa paglalapat ng kodigo ng pag-uugali o mga patakaran ng distrito sa mga katotohanan

• Isang pahayag at katwiran para sa bawat paratang, kasama ang isang desisyon hinggil sa responsibilidad, anumang parusa sa disiplina na ipinataw ng distrito sa sumasagot, at kung ang mga remedyong dinisenyo upang maibalik o mapanatili ang pantay na pag-access sa programang pang-edukasyon o aktibidad ng distrito ay ibibigay ng distrito sa nagrereklamo

• Mga pamamaraan ng distrito at pinapayagan na mga base para sa nagrereklamo at tumutugon upang mag-apela

### Mga Apela

Ang alinmang partido ay maaaring mag-apela sa desisyon ng distrito sa pagtanggal ng isang pormal na reklamo o anumang paratang kung naniniwala ang partido na ang isang iregularidad sa pamamaraan ay nakakaapekto sa kinalalabasan, magagamit ang bagong katibayan na maaaring makaapekto sa kinalalabasan, o salungatan ng interes o bias ng Taga-ugnay ng Titulo IX, ang (mga) imbestigador, o (mga) gumagawa ng desisyon ay nakaapekto sa kinalabasan.

Kung ang apela ay isinampa, ang distrito ay dapat na:

• Abisuhan ang iba pang partido sa pagsulat ng isang apelang naihain at magpapatupad ng pantay na pamamaraan para sa parehong partido

• Tiyaking ang (mga) gumagawa ng desisyon para sa apela ay sinanay at hindi pareho sa mga tagagawa ng desisyon na nakamit ang pagpapasiya tungkol sa responsibilidad o pagpapatanggal, ang (mga) imbestigador, o ang Taga-ugnay ng Titulo IX

• Bigyan ang parehong partido ng isang makatuwiran, pantay na pagkakataon na magpasa ng isang nakasulat na pahayag bilang suporta sa o hamon sa kinalabasan

• Mag-isyu ng isang nakasulat na desisyon na naglalarawan sa resulta ng apela at ang pangangatuwiran para sa resulta

• Ibigay nang sabay-sabay ang nakasulat na desisyon sa parehong partido

Ang isang apela ay dapat na isampa sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng 10 araw matapos matanggap ang abiso ng desisyon o pagpapatanggal, na nagsasaad ng mga batayan para sa apela, at kasama ang anumang may kaugnayang dokumentasyon na sumusuporta sa apela. Ang mga apela na naisumite pagkatapos ng deadline na ito ay hindi isasaalang-alang.

Ang isang nakasulat na desisyon ay dapat ibigay sa mga partido sa loob ng 20 araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng apela. Ang desisyon ng distrito ay maaaring apela sa Kagawaran ng Edukasyon ng California sa loob ng 30 araw mula sa nakasulat na desisyon.

Bilang karagdagan, ang alinmang partido ay may karapatang maghain ng isang reklamo sa Opisina ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Mga Karapatang Sibil sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pinakahuling pag-abiso sa maling gawi. Mapayuhan ang nagrereklamo ng anumang mga remedyo sa batas sibil, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga utos, pinipigilan ang mga order, o iba pang mga remedyo o utos na maaaring magamit sa ilalim ng mga batas ng estado o pederal na antidiskriminasyon, kung naaangkop.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang https://sandiegounified.org/about/policies_procedures/sexual_harassment.

## E. Sa Paaralan

Ang bawat prinsipal ng paaralan ay nagtatatag ng mga patakaran at regulasyon ng paaralang kumukumporme sa patakaran ng pagdidisiplina ng distrito upang masigurong ang kapaligiran ng paaralan ay malaya sa pagkagambala at kaguluhan. Tingnann ang Seksyon H para sa impormasyon sa Polisiya sa Panunumbalik ng Disiplina.

Ang mga mag-aaral ay kinakailangang kumumporme sa mga regulasyon ng paaralan, sumunod sa lahat ng tagubilin, maging masikap sa pag-aaral, igalang ang mga guro at iba pang may awtoridad at tumigil sa paggamit ng lumalapastangan at bulgar na wika. Ang mga mag-aaral ay may pananagutan sa kanilang pag-uugali sa kanilang pagpunta at pag-alis ng paaralan, sa mga palaruan, mga kampus ng paaralan, sa panahon ng recess at mga aktibidad na inisponsor ng paaralan.

Ang paaralan ay inaawtorisahan pagtibayin ang alituntunin sa pananamit na nagbabawal sa pagsusuot ng "pananamit na may kaugnayan sa gang," at/o nag-aatas sa mga mag-aaral na magsuot ng pambuong-paaralang uniporme.

Dapat na suriing muli ng magulang/tagapag-alaga ang patakaran sa pagdidisiplina at mga patakaran at regulasyon ng paaralan kasama ang kanilang anak. Dapat makipagtulungan ng mga magulang o guardian sa mga opisyal ng paaralan sa pagpapatupad ng aksyong pandisiplina kung ang mga ito ay nag-ing kailangan.

### Pagkain sa Paaralan

Ang lahat ng mga estudyante sa loob ng San Diego Unified ay bibigyan ng mga libreng pagkain sa paaralan para sa taong aralan 2022-23. LAHAT ng estudyante ay makakakain nang walang bayad anuman ang kita at antas, kailangang kumpletuhin ng mga pamilya ang Aplikasyon sa Libre at Pinababang Presyo ng Pagkain o LCFF form, na nakadepende sa pagdalo sa paaralan. Ang kakayahang tumanggap ng mga pagkain sa paaralan ay hindi tinutukoy ng impormasyon sa Aolikasyon sa Libre at Pinababang Presyo ng Pagkain o LCFF form, LAHAT ng mga pamilya ay dapat makumpleto at maibalik ang form na ito. Ang mga listahan ng form na kailangan ayon sa site ng paaralan ay matatagpuan sa sand iegounified.org/departments/food_at-nutrisyon_serbisyo.

Bilang karagdagan, ang mga numero ng PIN ay kakailanganin sa ilang mga site ng paaralan na maymaramihang punto ng serbisyo, pangunahin, gitna at mataas na paaralan. Bawat mag-aaral sa mga paaralang ito ay bibigyan ng PIN number sa simula ng taon ng paaralan.

Ang lahat ng mga pagkain sa paaralan ay maingat na binalak upang magbigay ng balanseng nutrisyon para sa mga estudyante. Naghahain ang distrito ng malusog na protina kabilang ang ilang mga vegetarian at batay sa halaman na sangkap, lahat ng butil ay hindi bababa sa 50% buong-butil, limitado ang sodium at asukal, kasama sa mga pagkakaiba-iba ng gatas ang 1% o mga pagpipilian na walang-taba, mga sariwang prutas at gulay sa bawat pagkain

Ang detalyadong impormasyon sa menu, lokasyon sa pagbabahagi ng pagkain at iba pa ay matatagpuan sa www.sandiegounified.org/departments/food_and_nutrition_services.

### PowerSchool

Ang PoweSchool na Portal ay nagbibigay sa magulang/tagapagalaga at studyante ng ligtas na pag-access sa internet sa malawakang sakop ng mahahalagang datos kagaya ng: abiso sa paaralan; pagdalo ng mag-aaral; iskedyul ng mag-aaral; takdang-aralin sa klase at mga marka; ulat marka ng card/ulat sa pag-unlad at mga komento ng guro; mga link sa email sa mga guro; at ang opsyong mag-subscribe sa email notipikasyon ng mga takdang-aralin sa klase, mga marka, mga grado, atbp. Makikita ang impormasyon sa website ng paaralan sa www.sandi.net/itd/powerschoolportal.

### Planong Pangkaligtasan ng Paaralan

Ang lahat ng paaralan ng distrito ay bumuo ng isang komprehensibong planong pangkaligtasan ng paaralan na tumutugon sa mga iniaatas ng estado gaya ng nakasaad sa Kodigo Ed ng California Kabilang sa planong pangkaligtasan ang mga pamamaraan sa sakuna, mga pamamaraan sa ligtas na pagpasok at paglabas ng mga mag-aaral, mga pamamaraan sa mga seryosong problema sa disiplina, patakaran sa sekswal na panghaharas, mga pamamaraan sa pag-uulat ng pang-aabuso ng kabataan, mga tuntunin sa pananamit sa paaralan at mga patakarang pandisiplina ng paaralan. Ang impormasyon tungkol sa planong pangkaligtasan ng paaralan ay makikita sa paaralan o sa website ng paaralan.

### Kapulisan sa Paaralan

Ang Departamento ng Kapulisan sa San Diego Unified ay buong-akreditong ahensiya ng kapulisang nagpapatrabaho ng buong-ras na nangakong mga opisyal ng kapulisan at iba pang sumusuportang kawani. Ang pangunahing gampanin nito ay mapanatili ang kaayusan at seguridad ng paaralan at mga kalapit na pasilidad nito.

Ang pagpigil at interbensyon sa krimen ay nananatiling nasa sentro ng lahat ng mga operasyon ng Pulisng Paaralan. Ang ating mithiin ay bigyang-edukasyon at gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang mga taon ng paglaki, gamit ang mga kasanayan sa pagpapanumbalik upang malutas ang salungatan at magturo ng mga positibong leksyon sa buhay sa ating mga kabataan. Ang mga opisyal ay gumugugol ng maraming oras sa mga presentasyon sa ating mga mag-aaral na iba't ibang paksa, mula paggamit ng droga hanggang cyber safety. Ang pagtulong sa mga paaralan sa taunang pagrepaso at pagkumpleto ng Komprehensibong Plano sa Ligtas na Paaralan.

Para sa emerhensiya at mahalagang pangangailangan, ang Kapulisan sa Paaralan ay makokontak 24 oras sa 619-291-7678. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang https://sandiegounified.org/departments/police_services

### Mga Lockdown at Responde sa Krisis

Sa hindi kadalasang okasyon, ang paaralan ay maaaring sumailalim sa "lockdown" upang protektahan ang mga estudyante, kawani, at bisita sa loob ng paaralan mula sa emerhensiya, na kadalasang nagaganap sa labas ng paaralan ngunit kalapit lamang (kagaya ng pagtagas ng gas, marahas na insidente, banta ng bomba, at kalapit na paghahabol ng pulis).

Ang departamento ng kapulisan ng paaralan ng distritong sertipikado ng estado ay rumiresponde sa bawat lockdown ng paaralan. Tinitimbang ng Pulis ng Paaralan ang sitwasyon at nakikipag-ugnayan sa staff ng paaralan upang tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral at kawani Ang ibang ahensyang nagpapatupad ng batas ay maaari ring masangkot. Aabisuhan ng kawani ng paaralan ang mga magulang tungkol sa lockdown nang agad-agad gaya ng pinahihintulutan ng sitwasyon. Ang notipikasyon ay maaaring matanggap sa pamamagitan ng phone, email, at/o social media ng distrito.

Kapag nangyari ang isang lockdown, hihilingin sa mga mag-aaral na manatiling kalmado habang pinangangasiwaan ng paaralan at mga lokal na awtoridad ang sitwasyon. Dapat iwasan ng mga magulang ang pagpunta sa kampus hanggang sa maabisuhan ng paaralang gawin ito. Hindi maaaring sunduin ng mga magulang ang kanilang anak sa panahon ng lockdown o pumunta sa kampus. Kung mukhang magtatagal ang lockdown sa isang pinalawig na panahon, o lumampas ng oras ng pagpapauwi sa mga mag-aaral, aabisuhan ng kawani ng paaralan ang mga magulang sa pamamagitan ng kontinhensiyang plano.

Kung may nakikita kayong kahina-hinalang aktibidad sa o sa palibot ng mga lugar ng paaralan o distrito, makipag-ugnay sa Departamento ng Nagkakaisang Pulisya ng San Diego Unified sa 619-291-7678 (24 na oras).

### Mga Aktibidad, Club, Programa at Atletismo ng Estudyante

Ang pagpapamiyembro sa mga club ng estudyante ay bukas para sa lahat ng estudyante hindi alintana sa kanilang aktwal o pinaghihinalaang ninuno, kulay, kapansanan, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, ekspresyon ng kasarian, estado ng imigrasyon, relihiyon, sekswalidad, oryentasyon ng sekswalidad, o asosasyon sa isang tao o grupo na may isa o higit pang aktwal o pinaghihinalaang katangian.

Ang estudyante ay maaaring lumahok sa magkakahiwalay-batay-sa-sekswalidad na programa at aktibidad ng paaralan, katulad ng grupo sa atletismo at patimpalak, at gumamit ng pasilidad naalinsunod sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian, hindi alintana sa kanyang kasariang nakalista sa kanyang rekord.

### Edukasyon sa Pagpigil sa Pagkitil ng Buhay

Ang San Diego Unified ay nakatuon sa pagsuporta sa mga paaralan, mag-aaral, at pamilya na may mga mapagkukunan at tagubilin upang tugunan ang pag-iwas sa pagpapakamatay. Ang edukasyon sa pag-iwas sa pagpapakamatay ng distrito ay idinisenyo upang matulungan ang mga mag-aaral: 1) Kilalanin at pag-aralan ang mga palatandaan ng depresyon at ugaling makasisira sa sarili at maunawaan kung paano ang pakiramdam ng depresyon, pagkawala, pagsasarili, kakulangan, at pagkabalisa ay maaaring humantong sa mga saloobin ng pagpapakamatay, 2) Kilalanin ang mga alternatibo sa pagpapakamatay at pagbuo ng mga kasanayan sa pagkaya at katatagan, 3) Matutong makinig, maging matapat, magbahagi ng damdamin, at kumuha ng tulong kapag nakikipag-usap sa mga kaibigan na nagpapakita ng mga palatandaan ng paghahangad ng pagpapakamatay, 4) Kilalanin ang mga pinagkakatiwalaang matatanda, mapagkukunan ng paaralan, at / o mga pinagmulan ng interbensyon sa krisis sa pamayanan kung saan ang mga kabataan ay maaaring makakuha ng tulong at makilala nang walang stigma na nauugnay sa pagnanais ng kalusugan ng isip, pag-abuso sa droga, at / o mga serbisyo sa pag-iwas sa pagpapakamatay.

Ang distrito ay nagbibigay sa mga magulang / tagapag-alaga ng edukasyon at impormasyon na naglalarawan sa mga kadahilanang mapeligro at babala ng mga pagpapakamatay, kurikulum sa pag-iwas sa pagpapakamatay, at mga pangunahing hakbang para sa pagtulong sa mga kabataan na nagpapakamatay kasama ang mga pangkat na may panganib katulad ng kabataang naiwang ng nagpakamatay; kabataang



## TALAHANAYAN 2: PAGLABAS NG IMPORMASYON NG ESTUDYANTE

| **Mga Indibidwal at Organisasyong Awtorisadong Tumanggap ng Impormasyon ng Estudyante** *(Maliban king pinagbawalan ng magulang/ tagapagalaga)* | **Impormasyon ng Mag-aaral** (Anyong Direktoryo) |
|---|---|
| • Nakalimbag na Medya | 1. Pangalan |
| • Telebisyon | 2. Addresss |
| • Radyo | 3. Numero ng Telepono |
| • Ibang organisasyon pang-balita<br>• Unibersidad, kolehiyo, kolehiyong pang-komunidad<br>• PTA sa antas ng Distriro | 4. Petsa ng Kapanganakan<br>5. Rekord sa Partisipasyon sa mga opisyal na kinikilalang aktibidad at sports |
| • Mga Guro/Opisyales ng paaralan | 6. Timbang at tangkad ng miyembro ng koponan ng atletiko |
| • Mga ahensyang nagpapatupad ng batas | 7. Petsa ng Pagdalo |
| • Organisasyong may kaugnayan sa paaralan *(hal. pundasyon ng paaralan, PTA ng paaralan, Konseha ng Paaralan). Ang impormasyon ng estudyante ay hindi maaaring ibigay sa ikatlong partido.* | 8. Degree na nakamit at gantimpalang nakamit<br>9. Pinakahuling nakaraang paaralang pinasukan<br>*Tingnan ang Pang-Administratibong Regulasyon 5125.1* |
| • Mga empleyado o potensyal na employade kung saan ang estudyante ay nagpasa ng kanyang aplikasyon.<br>• Taga-aya sa Militar<br>• Walang profit na organisasyon<br>• Tagagawad ng hinaharap<br>• Mga pinansyal na institusyong in-apply-an ng estudyante para sa pang-akademikong suporta<br>• Walang profit na organisasyon | Ang estudyante ay may depinisyon na isang indibidwal na dumalo sa paaralan sa distrito at may napanatiling talaan o rekord sa distrito. Kasama sa pagdalo, ngunit hindi limitado sa, pagdalo ng personal o sulat sa papel, bidyoconference, satellite, INternet, o impormasyong elektroniko at telekomunikasyong teknolohiya para sa mga estudyanteng hindi makakadalo nang pisikal sa silid-aralan, at ang panahon kung saan ang tao ay nagtatrabaho sa ilalim ng programa ng pagtatrabaho habang nag-aaral. Ang talaan ng estudyante ay nasa kahit anong gamit ng impormasyon (nakasulot, nakalimbag, tape, film, kompyuter o iba pang paraan) tinipon sa loob o labas ng distritong kaugnay sa nakikilalang estudyante at pananatili ng distrito, kailangan pangalagaan ng empleyadong gumaganap sa kanyang mga katulungkulan, o mapanatili ng isang partidong umaakto sa distrito. Ang kahit anong impormasyong napanatili sa layuning masuri ng ikalawang partido ay masasaalang-alang sa rekord ng estudyante. Ang talaan ng estudyante ay kinabibilangan ng rekord ng kalusugan ng estudyante. Hindi kinabibilangan ng rekord ng estudyante ang: 1) Impormasyon sa anyo ng direktoryo 2) Impormal na kasulatang pinagsama-sama ng opisyales ng paaralan o empleyado kung saan mananatili sa pagmamay-ari ng gumawa, ay gagamitin lamang sa personal na memoryang pantulong, 3) Rekord ng mga unit ng tagagawa ng batas sa distrito, 4) Rekord na ginawa o natanggap ng distrito matapos hindi na maging estudyante ang isang indibidwal at hind direktang naiuugnay ang pagdalo ng indibidwal bilang estudyante, 5) Grado sa peer-graded na papel bago sila mangolekta at magtala ng guro. Ang mga kinakailangang permanenteng rekord ng estudyante ay ang mga rekord na pinapanatili pangahabng-buhay at kung saan ang paaralan ay inatasang sumunod sa batas ng estado, regulasyon, o administratibong direktiba |

may mga kapansanan, sakit sa pag-iisip, o karamdaman sa pag-abuso sa droga; walang bahay at palakihing kabataan; at kabataan ng kabilang sa LGBTQ. **BP/ AR 5141.52**

Ang National Suicide Hotline sa 800-273-TALK (8255) ay nagbibigay ng 24/7, libre, at kumpidensyal na suporta para sa mga taong may pagkabalisa, umiiwas, at mga mapagkukunan ng krisis para sa iyo o sa iyong mga mahal sa buhay, at mga pinakamahusay na kasanayan para sa mga propesyonal.

Ang National Domestic Violence Hotline sa 800-799-SAFE (7233) ay isang 24/7 na libre at kumpidensyal na serbisyo para sa mga nakaligtas, biktima at mga apektado ng domestikong karahasan, intimahasiyang karahasan ng kapartner at pang-aabuso sa relasyon.

Ang karagdagang impormasyon ay mayroon sa https://sandiegounified.org/departments/counseling_and_guidance/social_emotional

## Programa sa Edukasyon sa Sekswal na Kalusugan

Ang komprehensibong edukasyon sa sekswal na kalusugan ay ipinagkakaloob ng mga may kasanayang guro sa klase o mga edukador ng kalusugang nakabase sa komunidad sa baitang 6 at baitang 8, at mataas na paaralan. Ang kurikulum sa baitang 6 ay kinabibilangan ng impormasyong naaangkop sa edad sa pagbibinata at pagdadalaga, anatomiya ng sistema ng pag-aanak, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, mga magalang na ugnayan, pag-iwas sa HIV at sakit na naiilipat sa pagtatalik, at mga kasanayan sa pakikipag-usap. Bilang karagdagan sa mga paksang ito, kabilang sa mga kurikulum ng baitang 8 at mataas na paaralan ang mga leksyon sa kontrasepsyon, pangangalaga sa pagbubuntis, mga opsyon sa pagbubuntis, pang-aabuso sa relasyon, at mga kasanayan sa pakikipagnegosasyon. Ang lahat ng nilalaman nito ay iniaatas ng Batas sa Kalusugan ng Kabataan sa California.

Inaabisuhan ang mga magulang o tagapagalaga bago simulan ang komprehensibong pagtuturo sa sekswal na kalusugan at iniimbitahang pag-aralan ang mga kagamitan sa pagtuturo. Pagkatapos mapag-aralan ang mga kagamitan, maaaring abisuhan ng mga magulang o guardian ang paaralan sa paraan ng pagsulat kung nais nilang lumiban ang kanilang anak mula sa pagtuturo. Ang impormasyon ay makikita sa www.sandiegounified.org/SHEP

## Polisiya sa Kabutihan

Ang kahit anong distrito ng paaralan na lumahok sa National School Lunch Program o iba pang programang Pederal sa Nutrisyon ng Bata kung saan kinakailangang magtatag ng isang patakaran para sa kabutihan ng lokal na paaralan sa lahat ng mga paaralang nasa ilalim ng nasasakupan nito. Ang mga patakaran sa kalusugan ay nagtataguyod ng kabutihan ng mag-aaral, pinipigilan, at binabawasan ang labis na timbang sa bata, at nagbibigay ng katiyakan na ang mga alituntunin sa nutrisyon sa pagkain sa paaralan ay natutugunan sa pinakamaliit na pamantayan sa pagkain ng pederal na paaralan.

Ang Patakaran sa Kaayusan ng San Diego Unified ay batay sa balangkas ng "Whole School, Whole Community, Whole Child" ng CDC. Isinasama ng Patakaran sa Kaayusan ang nutrisyon, edukasyong pisikal, edukasyong pangkalusugan, mga serbisyong pangkalusugan, kagalingang panlipunan-emosyonal, ligtas na mga kapaligiran sa paaralan, kabutihan ng empleyado, at paglahok ng pamilya/pamayanan.

Ang mga magulang/tagapagalaga, mag-aaral, kinatawan ng serbisyo sa pagkain sa paaralan, guro ng pisikal na edukasyon, mga propesyonal sa kalusugan ng paaralan, Departamento ng Edukasyon, mga tagapangasiwa ng paaralan at publiko ay inaanyayahan na lumahok sa pagpapaunlad, pagpapatupad, pagsusuri, at pag-update ng kabutihan ng lugar ng distrito at patakaran ng paaralan. Ang sinumang interesadong lumahok ay dapat makipag-ugnayan sa superbisor ng wellness ng distrito sa wellness@sandi.net. **BP 5030 (a)**

## Kard sa Pag-uulat ng Pananagutan ng Paaralan

Ang lahat ng pampublikong paaralan ng California ay inaatasang magbigay ng impormasyon sa komunidad sa pamamagitan ng taunang School Accountability Report Card (Report Card ng Pananagutan ng Paaralan - SARC). Ang SARC ay naglalaman ng espesipikong impormasyon tungkol sa kondisyon at pagganap ng paaralan mula sa taong aralan. Kopya ng SARC ng paaralan ngayong taong aralan ay makikita sa paaralan o online sa www.sarconline.org. **BP 0510**

## Espesyal na Edukasyon

Ang Distrito ng Paaralan ng San Diego Unified ay dedikado sa pagtukoy, at pagtatasa sa lahat ng mag-aaral sa loob ng distrito mula kapanganakan hanggang 21 taong gulang na maaaring may mga kapansanan, at pagbibigay ng naaangkop na suporta at mga kaugnay na serbisyo sa mga mag-aaral na napagpasyahang mayroon sa pamamagitan ng pang-edukasyong ebalwasyon. Lahat ng nararapat na estudyante ay bibigyan ng libreng naaangkop na publikong edukasyon na pare-pareho sa pederal at batas ng estado, kabilang ang ward ng estado at katas-taasang estudyanteng mobile na may kakaibang pangangailangan.

Ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob batay sa mga indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral. Matapos mapagdesisyunan ng pangkat na binubuo ng mga propesyonal sa edukasyon at mga magulang/tagapagalaga ang mga natatanging pangangailangan ng mag-aaral at isaalang-alang ang iba't ibang salik, lilikhain ang Individual Education Program (IEP, Programa sa Pang-indibdwal na Edukasyon). Ang IEP ay isang legal na dokumentong naglalarawan sa kung paano ipinagkakaloob ng distrito ang mga serbisyo sa isang mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan. Ang suporta at mga serbisyo ng Special Ed ay ibinibigay sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA 2004, Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.sandiegounified.org/academics/special education o tawagan ang 619-725-7700. **BP 6164.4**

Kung ang magulang/tagapagalaga ay hindi sumasang-ayon sa IEP, ang mga sumusunod na pagpipilian ay maaari:

- Alternatibong Resolusyon sa Dispute (ADR): Ang proseso ng ADR ay isang prosesong boluntaryo, alternatibo sa Due Process na naglalayong mapanatili ang positibong relasyon sa pagitan ng SDUSD at mga pamilya. Ang kawani ng ADR ay nagtutulungan kasama ang mga pamilya at mga pangkat ng IEP ng paaralan upang makabuo ng mga solusyon. Ang Proseso ng ADR ay dinisenyo upang matugunan ang mga interes ng mga kasangkot na partido at nagreresulta sa napagkasunduang kinalabasan sa halip na mamuhay nang may ginawang desisyon mula sa panlabas na ikatlong partido tulad ng opisyal o hukom sa pagdinig. Ang proseso ay maaaring simulan ng isang distrito ng paaralan o isang magulang. Ang lahat ng mga partido ay nagtatrabaho sa karaniwang layunin kung ano ang pinakamainam para sa pangangailangan ng mag-aaral.

Para sa suporta sa ADR, kumpletuhin ang online Form ng Kahilingan ng Magulang para sa Suporta sa https://bit.ly/3M7R8DG (Ingles) o https://bit.ly/3NKNVeo (Espanyol).

- Ombudsperson: Pinangangasiwaan ng Office of Ombudspersons ang mga resolusyon para sa mga isyu sa special education at seksyon 504. Ang mga Ombudsperson ay hindi mga tagapagtaguyod ng magulang o mga tagagawa ng desisyon ng distrito, ngunit nakikipagtulungan sa lahat ng panig nang walang pinapanigan upang tumulong sa kalutasan ng mga pag-aalalang may kaugnayan sa mga espesyal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Para sa detalye at impormasyon sa pagkontak, bisitahin ang https://sandiegounified.org/departments/special_education_ombudspersons .

- Kaukulang Proseso: Maaaring maghain ang magulang para sa kaukulang proseso sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Tanggapan para sa mga Pang-administratibong Pagdinig, Dibisyon sa Espesyal na Edukasyon,

  2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA, 95833, tumawag sa 916-263- 0880 o bisitahin ang https://www.dgs.ca.gov/%20OAH/Case-Types/Special-Education .

- Kagawaran ng Edukasyon ng CA: IKung nararamdaman ng pangkat at ng mga magulang o guardian na ang IEP ng kanilang anak hindi ipinapatupad sa tamang paraan o may iba pang mga alegasyon sa paglabag sa batas sa espesyal na edukasyon, maaari silang direktang maghain ng mga reklamo sa Kagawaran ng Edukayon ng CA, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon, 1430 N St., 2nd palapag, Room 2401, Sacramento, CA 95814 o sa www.cde.ca.gov/sp/se .

## Mga Interbensyon sa Pagbawi sa Pag-aaral:

Ang Learning Loss ay tinutukoy ng pangkat ng IEP at Mga Interbensyon sa Pagkatuto ng Mag-aaral ay inihahatid sa labas ng araw na may klase. Ang oras ng mga Interbensyon sa Pagbawi sa Pag-aaral ay inaalok batay sa pinaka-makatwirang dami ng ora na kailangan ng isang mag-aaral upang maibalik ang kanilang kakayahang nawala dahil sa online na pagkatuto. Ang talakayan ng pagkawala ng pagkatuto ay isinasagawa sa pulong ng IEP o sa kahilingan ng isang miyembro ng pangkat ng IEP. Ang mga paaralan ng SDUSD ay lumikha ng mga programa upang mag-alok ng Pagbawi sa Pagkatuto na pinakaangkop sa kanilang komunidad at pangangailangan ng mag-aaral.

**ADA, Seksyon 504 Pag-aangkop para sa mga Estudyante:** Kinikilala ng San Diego Unified School District ang tungkulin nito sa ilalim ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 (Batas sa Rehabilitasyon ng 1973) upang tukuyin, muling pag-aralan ang masusuring data, at magbigay ng mga makatwirang akomodasyon sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Ang taga-ugnay ng Seksyon 504 sa bawat paaralan ay maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon at tulong. Ang opisina ng distritong ADA/504 ay maaaring matawagan sa 619-725-5658.
**BP/AR 6164.6**

## Estudyanteng may Pansamantalang Kapansanan

**AR 6183**

- **Panuto:** Ang distrito ay may programang nagkakaloob ng pang-indibdwal na pagtuturo sa mga estudyante na pansamantalang may kapansanan at dapat manatili sa tahanan, sa hospital o iba pang residensyal na pasilidad na pangkalusugan. Kung ang ospital o pasilidad na pangkalusugan ay matatagpuan sa labas ng distrito ng paaralan ng estudyante, ang estudyante ay ituturing na sumusunod sa mga pag-aatas sa pagiging residente para sa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang hospital o paaralan. Dapat abisuhan ng mga magulang o tagapagalaga ang distrito ng paaralan kung saan ang estudyante ay pansamantalang namamalagi para sa pang-indibidwal na pagtuturo para sa estudyante.

- **Pisikal na Edukasyon:** Para sa estudyante na may pansamantala o permanenteng kapansanan na pumipigil sa kanyang ganap na pagsali sa pisikal na edukasyon, ang magulang/guardian ay dapat magkaroon ng isang doktor (MD o DO, NP, PA) na kukumpleto sa "Pisikkal na Edukasyong Pagbabago sa Pinsala o Sakit" na for na makukuha sa site ng paaralan.

- **Pantulong na kagamitan:** Ang mga estudyante ay maaaring kailanganing gumamit ng mga pantulong na kagamitan gaya ng mga saklay, wheelchair, cast, bota sa paglalakad upang makapasok sa paaralan. Upang mabawasan ang panganib sa estudyante at sa iba, ang mga magulang o guardian ay magbibigay ng abisong mula sa doktor na responsable sa pangangasiwa sa kondisyon ng estudyante. Ang abiso ay dapat tukuyin ang kagamitang iniatas na gamitin sa paaralan, kilalanin na ang estudyante ay tumanggap ng mga tagubilin sa ligtas na paggamit ng kagamitan, isinasama ang pahintulot ng magulang para sa staff ng distrito upang makipag-usap sa nag-aatas na propesyonal sa kalusugan kung kinakailangan ng paglilinaw, at isinasama ang inaasahang haba ng panahong kakailanganin ang kagamitan.

Hanggang ang nasabing abiso ay natanggap mula sa propesyonal sa kalusugan, ang estudyante ay maaaring aaring kumpletuhin ang mga gawain sa bahay o pansamantala sa tanggapan ng paaralan hanggang sa ang abiso ay matanggap mula sa propesyonal sa kalusugan. Ang mga magulang/guardian ay maaaring humiling ng kopya ng form na pinamagatang Mga Order ng Kagamitang Pang-ortopedya/Medikal para sa Paaralan".

- **Medikal na Suplay:** Ang mga magulang/ tagapagalaga ay responsable sa pagsusuplay ng medikal at pang-ortopedyang kagamitan at mga

kaugnay sa suplay gaya ng iniutos ng kanilang doktor. Kabilang sa mga halimbawa ang formula, mga catheter at tubing, mga diaper, wipes, mga hiringgilya, mga respiratory medication holding chambers, mga mask at nebulizer, mga insulin-delivery system, at mga kagamitan/suplay na nagmomonitor ng glucose

• **Wheelchairs:** Ang mga miyembro ng staff ng paaralan lamang ang pinahihintulutang itulak sa wheelchair ang napinsalaang estudyante, maliban kung kaya ng estudyante na patakbuhin ito nang ligtas. Ang ibang mga estudyante ay pinagbabawalang itulak sa wheelchair ang napinsalaang estudyante.

### Pagbabawal sa Paggamit ng Tobako

Ang mga estudyante ay hindi maaaring magdal o gumamit ng tobako o kahit anong produktong may tobako o nicotine habang nas aloob ng paaralan, habang dumadalo sa mga aktibidad na inisponsoran ng paaralan, o habang nasa ilalim ng superbisyon at control ng empleyado ng distrito. Ang mga pinagbabawal na produkto ay kinabibilangan ng sigarilyo, maliit na sigarilyom sigarilyo na clove, tabakong walang usok, snuff, nginunguyang pakete at betel. Ang estudyanteng mayroon at gumagamit ng elektronikong sigarilyo (e-cigarettes), elektronikong hookahs, at iba pang naglalabas ng bapor na kagamitan, na gumagaya sa kagamitan ng mga produkto ng tobako ay ipinagbabawal din. **BP/AR 5131.62**

## F. Mga Karapatan at Rekord ng Estudyante

### Paglabas ng Impormasyon ng Estudyante at Magulang/Tagapagalaga

**BP/AR 5125.1**

Ang batas ng estado ay pinapayagan ang distrito na maglabas ng impormasyon sa anyong direktorta upang pahintulutan ang mga indibidwal o organisasyon. Ang impormasyong naka-direktoryo ay ang mga impormasyong nakalagay sa record ng estudyante na hindi pangkalahatang maisasaalang-alang na nakakapinsala o makakapanghimasok sa pribasiya kung ilalantad (Tingnan ang Talahanayan 2).

Ang mga magulang/tagapagalaga na hindi nais ang ganitong uri ng impormasyong ilalabas ay dapat na abisuhan ang paaralan ng kanilang anak sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa "Opt Out" sa kahon 11 ng Form sa Enrollment o magpasa ng napirmahangn kasulatang kahinlingan sa paaralan.

Ang mga pederal na batas at batas ng estado ay naggagawad ng ilang karapatan sa pagkapribado at access sa mga rekord ng estudyante sa mga estudyante at kanilang mga magulang. Ang mga magulang; mga estudyante na nasa edad na 18 taon, mga mag-aaral na 14 taong gulang pataas na kinilala bilang walang tirahan at walang kasamang kabataan, at mga indibidwal na nakakumpleto at pumirma ng Affidavit ng Awtorisasyon ng Caregiver at pataas na tinukoy bilang parehong may mga sumusunod na karapatan siyasating ang mga rekord, humiling ng pagbabago sa mga rekord ng estudyante na pinaniniwalaang hindi tumpak ng magulang o tagapagalaga o karapat-dapat na estudyante, at magpahintulot ng pagsisiwalat ng personal na matutukoy na impormasyong nakapaloob sa mga rekord ng pang-edukasyon ng estudyante maliban kung inawtorisahan ng Family Education Rights and Privacy Act (FERPA) [Batas sa mga Karapatan sa Edukasyon at Pagkapribado ng Pamilya] ang pagsisiwalat nang wala ang pahintulot.

Ang distrito ay susubok na makontak ang magulang/tagapagalaga ng estudyante bago ilabas ang impormasyong batay sa subpoena at, kung naaangkop, utos ng korte, kung sila ay hindi pa naaabisuhan.

### Pagrerekrut ng Militar

Alinsunod sa pederal na batas sa edukasyon, ang mga distrito ng paaralan ay inaatasang maglabas ng impormasyong nasa anyo ng direktoryo para sa mga estudyante sa paaralang sekundarya sa mga recruiter ng militar kapag hiniling. Ang mga kahilingang pagbawalan ang paglabas ng impormasyong direktorya ay dapat na isumie sa pasulat na paraan sa bawat paaralan ng estudyante sa simula ng taong aralan. Ang mga kahilingan ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pagsasaad ng "opt out" sa enrolment form o pagsumite ng nakasulat na liham sa tanggapan ng paaralan.

### Pag-access sa Rekord ng Estudyante

Ang karamihan sa mga kahilingan ng mga indibidwal o organisasyon para sa impormasyon ng estudyante ay hindi igagawad nang wala ang nakasulat na pahayag na pinirmahan ng magulang o tagapagalaga na nagpapahintulot sa paglabas ng impormasyon. Dagdag dito, ang mga rekord na nakalista sa ilalim ng "Mga Rekord at Estudyante" ay awtomatikong ipapasa sa anumang iba pang paaralan ng distrito kung saan mag-e-enrol ang bata o sa mga paaralang nasa labas ng distrito kapag ang mga kahilingan ay natanggap ng bagong paaralan papasukan ng estudyante.

Ang access sa impormasyon ng mga rekord ng estudyante nang walang pahintulot ng magulang ay pahihintulutan lamang sa mga kasong iyon na kung saan inaawtorisahan ng FERPA ang pagsisiwalat nang walang pahintulot. Ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

• tauhan ng paaralan at distrito (kabilang ang mga kontratista, tagasangguni o boluntaryo) na ginagampanan ang pagbibigay-serbisyo ng institusyon

• mga espesipikong mga pederal at pang-estadong administrador na pang-edukasyon

• tagapagpatupad ng batas o iba pang ahensya sa pampublikong kaligtasan na may access na naaayon sa batas.

Ang mga magulang o tagapagalaga ay may karapatang mag-file ng reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos tungkol sa mga alegasyong kabiguan distrito ng paaralan na sumunod sa FERPA. Ang address ay: Family Policy Compliance Office, U.S. Department of Education, 400 Maryland Ave., S.W., Washington, D.C., 20202. Phone number is 1-800-USA- LEARN (1-800-872-5327).

### Retensyon ng Rekord ng Estudyante

Ang prinsipal ng paaralan ay responsable sa kustodita ng rekord ng estudante. Ang kawani ng paaralan ang paratingmagsusuri ng rekord ng estudyante. Ang mga materyales ay hindi na kailangang sirain batay sa batas ng estado.

### Mga Rekord ng Estudyante

Ang mga sumusunod na rekord ay pinananatili para sa bawat estudyante:

• impormasyon sa enrolment kabilang ang petsa at lugar ng kapanganakan at impormasyon ng address/tirahan;

• Rekord ng pagdalo at kalusugan

• naiipong rekord ng mga score sa pagsusulit, grado, asignatura at kursong kinuha at mga tala ng pagdidisiplina, kung naaangkop;

• mga rekord na kailangan para sa mga espesyal na programang pang-edukasyon

• mga obserbasyon ng guro tungkol sa pag-unlad ng estudyante at pagsali sa programang pang-edukasyon

Maaaring siyasatin ng mga magulang o tagapagalaga at talakayin ang mga rekord na ito sa mga tauhan ng paaralan sa panahon ng regular na araw ng pasukan sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng paaralan para sa isang appointment. Ang distrito ay magbibigay ng access sa mga rekord ng estudyante sa loob ng limang araw ng trabaho kasunod ng petsa ng paghiling. Naririyan ang mga kwalipikadong tauhan upang ipaliwanag ang mga rekord kung hihilingin. Ang anumang pag-aalala tungkol sa pagkatumpak o pagiging angkop ng anumang mga rekord ay dapat na talakayin sa prinsipal.

Maaaring hilingin ng mga magulang, tagapagalaga, o karapat-dapat na estudyante sa paaralan na baguhin ang rekord na pinaniniwalaang mali. Kailangan ang nakasulat na kahilingan na malinaw na tumutukoy sa parte ng rekort na nais nilang palitan at kung bakit dapat dalhin ito sa prinsipal ng paaralan. Kung ang ang paaralan ay nagdesisyong huwag baguhin ang record base sa kahilingan, ang paaralan ay aabisuhan ang magulang/tagapagalaga o karapat-dapat na estudyante ng desisyon at aabisuhan sila sa kanilang Karapatan sa isang pagdinig. Karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pandinig ay ibibigay.

Ang mga magulang/tagapagalaga at estudyanteng may edad higit sa 18 taong gulang ay maaaring makakuha ng kopya ng record ng estudyante. Kung hihilingin ng ibang distrito ng paaralan, ang record na nakalista sa itaas ay ipapasa na lamang sa panibagong paaralan ng estudyante sa loob ng 10 araw na may pasok.

### Pagkuha ng Report Card o Transcript

Ang mga mag-aaral na ksalukuyang naka-enrol sa San Diego Unified ay dapat na humiling ng transkript./rekord mula sa kasalukuyan nilang paaralan. Ang mga dating mag-aaral na nagtapos sa loob ng huling 5 taon ay dapat humiling ng mga transcript/rekord mula sa kanilang paaralan ng pagtatapos o huling napasukan. Ang mga mag-aaral na lumipat ay dapat humiling ng mga transcript/rekord mula sa kanilang huling paaralan ng pag-aaral. Walang gastos para sa mga transcript. Ang mga mag-aaral na nagtapos ng higit sa 5 taon na ang nakalipas, ay dapat humiling ng mga transcript/rekord online sa https://sandiegoca.scriborder.com. Ang mga kahilingan sa online ay mapoproseso sa loob ng 30 na araw. Magkakaroon ng bayarin para sa pagproseso nito.

### Mga Sarbey

Ang nakasulat na pahintulot mula sa isang magulang/tagapag-alaga ay kinakailangan bago mabigyan ang isang mag-aaral ng isang sarbey, pagsusuri o pagsusuring nagpapakita ng sensitibong personal na impormasyon tulad ng mga kaugnayan o paniniwala sa pulitika; mga problema sa pag-iisip o sikolohikal; sekswal na pag-uugali o saloobin; ilegal, kontra-sosyal, nagsasakdal sa sarili at mapanghamak na pag-uugali; kritikal na pagtatasa ng ibang mga indibidwal kung kanino ang tutugon ay may malapit na relasyon sa pamilya; legal na kinikilalang may pribilehiyo o kahalintulad na relasyon, gaya ng mga abogado, manggagamot at ministro; mga gawaing panrelihiyon, kaakibat o paniniwala ng mag-aaral o mga magulang ng mag-aaral; o kita maliban sa iniaatas ng batas upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa pakikilahok sa isang programa. Maaaring suriin ng mga magulang/tagapag-alaga ang mga sarbey na ginawa ng isang third party na ginamit upang mangolekta ng personal na impormasyon.

TANDAAN: Lumilikha ang California Ed Code ng isang bukod-tangi sa kinakailangan sa itaas sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa administrasyon ng hindi kilala, boluntaryong mga sarbey sa mga mag-aaral na nagtatanong sa pag-uugali sa kalusugan at mga panganib. Pagkatapos ng abiso sa sarbey, kung ang isang antas 7-12 na magulang/tagapagalaga ay hindi na "opt out", ang estudyante ay lalahok sa sarbey sa pamamagitan ng "pasibo" na pahintulot ng magulang/tagapagalaga. Ang mga magulang/tagapagalaga ay may karapataan na suriin ang sarbey.

### Programa sa Pagsingil ng LEA Medi-Cal

Ang Distrito, sa pakikipagtulungan ng mga Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS), ay sumasali sa programang nagpapahintulot sa distritong ma-reimburse ng mga pederal na dolyar ng Medicaid para sa mga piling serbisyo sa kalusugang ibinibigay sa mga naka-enrol sa estudyante na may Medi-Cal sa paaralan. Ang perang natanggap sa pamamagitan ng programang ito ay direktang muling ipupuhunan sa lumalawak at bumubuting mga serbisyo sa kalusugan at lipunan para sa lahat ng mga estudyante.

Alinsunod sa mga pang-estado at pederal na patakaran at tuntunin, ipinaaalam namin sa inyo na ang ilang impormasyon ay maaaring ilabas mula sa mga rekord ng inyong estudyante sa aming reimbursement recovery vendor na Paradigm Healthcare Services, LLC at sa DHCS, na para sa mga layunin lamang ng paghahabol (at para ma-access ang mga benepisyo ng Medi-Cal ng inyong anak). Ang impormasyong ito ay inilalabas lamang kung natanggap namin ang inyong pahintulot na gawin ito.

Ang pahintulot ng magulang/tagapagalaga, o walang pahintulot, ay hindi makakaapekto sa mga serbisyong mayroon at ibinibigay sa bata at hindi makakaaperkto sa benepisyo ng Medi-Cal. Ang Form sa Enrollment ay kung saang hihilingin ang pahintulot. Ang pahintuloy ay maaaring ibigay sa distrito habang isinasagawa ang pag-unlad at pagsusuring proseso ng IEP/ISFP (kung naaangkop). Lahat ng ibinahaging impormasyon ay naka-encrypt at nalilipat nang ligtas sa parehong sa tindero ng distrito at DHCS.

Ang rekord pang-edukasyon na maaaring maibahagi ay kinabibilangan ng pangalan ng estudyantr, petsa ng kapanganakan at ebalwasyon na may kinalaman sa kalusugan, interbensyon, at imormasyon sa pag-refer (para sa serbisyong natanggap sa paaralan) at tala ng magsasanay na may kinalaman sa mga serbisyong pang-kalusugan at piling datos mula sa IEP/EFSP ng iyong anak (kung naaangkop).

Ang mga magulang/tagapagalaga ay may karapatang bawiin ang pahintulot na ilabas ang impormasyon ng estudyante sa kahot anong oras. Ang estudyante ay dapat hindi tatanggihan ng mga sebisyong kailangang salihan sa paaralan at ang magulang/ tagapagalaga ay hindi kailanman pagbabayarin ng distrito ng paaralan para sa mga serbisyong ibinibigay dahil sa may pahintulot o walang pahintulot.

Habang ang Medi-Cal ay magre-reimburse sa distrito para sa mga piling serbisyong pangkalusugan, ang mga Medi-Cal na benepisyo ng inyong anak ay hindi dapat maapektuhan sa anumang paraan. Ang distriro ay sumasali sa programang ito sa pagsusumikap na makuha ang pederal na pagpopondo para sa mga mare-reimburse na mga serbisyong pangkalusugan ng Medi-Cal isinasagawa na sa paaralan, at pagkatapos ay gagamitin ang pagpopondong ito upang mapalawak ang mga serbisyong matatanggap ng lahat ng estudyante.

### Kompedensyal at Pagkapribado

Ang reimbursement recovery vendor ng distrito ay nakatali sa isang kontratang naglalaman ng mga espesipikong probisyon upang mapanatiling kumpidensyal ang mga rekord ng mga estudyante na nagsisigurong ang impormasyon ay hindi ginamit o isiniwalat sa hindi tamang paraan. Dagdag dito, ang ating vendor ay sumusunod sa HIPAA. Bilang karagdagan, ang distrito at DHCS ay nakatali sa parehong mga kasunduang kinabibilangan ng mga espesipikong probisyon tungkol sa paggamit ng impormasyong ibinibahagi sa programang ito, at mga protokol na namamahala sa seguridad.

### Ikatlong Partidong Pananagutan

Kung ang estudyante ay naka-enrol sa Medi-Cal at nasasakop ng ikatlong partidong nagbibigay ng insurance, ang DHCS ay maaaring bawiin ang pananagutan kung ito ay nabayaran na ang mga bayarin sa paaralang ipinasa sa distrito. Ito ay nagaganap dahil sa Karapatan sa asignatura ng ikatlong partidong pananagutan na ibinigay sa pagtanggap ng aplikasyon sa Medi-Cal.

### Kasunduang Williams

Ang lehislasyong Williams Settlement ay nag-aatas ng mga sapat na kagamitan sa pagtuturo ng sining ng wikang Ingles, matematika, agham at kasaysayan/panlipunang agham, kalusugan at wika sa mundo sa baitang 9-12; kagamitan sa laboratoryo para sa mga klaseng panlaboratoryo sa baitang 9-12; nag-aatas sa mga distrito ng paaralang magpanatili ng malinis, ligtas na mga pasilidad na nasa maayos na katayuan; at gumagawa ng mga hakbang upang magarantiya na ang lahat ng mga estudyante ay may mga kwalipikadong guro.

Ang mga iniaatas ng lehislasyon ay nakakaapekto sa lahat ng paaralan sa distrito. Kung magkakaproblema ang mga magulang, tagapagalaga, o estudyante na nag-aalala patungkol sa mga kinakailangan ipasa sa Williams, mangyaring humiling ng form ng Pangkalahatang Reklamo sa opisina, legal na opisina, o online sa https://sandiegounified.org/uniform-complaint-form.

### Estudyanteng Walang Matirhan

Ang Batas sa Pagsuporta sa Walang Matirhan ng McKinney-Vento ay isang pedereal na legislayon na naniniguro sa karapatang pang-edukasyon at proteksyon sa mga bata at kapataang walang matirhan.

Ang mga bata o kabataang walang tirahan ay ang mga kinukulang ng hindi nagbabago, regular, at karampatang masisilungan sa gabi. Kabilang sa mga kahulugang ito ay ang mga kabataang maaaring:

- Nakikitira sa isang kaibigan, kamag-anak o iba pang tao dahil nawalan sila ng tirahan o hindi kayang bayaran ang tirahan;
- Namamalagi sa isang motel, hotel o campground dahil sa kakulangan ng mga sapat na alternatibong matutuluyan;
- Naninirahan sa isang pang-emerhensya o transisyonal na shelter o isang shelter para sa biktima ng karahasan sa tirahan, o naghihintay ng foster placement;
- Nanunuluyan sa isang pangunahing panggabing residensya na isang pribado o pampublikong lugar na hindi idinisenyo para sa o ordinaryong ginagamit bilang regular na matutulugan para sa mga tao;
- Naninirahan sa sasakyan, parke, pampublikong espasyo, inabandohang gusali, istasyon ng bus o tren o katulad na kapaligiran
- Hindi nasusubaybayang kabataang wala sa pisikal na pangangalaga ng isang magulang/tagapagalaga na nasa transisyong gaya ng ipinakakahulugan sa itaas.

### Pag-eenrol: Estudyanteng Walang Matirhan o nasa Bahay-ampunan

Ang estudyanteng walang matirhan at isang kabataang nasa ampunan ay may karapatang manatili sa kanyang paaralang pinagmulan. Ang distrito ay dapat, sa abot ng makakaya nito, na panatilihing nasa paaralang pinagmulan ang mga estudyante na nasa transisyon (binigyang-kahulugan bilang paaralang pinasukan noong ang mga mag-aral ay dating may permanenteng tirahan, o ang paaralang kung saan huli silang naka-enrol), maliban kung ito ay taliwas sa mga kagustuhan ng magulang/ guardian/May Hawak ng mga Karapang Pang-edukasyon:

- Ang mga estudyante ay maaaring manatili sa kanilang paaralang pinagmulan sa buong panahon ng kanilang transisyon at hanggang sa katapusan ng anumang pang-akademikong taon



| TALAHANAYAN 1: MGA KINAKAILANGAN SA PAGPAPAKUNA BATAY SA EDAD AT ANTAS<br>Mga Estudyanteng Naka-enrol sa Pre-school ay Kailangang Mabakunahan Batay sa Edad: | |
|---|---|
| EDAD | KABUUANG BILANG NG KINAKAILANGANG DOSIS BAWAT BAKUNA |
| 2 hanggang 3 Buwan | 1 Polio 1 DTaP 1 Hep B 1 Hib* |
| 4 hanggang 5 Buwan | 2 Polio 2 DTaP 2 Hep B 2 Hib |
| 6 hanggang 14 Buwan | 2 Polio 3 DTaP 2 Hep B 2 Hib |
| 15 hanggang 17 Buwan | 3 Polio 3 DTaP 2 Hep B 1 Varicella<br>sa o pagkatapos ng unang kaarawan: 1 Hib 1 MMR |
| 18 buwan hanggang 5 taon** | 3 Polio 4 DTaP 3 Hep B 1 Varicella<br>sa o pagkatapos ng unang kaarawan: 1 Hib 1 MMR |

**Haemophilus Influenza Type b (Hib)ay kinakailangan lamang sa mga batang nasa edad na mababa sa 5 taong gulang.*

kung saan sila ay lumipat sa permanenteng tirahan (walang tirahan) o hanggang sa ang kanilang kaso ng pagiging nasa foster care ay maisara. Kung ang estudyante ay nasa high school, ang estudyante ay maaaring manatili sa kanilang paaralang pinagmulan hanggang sa makapagtapos ang estudyante.

- Ang distrito, katulong ng paaralan, ay magbibigay ng suporta sa transportasyon upang matanggal ang sagabal sa pag-eenrol, partisipasyon, at retensyon sa paaralan.
- Maaari ring piliin ng estudyante na mag-enrol sa anumang pampublikong paaralan sa lugar kung saan pansamantalang naninirahan ang estudyante. Kung ang estudyante na nasa transisyon ay piniling mag-enrol sa paaralang nasa kapitbahayan ng kanyang pansamantalang tirahan, ang paaralan ng kapitbahayang ito ay magiging residenteng paaralan/ paaralang pinagmulan para sa estudyante para sa anumang karagdagang pagbabago ng tirahan.
- Kung ang estudyante ay ipinadala sa isang paaralang bukod sa paaralang pinagmulan o paaralang hiniling ng magulang/guardian/May Hawak ng Karapatang Pang-edukasyon, ang distrito ay magbibigay ng nakasulat na paliwanag sa desisyong ito at ng karapatang mag-apela kung sumasalungat ang magulang/guardian sa pagtatalaga.
- Ang tagapamagitan ng distrito para sa mga estudyante na nasa transisyon ay tumutulong sa mga hindi nasusubaybayang kabataan sa pagpili at pag-enrol sa paaralan, pagkatapos isaalang-alang ang mga kagustuhan ng kabataan, at nagbibigay sa kabataan ng abiso sa kanyang karapatang i-apela ang napiling enrolment na taliwas sa kanyang mga kahilingan.
- Ang mga kabataang pakalat-kalat at kabataang walang matirhan ay may Karapatan sa agarang pag-eenrol, kahit na sila ay may nawawalang papeles para sap ag-eenrol. Ang distrito at paaralan ay susuporta sa pamilya upang makuha ang kinakailangang papeles habang ang estudyante ay mabilisang mainerol sa paaralan.
- Bawat pakalat-kalat na kabataang mas mababa ang edad sa 18 ay dapat na magkaroon ng taga-hawak ng karapatan sa edukasyon, na dapat magbigan ng desisyon sa edukasyon sa pinakamahusay na interes ng kabataan.

Ang mga katanungang may kinalaman sa edukasyon ng estudyanteng walang matirhan o pakalat-kalat ay dapat iderekta sa Opisina ng Bata at Kabataang nasa Transisyon sa 619-725-7362 o cyt@sandi.net.

### Kasal, Buntis, Magulang na Estudyante

Ang distrito ay hindi nagdidiskrimina

ng mga estudyante batay sa estado ng pagiging nanay, pagbubuntis, panganganak, hindi totoong panganganak, terminasyon ng panganganak o may kaugnayang pagpapagaling. Ang distrito ay nagbibigay ng makatarungang tuluyan sa buntis at magulang na estudyante upang mabigyan sila ng Karapatan sa programa ng edukasyon. Ang buntis na estudyante ay magkakaroon ng Karapatan sa kahit anong serbisyong mayroon sa ibang estudyanteng may pansamantalang kapansanan o medikal na kondisyon.

Bibigyan din ng makatarungang akomodasyon sa mga nagpapasusong estudyante sa paaralan upang maipahayag ang pagpapasuso ng gatas, pagpapasuso ng sanggol, o pagsolusyon sa ibang pangangailangang may kinalaman sa pagpapasuso. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang https://sandiegounified.org/departments/sandapp. **BP 5146(a)**

## Pagtanggi sa Ikapapahamak o Ikasisira ng Hayop

Ang kahit sinong estudyanteng may moral na hindi pagsang-ayon sa pagbubukas o pananakit o paninira sa mga hayop ay may karapatang hindi lumahok sa instruksyon na may kasangkot ng mga nasabing aktibidad at hindi madidiskrimina dahil lamang sa desisyon niyang tamasain ang kanyang Karapatan. Ang estudyanteng nagnanais na lumiban sa instruksyon ay aabisuhan ang guro at magbibigay ng tala para sa magulang/tagapagalaga na nagpapatunay sa pagtutuol. **AR 5145.8**

# G. Mga Pangangailangan sa Kalusugan at Kaayusan

## Pagsusuri/Pagtingin sa Kalusugan

Ang mga pagsusuri para sa pandinig at paningin ay ipagkakaloob katulad ng iniaatas sa batas ng estado sa sumusunod na antas:

- Pagsusuri para sa pandinig para sa lahat ng estudyante na nasa baitang K, 2, 5, 8.
- Pagsusuri para sa paningin para sa baitang K, 2, 5, 8;
- Ang programang Visyon sa Pagkatuto ay isasagawa nsa kahit anong antas ng piling paaralan.
- Ang mga bagong estudyante at estudyante na ini-refer ng mga magulang o tauhan ng paaralan.

*Pakiusap na Tandaan:*

- Ang mga pagsusuri sa paningin ay maaaring isagawa ng nars ng paaralan sa distrito o ng kawaning may kasanayan sa “Vision to Learn”, o kawani ng UCSD Eyemobile
- Sa ilang paaralan, mayroong optometrista na susuri sa mga batang hindi pumasa sa pagsusuri sa kanilang paningin, at maaaring makakuha ng mga salamin sa mata kung napagpasyahang kailangan ang mga ito.
- Sa mga piling paaralan, walang gagastusin para sa mga screening para sa paningin, pag-susuri ng paningin o para sa pagbibigay ng mga salamin sa mata. Ang kabayaran para sa mga serbisyo sa pag-eksamen sa paningin o mga salamin sa mata ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng Medi-Cal o Children’s Health Insurance Program. Ang kakulangan sa naturang insurance ay hindi magiging salik sa pagtanggap ng mga serbisyo.

Hindi Pagsama sa Screening: Maki-pag-ugnayan sa nars o prinsipal ng inyong paaralan tungkol sa hindi pagsama sa inyong anak sa alinman sa mga screening na ito

## Kinakailangan sa Pagpapabakuna (Turok)

Iniaatas ng batas ng estado na ang lahat ng estudyante na mababa sa edad na 18, pre-kindergarten hanggang baitang 12, ay mabakunahan laban sa ilang mga sakit maliban kung sila ay binigyan ng eksemsyon para sa mga medikal na kadahilanan. Sa panahon ng pagpaparehistro, ang paaralan ay inaatasang magkaroon ng katibayang ang inyong anak ay nakatanggap ng lahat ng kasalukuyang kaukulang bakuna. Ang distrito ay kasali sa (SDIR), Panrehiyong Pagpaparehistro sa Pagpapabakuna sa San Diego, isang kumpidensyal, pambuong-lalawigan na sistema sa kompyuter na sumusubaybay sa mga bakuna. Dapat itong alamin ng magulang/tagapagalaga mula sa inyong pedyatrisyan, doktor ng pamilya, o medikal na klinika upang masigurong inyong anak ay hindi papapasukin sa paaralan kung ang mga pangangailangang ito ay hindi natugunan.

**Kinakailangan sa Pagbabakuna Batay sa Edad at Antas**

**Ang mga Estudyanteng Naka-enrol sa UTK/TK/K-12 ay Kailangan ng Bakuna Batay sa Antas:**

- **Diphtheria, Tetanus, at Pertussis (DTaP, DTP, Tdap, or Td) — 5 doses**

(Ang 4 doses ay sapat na kung ito ay naibigay noong o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan).

(Ang 3 doses ay sapat na kung ito ay naibigay noong o pagkatapos ng ika-7 na kaarawan)

**Para sa mga nasa baiting 7-12, kahit man lang isang dose ng bakunang naglalaman ng pertussis ay kinakailangan habang o pagkatapos ng ika-7 na kaarawan.**

- **Polio (OPV o IPV) — 4 doses**

(Ang 3 doses ay sapat na kung ito ay naibigay noong o pagkatapos ng ika-apat na kaarawan)

- **Hepatitis B (Hep B) — 3 doses**

(Hindi kinakailangan sa pagpasok sa Baitang 7)

- **Measles, Mumps, at Rubella (MMR) — 2 doses**

(Parehong binibigay sa o pagkatapos ng unang kaarawan)

- **Varicella (Chickenpox) — 2 doses**

Kasaysayan ng sakit o positibang resulta ng lab ay HINDI natutugunan ang pangangailangang ito.

Ang mga kinakailangang pagbabakuna na ito ay nalalapat sa mga bagong tang-gap at bagong lipat sa paaralan sa lahat ng mga antas, kabilang ang transisyonal na kindergarten, at para sa mga estudyanteng may naunang mga eksempsyon sa pagbabakuna. Matatapos ang lahat ng mga eksempsyon sa pagtatapos ng preschool at pagtatapos ng ika-6 na baitang.

**Mga Estudyanteng Mula ika-7 Baitang ay Kinakailangan rin ng:**

- **Tetanus, Diphtheria, Pertussis (Tdap) — 1 dose**

(Binibigay pagkataps ng edad 7)

- **Varicella (Bulutong) — 2 doses**

Kasaysayan ng sakit o positibang resulta ng lab ay HINDI natutugunan ang pangangailangang ito.

Noong ika-1 ng Enero, 2016, ang mga magulang/tagapagalaga ng mga estudyante ay hindi na pahihintulutang magsumite ng eksemsyong dahil sa personal na paniniwala para sa mga bakunang kailangan sa kasalukuyan. Ang mga medikal na eksemsyon ay nangangailangan ng espesipikong dokumentasyon mula sa isang lisensyadong doktor (MD/DO) **BP 5141.3**

## Pisikal na Pagsusuri sa Kindergarten

Ang Programang Pangkalusugan ng Kabataan at Pagpigil sa Kapansanan (CHDP) ng California ay nag-aatas sa lahat ng mga bata nasa tamang edad para pumasok sa paaralan na magkaroon ng pagsusuri sa pangangatawan na nakarekord sa paaralan. Ito ay ginawang pangangailangan ng San Diego Unified para sa kindergarten. Ipapasa sa paaralan ang kopya ng medikal na checkup ng inyong anak kapag kayo ay nagparehistro para sa kindergarten o sa oras na ito ay makumpleto kaagad sa panahon ng kindergarten. Hinihikayat ang mga gamgulang/tagapagalagang kumuha ng pagsusuring ito bago pumasok sa kindergarten upang masiguro na ang inyong anak ay malusog at handang matuto. Ang dumadaan sa transisyong mga estudyante ng kindergarten na nagsumite ng pagsusuri sa pangangatawan ay magkukumpleto sa kinakailangang ito para sa kindergarten.

Ang mga magulang o tagapagalaga na nangangailangan ng tulong sa pagtugon sa pangangailangang ito ay maaaring tumawag sa 1-800-675-2229. Kung ang pisikal na pagsusuri ay laban sa inyong mga personal na paniniwala, kayo ay dapat na pumirma ng CHDP waiver form sa paaralan. Ang mga estudyante na hindi nakatugon sa pangangailangang ito sa mismong araw ng o bago sumapit ang naaangkop na petsa ay maaaring hindi papasukin sa paaralan ng hanggang limang araw.

**AR 5141.32**

## Pagsusuri sa Kalusugang Oral ng Kindergarten (KOHA)

Epektibo mula ika-1 ng Enero, 2007, isang Oral Health Assessment (OHA) na gagawin ng isang propesyonal sa kalusugan ng ngipin na lisensyado ng California ang kinakailangan para sa mga batang papasok sa pampublikong paaralan sa unang pagkakataon (sa kindergarden o baiting 1. Dapat kumpletuhin ang KOHA at ibalik sa paaralan sa mismong araw ng o bago sumapit ang ika-31 ng Mayo ng unang school year. Ang mga pagtatasa na isinagawa ng 12 buwan bago ang pagpasok sa paaralan ay tumutugon din sa pangangailangang ito.

Kumuha ng form mula sa paaralan o provider ng pangangalagang pangkalusugan ng ngipin upang makumpleto. Ang mga dumadaan sa transisyong estudyante sa kindergarten na magsusumite ng KOHA ay kukumpletuhin ang pangangailangang ito. Pipirma ang magulang/tagapagalaga ng waiver para sa kinakailangang ito na matatagpuan sa KOHA form na makukuha sa paaralan. Walang parusa o hindi pagpapasali kung ang pangangailangang ito ay hindi matutugunan. Ang magulang o guardian ay maaaring tumawag sa 1-800-675- 2229 para sa tulong sa paghahanap ng tagatustos para sa KOHA

## COVID-19

Ang San Diego Unified ay nagsagawa ng mahusay na pagsisikap upang gawing ligtas ang pag-aaral sa site ng paaralan. Gayunpaman, mananatili ang mga panganib, at ang mga mag-aaral ay maaaring makakontrata ng COVID-19 sa isang lugar sa paaralan. Ang mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral na may nakapailalim na mga kondisyon sa kalusugan o na nakatira sa isang sambahayan na may kasapi ng pamilya na nasa mataas na peligro, ay may responsibilidad na kumonsulta sa kanilang sariling tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan kung ang pagdalo ng on-site na pagkatuto ay para sa pinakamainam na interes ng mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pagpili ng pag-aaral sa on-site, ang mga magulang/tagapagalaga at mag-aaral ay nangangako na sumunod sa kasalukuyang mga order ng kalusugan sa publiko, mga kinakailangan, alituntunin, regulasyon, at patnubay na itinuro ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California, Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Lungsod ng San Diego, ang distrito, at iba pang awtoridad ng gobyerno upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 virus. Ang mga pampublikong kautusan sa kalusugan, mga kinakailangan, atbp. ay maaaring baguhin sa anumang oras.

Dapat matugunan ng mga mag-aaral ang mga kinakailangan para bumalik sa paaralan pagkatapos makaranas ng mga sintomas, impeksyon, positibong pagsusuri, o kwarantin, na tinukoy sa ilalim ng kasalukuyang mga patakaran sa kalusugan ng publiko. Ang kawani ng kalusugan ng distrito ay pinapanatiling napapanahon ang mga pamilya sa mga kinakailangan. Ang mga Kawani ng Tanggapan na Pangkalusugan ng distrito ay maaaring kailanganin at payagan na makipag-ugnay sa mga kwalipikadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan para sa anumang paglilinaw.

Kung ang isang mag-aaral ay nasuring may COVID-19 o positibong resulta para sa COVID-19 sa loob ng nakaraang anim na buwan, maaaring hilingin ng doktor ng mag-aaral na iwasan ang masiglang aktibidad, tulad ng palakasan, edukasyong pisikal, JROTC o banda, hanggang sa anim buwan. Responsibilidad ng magulang/tagapagalaga na suriin sa tagabigay ng gamot ng bata ang tungkol sa anumang kinakailangang pagbabago o paghihigpit. Kung ang isang mag-aaral ay nangangailangan ng isang binagong programa, dapat ipaalam ng mga magulangtagapagalaga sa nars ng paaralan at guro, coach, o direktor ng mag-aaral upang matiyak na nagawa ang mga pagbabago.

Para sa updated na impormasyon sa COVID-19 ng distrito, bisitahin ang https://sandiegounified.org/covid-19_status.

## Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit

Ang distrito ay inaatasang makipagtu-

lungan sa Ahensiya ng Kalusugan at Serbisyong Makatao ng Lalawigan ng San Diego upang mapigilan at makontrol ang mga nakahahawang sakit sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan. Kapag may mabuting dahilan para maniwalang ang isang estudyante ay may nakakahawang sakit, ang magulang o tagapagalaga ay kokontakin at ang estudyante ay pauuwiin. Ang estudyante ay maaaring bumalik sa paaralan kapag gumaling na at/o pinahintulutan ng doctor. Kung may dahilan ang estudyante para siya ay paniwalaang nakararanas ng ng kilalang nakakahawang sakit, ang estudyante ay papauwiin sa paaralan hanggang sa ang mga opisyal ng paaralan ay nasiyahan na ang estudyante ay wala nang sakit na nakakahawa. **BP/AR 5141.22**

## Patakaran sa Pediculosis (Kuto sa Ulo)

Patuloy ang problema sa mga kuto sa ulo (pediculosis) at maaaring maging mahirap makontrol sa tahanan at paaralan. Kahit na ang mga kuto at lisa (mga itlog) ay hindi banta sa kalusugan, ito ay nakakasiphayong abala. Ang agarang paggamot sa mga estudyante na may positibong pagsusuri ng mga kuto sa ulo ay nakakatiyak ng maliit na pagkaabala sa kanilang pag-aaral. Kapag ang estudyante ay tinukoy bilang may mga kuto sa ulo, siya ay pauuwiin sa katapusan ng araw ng pasukan para sa magpagamot. Tungkulin ng magulang na gamutin at kontrolin ang pagkalat ng mga kuto sa ulo. Ang susi sa tagumpay sa pagkontrol sa mga kuto sa ulo, ay ang pagtanggal ng lahat ng mga lisa pagkatapos gamitin ang pediculucide.

Pagkatapos ng paggamot sa tahanan, ang estudyante ay kinakailangang bumalik sa paaralan sa sumunod na araw, para siyasatin ng health office (tanggapan ng kalusugan). Maaaring bumalik ang estudyante sa klase sa kondisyong ang mga kuto sa ulo ay nagamot na at wala nang buhay na mga lisa sa ulo, kahit na naroroon pa rin ang mga lisa (mga itlog). Ang mga magulang/tagapagalaga ay dapat na ituloy ang pagtanggal ng lisa hanggang maresolba ang problema.

Walang ebidensya na ang mass screening (pambuong-paaralan o buong classroom na screening) ay tumutulong sa pagkontrol sa pagkalat o muling pagkalat ng mga kuto sa ulo. Ang mga magulang/tagapagalaga ay inaanyayahang isama ang ang pagsuri sa buhok ng kanilang anak bilang parte ng kanilang Gawain sa kalinisan. **BP 5141.33**

## Paggamit ng Condom

Ang HIV, sexually transmitted infections (mga impeksyong nalilipat dahil sa pakikipagtalik (mga STI), at hindi sinasadyang pagbubuntis ang mga kinokonsiderang alalhanin sa ating komunidad. Ipinapahiwatig ng mga estatistika at ulat sa pampublikong kalusugan na ang malaking bilang ng mga kabataang nasa unang yugto ng kanilang pagiging kabataan ay sangkot sa mga aktibidad na naglalagay sa kanila sa panganib ng negatibong kahihinatnan sa kalusugan (gaya ng impeksyong STI at hindi sinasadyang pagbubuntis).

Ang distrito ay nag-aalok ng edukasyon na nakatutok sa abstinensya na 100 porsiyentong epektibong pamamaraan sap ag-iwas sa impeksyon at/o pagbubuntis. Nauunawaan din ng Distrito na hindi lahat ng estudyante ay hindi makikipagtalik kaya't dapat na maturuan na ang condom na ginagamit nang tama ay talagang nagbibigay ng proteksyon laban sa sekswal na pagkahawa ng mga HIV/STI at mula sa hindi sinasadyang pagbubuntis. Sa pakikipagtulungan sa awtoridad sa pangmedikal at pampublikong kalusugan, ang Lupon ng Edukasyon ay nagpatibay ng isang patakaran upang gawing makukuha ang mga condom nang libre para sa mga estudyante humihiling na magkaroon nito, maliban kung ang mga magulang o tagapagalaga ay nakipag-ugnay sa paaralan sa paraang nakasulat na tumatanggi sa pahintulot sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat at nilagdaang liham sa nars ng paaralan anumang oras. Sa paggawa ng condom, ang distrito ay pinaniniwalaang walang pananagutan. **BP 5141.25**

## Mga Gamot, Proseso, at Akomodasyon sa Kalusugan

Isinasaad sa Kodigo ng Edukasyon ng California (E.C. 49422, 49423) na ang sinumang estudyante na kinakailangang uminom ng gamot o tumanggap ng procedure na may kinalaman sa kalusugan na inihabilin ng doktor sa panahon ng regular na araw ng pasukan ay maaaring matulungan ng uminom ng nurse ng paaralan o ng ibang itinalagang tauhan ng paaralan kung ang distrito ay nakatanggap ng:

- Isang nakasulat na pahayag mula sa doktor na nagdedetalye ng paraan, dami at mga iskedyul ng oras na ipapainom ang gamot o isasagawa ang procedure at
- Isang nakasulat na pahayag mula sa magulang o tagapagalaga ng estudyante na nagpapahintulot sa distrito ng paaralan na pangasiwaan ang pagbibigay ng gamot o pagsasagawa ng proseso.

Ang lahat ng gamot ay dapat na nakalagay sa orihinal na lalagyang mula sa botika na may orihinal na pangalan ng preskripsyong nakadikit sa lalagyan. Maaaring magdala o pangasiwaan nang mag-isa ng estudyante ang preskripsyong auto-injectable na epinephrine at mga inhaler para sa hika kung natugunan ang ilang mga kinakailangan. Ang mga magulang/tagapagalaga na humiling na pangasiwaan ng mga miyembro ng staff ng paaralan ang pagpapainom ng gamot, pagsasagawa ng proseso o pagkakaloob ng mga akomodasyong may kinalaman sa kalusugan sa kanilang anak ay makikipag-usap sa propesyonal sa kalusugang nagreseta ng gamot sa estudyante kung ang paaralan ay nangangailangan ng paglilinaw tungkol sa procedure, akomodasyon o paghahatid ng gamot, gaya ng dosis, pag-iiskedyul, mga side effect, o mga dahilan ng pagpapainom ng gamot.

Walang iba pang mga preskripsyon o over-the-counter na gamot, bitamina, damong gamot, o mga alternatibong gamot ang maaaring dalhin ng mga estudyante sa kanilang sarili, o sa backpack o iba pang lalagyan maliban sa nakasaad sa itaas at sa hayag na kaalaman at pahintulot ng nurse ng paaralan. Ang mga limitadong over-the-counter na gamot ay maaaring makuha sa ilang paaralan at maaaring maibigay lamang ng nurse ng paaralang may kredensyal o may kasanayang teknisyan sa kalusugan na may naka-file na pahintulot ng magulang o tagapagalaga.

Makipag-ugnayan sa nars ng paaralan kung kayo ay mayroong mga katanungan. Ang mga form para sa pangangasiwa ng mga gamot o procedure ay makukuha sa paaralan ng inyong anak at sa website ng sandiegounified.org/departments/nursing_and_wellness_program. **BP/AR 5141.21**

## Gamot sa Bahay

Ang magulang o tagapagalaga ng estudyante na nagpapatuloy sa pag-inom ng gamot sa bahay ay kinakailangang ipaalam sa nars ng paaralan o iba pang itinalagang empleyado ng paaralan na sertipikado sa gamot na iniinom, ang kasalukuyang dosis at pangalan ng nangangasiwang doktor. Ang impormasyon ay nililikom taun-taon ng Palitan ng Impormasyon sa Kalusugan form sa simula ng bawat taon. Kung magsisimula sa panibagong gamot sa anumang oras sa panahon ng taon ng pag-aaral, ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat ito ipaalam sa paaralan.

## Pisikal na Pagsusuri sa Sports sa Loob ng Paaralan

Kinakailangan ang isang taunang pisikal na pagsusuri para sa lahat ng mga mag-aaral sa sekondarya na lumalahok sa mga programang pang-internetiko. Ang coach o nars ng paaralan ay maaaring magsagawa ng pagsusuri sa kalusugan sa paaralan. Inirerekumenda ang kumpletong mga pisikal na pagsusuri ng isang personal na manggagamot.

Bilang karagdagan, inirekomenda ng distrito na magpasa ng mga ulat ang mga bagong mag-aaral ng kamakailang mga pisikal na pagsusulit kapag pumasok sila sa paaralan. Ang isang magulang / tagapag-alaga ay maaaring magsampa ng isang nakasulat, nakalagda na pahayag sa punongguro ng paaralan na nagsasaad na ang magulang / tagapag-alaga ay hindi papayag sa isang pisikal na pagsusuri sa bata.

## Concussions (Pagkaalog ng Utak)

Ang mga magulang / tagapag-alaga ay kinakailangang ipagbigay-alam sa nars ng paaralan kapag ang isang mag-aaral ay may concussion (pagkaalog ng utak). Sa mga araw o linggo pagkatapos ng isang pagkakalogng utak, ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng labis na pagmamasid sa paaralan upang matukoy kung nagkakaroon sila ng mga problema na kailangang tugunan. Kung ang isang mag-aaral ay nakakaranas ng mga sintomas ng concussion sa paaralan, palaging aabisuhan ang magulang / tagapag-alaga. Ang mga mag-aaral na nagkaroon ng mga sintomas ng isang concussion ay mapapansin sa paaralan at ang kanilang mga antas ng aktibidad ay sinusubaybayan bawat mga protokol ng distrito. **AR 6145.21**

## Instruksyon sa Kalusugan

Ang pagtuturo sa kalusugan sa mga larangang gaya ng nutrisyon, kalusugan ng ngipin, proseso ng sakit, ligtas na pamumuhay, paningin at pandinig, mga droga, alkohol, tabako, kalusugan ng komunidad, malusog na pangangatawan, kalusugang pangkaisipan-emosyonal, pag-aanak, mga sakit na nalilipat sanhi ng pakikipagtalik kabilang ang HIV, ay bahagi ng kurikulum ng paaralan.

Bago ang pagtuturo, ang mga magulang ay may mga oportunidad na makita muna ang mga nagbibigay-tagubilin at audio-visual na materyales na may kinalaman sa komprehensibong edukasyon sa sekswal na kalusugan at pag-iwas sa HIV. Maaaring lumiban ang estudyante sa pagtuturong may kaugnayan sa komprehensibong edukasyon sa sekswal na kalusugan at pag-iwas sa HIV at mga assessment na may kaugnayan sa edukasyong iyon sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan mula sa magulang o tagapagalaga.

## Insyurans

Ang San Diego Unified ay hindi nagbibigay ng medikal o dental na coverage sa insurance para sa mga estudyante na nasaktan sa paaralan, habang nasa hurisdiksyon ng paaralan o habang sumasali sa mga aktibidad ng distrito ng paaralan.para sa aksidenteng kapinsalaan para sa mga estudyante na sumasali sa mga awtorisadong field trip na inisponsor ng paaralan. Sa kaganapan ng kapinsalaan, makipag-ugnay sa Risk Management (Pangangasiwa ng Panganib) sa 858-627-7345 para sa mga tanong tungkol sa insurance para sa field trip. Para sa mga pamilyang walang medikal o dental na insyurans, ang mga indibidwal na polisiya sa insyurans para sa estudyante ay maaaring mabili sa makatwirang halaga sa pamamagitan ng pribadong kumpanya sa insyurans. Tumawag sa 1-800-367-5830 o bisitahin ang www.studentinsuranceusa.com.

Ang San Diego Unified at sinertipika ang klerk sap ag-eenrol na maaaring tumulong sa mga pamilyang may mababa hanggang walang pangkalusugang sakop ng gastos. Ang pagpipilian sa Healthcare ay kinabibilangan ng Medi-Cal o Covered California. Para sa impormasyon, tawagan ang 619-571-3332 o 619-665-0619. **BP 5143**

## Kaalaman sa Asbestos

Ang distrito ay nagtayo ng epektibong ptogtama sa pamamahala sa asbestosbilang pagsunod sa (AHERA), Batas sa Pagresponde sa Emerhensya ng Panganib sa Asbestos: Ang pagsisikap ay kinabibilangan ng pana-panahong anim na buwang pagsusubaybay, mandatoryong tatlong taong muling pag-inspeksyon ng mga inspektor na sertipikado ng EPA, at mga aktibidad ng patuloy na operasyon at magpapanatili upang masiguro ang pagprotekta sa mga nag-ookupa sa gusali, mga tagapag-ingat at mga manggagawa sa pagpapanatili gaya ng inirerekomenda at sinusuportahan ng EPA.

Isang kopya ng naaangkop na plano sa pangangasiwa sa paaralan ang makukuha sa bawat pasilidad at distrito ng paaralan, at maaaring repasuhin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa principal o administrador ng paaralan.

Ang mga tanong tungkol mga plano sa pangangasiwa o mga kondisyon ng asbestos ay dapat na iparating sa Safety, Training, Personnel and Environmental Compliance Department (Departamento sa Pagsunod sa Kaligtasan, Pagsasanay, Tauhan at Kapaligiran) sa 858-627-7174. **AR 3514**

## Paggamit ng Pestisidyo

Sumusunod ang distrito sa California Healthy Schools Act (Batas sa Kalusugan ng Paaralan sa California) na nag-aatas ng pag-angkop ng mga epektibo at pinakahindi nakasasamang gawaing nangangasiwa sa peste. Ang mga magulang o tagapagalaga ay maaaring humiling ng paunang abiso tungkol sa mga paggamit ng indibidwal na pestisidyo para sa kanilang paaralan. nang hindi bababa sa 72 oras bago gamitin ang mga pestisidyo. Upang makapagrehistro, kumpletuhin ang Pesticide Use Notification

Form (Form ng Abiso sa Paggamit ng Pestisidyo) sa likod ng booklet na ito o mag-rehistro online sa: sandiegounified.org/departments/integrated_pest_management/pesticide_use_notification_request

TANDAAN: Kung sakaling may emerhensya, ang kawani ng paaralan ay aabisuhan at ang mga karatula ay ipapaskil; ngunit ang mga nakalista sa rehistro ay hindi aabisuhan. **AR 3514.2**

# H. Patakaran sa Panunumbalik ng Disiplina

**BP 5144**

SAng Patakaran sa Panunumbalik ng Disiplina ng San Diego Unified ay nagtatag ng isang balangkas para sa pagbuo, pagdadalisay, at pagpapatupad ng isang kultura ng disiplina sa pagpapanumbalik ng kaaya-ayang pag-aaral sa bawat paaralan. Ang balangkas na ito ay itinayo sa suporta ng positibong pag-uugali sa buong paaralan, isang kulturang may positibong diskarte sa pagtugon, at ang sistematikong pagpapaunlad ng maingat na kinilalang mga patnubay na may istraktura para sa patas at pare-parehong pagpapatupad. Ang kahalagahan ng mga suporta sa positibong pag-uugali sa buong paaralan, at ang mga panunumbalik ay naaayon sa mga prinsipyo ng kaligtasan, responsibilidad, paggalang, pagpapahalaga sa mga pagkakaiba, katapatan, at pag-aaral sa buong buhay.

Ang polisiya ay makikita online sa www.sandiegounified.org/restorative-discipline.

Ang paaralan ay paninidigan ang sumusunod na patnubay upang matagumpay na maipatupad ang Polisiya sa Restoratbong Pandidisiplina sa San Deigo at mapanatili ang restoratibong komunidad:

- Anyayahin ang mga estudyanteng makilahok sa nauugnay na tagubilin, na may malinaw na mga kasunduan tungkol sa mga pakikipag-ugnayan sa isa't isa
- Lumikha ng mga ligtas na lugar sa buong paaralan at sa mga silid-aralan para sa lahat ng estudyante at gumamit ng diskarteng makakapanumbalik sa hustisya matapos maganap ang mga insidente na nagbabanta sa kanilang kaligtasan
- Pag-aayos at pagpapanumbalik ng mga ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral at/o matatanda pagkatapos ng pinsala upang muling maitaguyod ang mga ligtas na lugar para sa lahat
- Hikayatin ang lahat ng mga kawani na bumuo ng positibong pakikipag-ugnayan sa mga estudyane at aktibong makisali sa buhay akademiko at pagkatuto ng estudyante.
- Dagdagan ang kamalayan sa mga pag-uugali ng mag-aaral na nauugnay sa trauma, krisis, kapansanan, kaugalian sa kultura, o medikal na kondisyon, at maunawaan ang mga nag-uudyok para sa mga pag-uugaling nabanggit upang mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng estudyante.
- Itaguyod ang mataas na pamantayan ng pag-uugali sa pamamagitan ng pagtuturo, pagmomodelo, at pagmomonitor ng pag-uugali
- Ipagpares ang disiplina ng paaralan sa may makabuluhang pag-aaral ng emosyonal na panlipunang nag-aalok sa mga estudyante ng kinakailangang patnubay upang matuto mula sa kanilang mga pagkakamali at positibong mag-ambag sa kanilang pamayanan sa paaralan.

Upang masiguro ang mga epektibong ugnayan at sapat na komunikasyon sa mga bagay ukol sa pagdidisiplina sa estudyante, dapat na may pagsasaalang-alang at paggalang sa:

- Karapatan ng mga magulang/tagapagalaga na maabisuhan kapag ang kanilang anak ay nahaharap sa aksyong pandisiplina,
- Karapatan ng estudyante sa hindi pormal na pagpupulong kasama ang prinsipal o itinalaga, at
- Karapatan ng mga magulang/estudyante na i-apela ang mga pagsususpindi, pagpapatalsik, at referral sa mga alternatibong paaralan

Nagsusumikap ang San Diego Unified na mapanatiling kalahok at may kaalaman ang mga magulang/tagapagalaga. Subalit, minsan ay kailangan at naaangkop para sa mga opisyales ng paaralan at/o mga opisyales ng pagpapatupad ng batas na makipag-usap sa mga estudyante nang hindi muna inaabisuhan ang kanilang mga magulang. Ang mga opisyales na ito ay hindi kinakailangang kumuha ng pahintulot mula sa magulang bago makipag-usap sa mga estudyante hinggil sa mga bagay na tungkol sa paaralan.

## Suspensyon

Ang suspensyong sa paaralan ay isang seryoso at, sa pinakakatangian nito, kontrobersyal na pagkilos na iaangkop na may kahinahunan at pagpigil pagkatapos ng maingat na imbestigasyon at sa kawalan ng mga makatwirang alternatibo. Para sa impormasyon tungkol sa mga espesipikong paglabag na maaaring magresulta sa suspensyon at mga kaugnay na pamamaraan, magtungo sa sandiegounified.org/about/policies_procedures/student_discipline. **BP/AR 5144**

## Pagpapatalsik

Ang Kodigo ng Edukasyon ng California ay tumutukoy sa limang paglabag na nag-aatas sa prinsipal na magrekomenda ng pagpapatalsik:

- Pagdadala, pagbebenta o pagsusuplay ng armas.
- Pagwawasiwas ng kutsilyo sa ibang tao.
- Labag sa batas na pagbebenta ng kontroladong droga.
- Paggawa o pagtatangka ng sekswal na pag-atake o sekswal na pambubugbog.
- Pagdadala ng pampasabog.

Ang lahat ng iba pang rekomendasyon para sa pagpapatalsik ay nasa pagpapasya nang prinsipal at dapat tugunan ang mga karagdagang natuklasan kagaya ng nakasaad sa Kodigo ng Edukasyon ng California. **BP/AR 5144**

Ang batas ng estado ay nag-aatas ng rekomendasyon ng pagpapatalsik ng mga estudyante na natagpuang gumawa ng sekswal na pag-atake o sekswal na pambubugbog; ngunit ipinagbabawal ang pagsususpindi at pagpapatalsik ng mga estudyante na nasa mga gradong K-3 para sa pag-aasal na ito. Depende sa kalikasan ng nakumpirmang pag-aasal, ang indibidwal na katotohanan, at ang edad ng mga batang sangkot, maaaring magkaroon ng iba't ibang naaangkop na parusa. Ang naaangkop na disiplina ay pagpapasyahan ng paaralan ayon sa indibidwal na batayan para sa pag-aasal na kinasasangkutan ng mga estudyante na nasa ika-3 grado at higit pa.

# I. Pagdalo

Ang Kodigo ng Edukasyon ay nag-aatas na ang bawat batang nasa pagitan ng mga edad na 6 at 18 taon ay pumasok sa paaralan araw-araw. Pinapatunayan ng mga pag-aaral na ang pagpasok ng estudyante sa klase ay nagpapataas sa tagumpay ng estudyante.

Ang mga magulang o tagapagalaga ay responsable sa pagdalo sa klase ng kanilang anak at dapat na abisuhan ang paaralan kung ang kanilang anak ay liliban sa paaralan at kadahilanan nito. Ang mga katanggap-tanggap na dahilan para sa mga hindi pagpasok ay nakalista sa ibaba. Ang mga hindi pagpasok sa klase dahil sa mga aktibidad na gaya ng pag-aalaga ng bata, pagsama sa mga magulang sa mga gawain o pagpunta sa mga konsyerto o kaganapang pang-sports ay hindi tinatanggap.

Ang mga pagliban sa klase ng limang araw o higit pa ay maaaring mapahintulutan kung ang magulang o tagapagalaga ay humiling ng isang kontrata para sa pmalayang pag-aaral nang hindi bababa sa isang linggo bago ang hindi pagpasok. Dapat kumpletuhin ng estudyante ang kontrata sa loob ng nakatakdang timeline. Pagkatapos ng anumang pagliban sa klase, hinihiling sa mga magulang na magbigay ng beripikasyon sa pagliban sa tanggapan ng paaralan kapag bumalik ang estudyante sa paaralan. Walang estudyante ang mababawasan ng grado o mawawalan ng kredit nang dahil sa pinahintulutang pagliban. Ang estudyante na pinahintulutang lumiban ay pahihintulutang kumpletuhin ang lahat ng takdang aralin at pagsusulit na hindi nagawa sa panahon ng pagliban. Sa knakasisiyang pagkumpleto ng takdang aralin o pagsusulit, sa loob ng makatwirang haba ng panahon, ang estudyante ay bibigyan ng buong kredit. Sa makatwirang paraan, ang mga pagsusulit at takdang aralin ay magiging katumbas ng, ngunit hindi kinakailangang maging eksaktong katulad ng, mga pagsusulit at takdang araling hindi nagawa ng estudyante sa panahon ng pagliban.

## Pinahihintulutang Pagliban

**BP/AR 5113**

Ang estudyante ay papahintulutang lumiban sa paaralan kung ang pagliban ay sa kadahilanang:

- Personal na sakit o kapinsalaan.
- Pag-quarantine sa ilalim ng pag-uutos ng lungsod o medikal na opisyales ng lalawigan.
- Pagtanggap ng mga serbisyong medikal, dental, optometric o chiropractic.
- Pagtanggap ng kumpidensyal na medikal na serbisyo nang walang pahintulot ng mga magulang o tagapagalaga ng estudyante (alinsunod sa batas at mga regulasyon ng Titulo X.)
- Pagdalo sa libing ng isang miyembro ng sariling pamilya, isang araw kung ang serbisyo ay nasa California at tatlong araw kung nasa labas ng California.
- Panghuradong katungkulan sa paraang isinasaad ng batas.
- Sakit o medikal na paghirang sa oras ng klase ng bata kung saan ang estudyante ang tagapangalagang magulang
- Paggugol ng panahon kasama ang miyembro ng sariling pamilyang isang aktibong nakaduty na miyembro ng militar, at tinawag para sa tungkulin, o nasa pagpapaliban, o agad na umuwi mula sa deployment sa isang labanan o posisyong sumusuporta sa labanan.
- Pagsali sa industriyang panlibangan katulad ng nakasaad sa ilalim ng Kodigo ng Edukasyon. Ang mga estudyanteng may mga ganitong permiso sa trabaho ay maaaring mapahintulutang lumiban nang hindi hihigit sa limang magkakasunud-sunod na araw, na may pinakamaraming limang pagliban sa bawat taon.

Ang makatarungang personal na kadahilanan ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, pagharap sa korte, pagpunta sa libing, pag-obserba sa relihiyosong bakasyon o pagdalo sa pagpupulong ng mga trabaho kung ang pagliban ng estudyante ay nakasulat sa kahilingan mula sa magulang at inaprubahan ng prinsipal o nakatalagang kinatawan.

Ang batas ng California ay nagsasaad na ang miyembro ng "agarang pamilya" bilang nanay, tatay, lola, lolo, o asawa ng estudyante, anak, kapatid, o kahit sinong kamag-anak na naninirahan sa tahanan ng agarang tahanan ng estudyante.

## Pagliban sa Paaralan dahil sa Sakit

Ang ilang mga esudyante na may paulit-ulit o kasalukuyang may problema sa kalusugan ay maaaring makaligtaan ang maraming araw ng pagpasok. Kapag ang isang mag-aaral ay nakaligtaan ang 10% o higit pa sa mga araw ng pag-aaral dahil sa sakit, ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring mangailangan ng mga magulang/tagapagalaga na magbigay ng paliwanag mula sa doktor tungkol sa mga isyu sa kalusugan na pumipigil sa mag-aaral na pumasok sa paaralan upang mapanatili ang pagdalo ng estudyante sa paaralan. Ang komunikasyong ito ay makatutulong sa mga tauhan ng kalusugan ng paaralan na maunawaan ang pinagbabatayan ng medikal na isyu upang maaari nilang tuklasin kung paano matutugunan ang mga pangangailangan

sa kalusugan at pang-edukasyon ng mag-aaral. Ang mga tauhang pangkalusugan at pang-edukasyon sa paaralan ay makikipagtulungan sa magulang/tagapagalaga ng estudyante at namahalang doktor nito upang magdisenyo ng isang pasadyang plano na nakakatugon sa mga pangangailangan sa kalusugan at pang-edukasyon ng estudyante.

### Pagbubulakbol

Alinsunod sa Kodigo ng Edukasyon ng California, ang estudyanteng hindi dumalo sa klase nang walang mabisang dahilan ng tatlong buong araw sa isang taon ng pag-aaral o nahuling hindi pumasok nang mahigit na 30 minuto sa araw ng pasukan nang walang mabisang dahilan sa tatlong pagkakataon sa isang school year, anumang kumbinasyon nito, ay ituturing na pagbubulakbol.

Ang mga pamilya ay maaaring tumanggap ng isang Liham ng Paunawa sa Pag-uuri bilang Pambubulakbol mula sa paaralan o distrito para sa sinumang estudyante na tumutugon sa kahulugang nabanggit. May suporta para sa mga estudyante at pamilyang nahihirapan sa mga balakid sa regular na pagpasok sa klase.

Kung patuloy na magiging isyu ang pambubulakbol sa kabila ng mga pagsusumikap na mamagitan, ang estudyante ay maaaring maituring na laging nagbubulakbol, at ang Ikalawang Liham ng Paunawa sa Pambubulakbol (Habitwal) ay maaaring ilabas. Sa pagkakataong ito, hihilingin ang isang pagpupulong ng konseho ng paaralan o iba pang itinalaga ng paaralan kasama ang (mga) magulang o (mga) legal na tagapagalaga at ang estudyante upang talakayin ang isyu sa pagpasok sa klase at bumuo ng plano upang tugunan ito at pagbutihin ang pagdalo sa klase

Kung ang pagbubulakbol ay patuloy pa ring maging isyu, ang estudyante ay maaaring maitukoy sa programa ng pamamagitan o paglilihis sa pambubulakbol ayon sa Kodigo ng California Ed.

## J. Teknolohiya

Ang 1:1 na inisyatiba ng San Diego Unified ay lumilikha ng pantay na pagkakataon sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng mga mag-aaral ng isang kagamitan para magamit sa loob at labas ng silid aralan. Anumang oras, kahit saan gawin ang pag-access sa mga digital na kagamitan ay isang pagbabago sa daloy ng pagkatuto. Pinapayagan nitong magtulungan ang mga guro, mag-aaral, at pamilya at magamit ang mga bagong pagkakataon para sa isinapersonal na pag-aaral. Sa madaliang pag-access sa teknolohiya, nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagkauto sa pamamagitan ng mahalagang mga aktibidad upang maging malikhaing tagaresolba ng problema at kakayahang makipag-ugnayang global sa patuloy na nagbabagong mundo. Para sa karagdagang impormasyon at suporta sa teknolohiya, bisitahin ang https://sites.google.com/sandi.net/instructionalcontinuityit/technology-support-for-families . **SBP 6163.4**

Ang distrito ay nagpapatuloy sa paggamit ng isang kagamitang may modelong pang take-home para sa taong-aralan 2022-23 na pamamahalaan sa bawat lugar ng paaralan. Inaasahan na ang mga estudyante ay ang pangunahing gagamit ng kanilang account/aparato, nang may wastong pangangalaga sa gamit, at dalhin ito ng buo ang baterya sa paaralan bawat araw. Inaasahan na sundin ng mga mag-aaral ang mga kasanayan sa digital na pagkamamamayan at gamitin ang aparato para sa mga hangaring pang-edukasyon. Kung may mga problemang lumitaw sa aparato, kailangang iulat ng mga estudyante ang mga isyung iyon nang agaran sa kanilang paaralan.

Ang multa ay maaaring tasahin kapag ang isang aparato ay sadyang nasira, nasira dahil sa skapabayaan, o hindi pagbalik sa kahilingan ng opisyal ng paaralan. Ang prinsipal ay maaaring magsingil ng $100 para sa device at $15 para sa charger. **BP 3260.2, AR 3260.2**

**Ang paggamit ng kagamitang ibinigay ng paaralan para sa layuning hindi pampaaralan ay pinahihintulutan ngunit hindi dapat makagambala sa pang-akademikong paggamit ng mag-aaral. Maaaring walang inaasahang pagkapribado habang ginagamit ang device. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay hinihikayat na subaybayan ang kanilang mga mag-aaral sa kanilang mga aktibidad.**

**Ang paggamit ng SandiNet at ng internet ay isang pribilehiyo at hindi karapatan, at ang hindi tamang paggamit ay magreresulta sa pagkansela ng mga pribilehiyong iyon. Ang pangasiwaan, mga guro at/o kawani ay maaaring humiling sa tagapangasiwa sa sisteman ng lugar o tagapangasiwa sa seguridad ng distrito, na tanggihan, bawiin o suspindihin ang espesipikong access ng gumagamit.**

Ang estudyante ay maaaring magkaroon ng access sa:

- Impormasyon, mga online database at balitang mula sa iba't ibang mapagkukunan at mga institusyon sa pananaliksik;
- Software at pampublikong domain/ shareware na software sa lahat ng uring ipinagkaloob ng distrito;
- Iba't ibang web-based at mga software program upang ilathala ang content sa web;
- Mga kolaboratibong web-based program para sa layunin ng pag-aaral na nakabase sa proyekto; at
- Mga kursong online at kurikulum, pang-akademikong software at mga elektronikong mapagkukunan ng suporta sa pag-aaral.

Ang estudyante ay dapat na may access din sa email, pangkat talakayansa iba't ibang paksa, pag-aanunsyo sa ilang website, limitadong sosyal medya, at karagdagang mapagkukunan na binigay ng indibidwal na paaralan o guro.

Ang bawat estudyante ay bibigyan ng isang indibidwal na account na magagamit para sa layunin ng pag-access sa mga aplikasyon at serbisyong online. Irerehistro ng distrito ang account ng estudyante sa iba't ibang mga nagbibigay ng serbisyo at maaaring manghingi ng pangunahing personal na impormasyon kung kinakailangan upang magbigay ng isang serbisyo. Kapag kakailanganin ng mga tuntunin ng serbisyo at /o batas, ang distrito ay maaaring magbigay ng pahintulot upang magawang magamit ang mga serbisyo para sa mga mag-aaral na wala pa sa tiyak na edad.

Kapag humiwalay ang estudyante mula sa distrito, ang kanilang account ay hindi na mapapagana at ang lahat ng nilalaman na naka-save sa loob ay maaaring mabura. Hinihimok ang mga mag-aaral na gumawa ng mga personal na kopya ng mga nilalaman na nais nilang panatilihin bago ang paghihiwalay.

### Responsibilidad

Ang San Diego Unified ay nagsasagawa ng makatuwirang pag-iingat upang paghigpitan ang pag-access sa “delikadong bagay” at mga materyal na hindi sumusuporta sa mga naaprubahang layuning pang-edukasyon. Ang mga guro at kawani ay pipili ng mga mapagkukunan sa internet na angkop para sa pagtuturo sa silid aralan at/o pagsasaliksik para sa mga pangangailangan, kapanahunan, at kakayahan ng mga mag-aaral. Walang responsibilidad ang distrito para sa kawastuhan o kalidad ng impormasyon mula sa mga mapagkukunan sa internet. Ang paggamit ng anumang impormasyong nakuha sa pamamagitan ng internet ay nasa peligro ng gumagamit.

### Mga Ipinagbabawal na Paggamit

Ang paglipat ng anumang materyal bilang paglabag sa anumang pederal na batas o batas ng estado at patakaran ng distrito ay ipinagbabawal. Ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pamamahagi ng:

- Impormasyong lumalabag o nanghihimasok sa mga karapatan ng ibang tao;
- Pambubulas sa pamamagitan ng paggamit ng mga teknolohiya(cyber-bullying);
- Mapanirang-puri, hindi tama, mapang-abuso, malaswa, lumalapastangan, nauugnay sa seks, mapanakot, nakakasakit sa ibang lahi o ilegal na materyal;
- Mga anunsyo, pangingilak, pakikipagnegosyo o pampulitikang paglo-lobby;
- Impormasyong nanghihikayat ng paggamit ng mga kontroladong droga o paggamit ng sistema para sa layunin ng pag-uudyok ng krimen;
- Materyal na lumalabag sa mga batas sa copyright. BP 6162.6, AR 6162.6
- Angbandalismo,hindipinahihintulutang pag-access, “hacking,” o pakikialam at pagbabago sa hardware o software, kabilang ang “mga virus” o piniratang software, ay mahigpit na ipinagbabawal (Kodigo Penal, Seksyon 502);
- Anumang pagtatangkang i-bypass o iwasan ang pagpili ng nilalaman at pagsubaybay sa paggamit ng network/ kompyuter.
- Pakikielam sa Pang-operang Sistemang naka-install.
- Hindi pinahihintulutang pag-access sa anumang computer system kabilang ang kapag ginagawa ito sa mga kredensyal na pag-aari ng ibang indibidwal.

Ang hindi tamang paggamit ay maaaring magresulta sa pagkansela ng mga pribilehiyo sa network. Maaaring isara ang account sa anumang oras kung maituturing na kailangan. Depende sa kalubhaan ng pagkakasala, ang anumang kumbinasyon ng mga sumusunod na patakaran/pamamaraan ay ipapatupad: Kodigo ng Edukasyon, mga pamamaraan ng distrito, disiplina ng paaralan/patakaran sa paggamit ng network o pag-refer baay sa pagpapatupad ng batas.

### Pribilehiyo

Ang paggamit ng SandiNet at sa internetay isang pribilehiyo, hindi isang karapatan. Ang hindi naaangkop na paggamit ayon sa mga inaasahangpag-uugali na itinakda ng kalooban sa site ng paaralan ay makakatanggap ng mga pagwawasto hanggang sa at kabilang ang pagkansela ng mga pribilehiyong iyon. Ang administrasyon, mga guro, at/o ibang kawani ay maaaring humiling sa administrator ng

| Uri ng Programa | Katangian |
|---|---|
| Programa sa Pagkamit ng Wika (Nag-aaral ng Ingles) | **Ang mga Regulasyon ng California Code, seksyon 11309, ay nangangailangan ng anumang nakamit na programa sa wika ay:**<br>• Dinisenyo gamit ang pananaliksik na nakabatay sa ebidensya at parehong Itinalaga at Pinagsamang Pag-unlad sa Wikang Ingles<br>• Paglaan ng sapat na mapagkukunan sa lokal na ahensya ng edukasyon (LEA) na magreresulta sa mabisang pagpapatupad, kasama, ngunit hindi limitado sa, mga sertipikadong guro na may naaangkop na mga pahintulot, kinakailangang mga materyales sa pagtuturo, kaugnay na propesyonal na pag-unlad para sa ipinanukalang programa, at mga pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan ng magulang at pamayanan upang suportahan ang mga iminungkahing layunin ng programa<br>• Sa loob ng resonableng panahon ay magreresulta sa:<br>-Kakayahang nasa gradong-antas ng pagkasanay sa Ingles, at, kapag ang modelo ng programa ay may kinabibilangang pagkatuto sa ibang wika, at husay sa ibang wika.<br>-Nakamit ang mga pamantayang akademikong pinagtibay ng estado sa Ingles, at,kapag ang modelo ng programa na may kasamang pagkatuto sa ibang wika, mga nakamit ng pinagtibay ng estadong may pang-akademikong nilalaman sa ibang wika ni iyon. |
| Programa sa Wika (Hindi nag-aaral ng Ingles) | • Ang mga programa sa wika ay nag-aalok sa mag-aaral na hindi mga nag-aaral ng Ingles ng mga pagkakataon na maturuan ng mga wika maliban sa Ingles.<br>• Maaring magbigay-daan sa kasanayan sa iba pang wika maliban sa Ingles. |

sistema ng site na limitahan, tanggihan, bawiin, o suspindihin ang mga partikular na access ng user.

Lahat ng aktibidad sa mga device ng distrito at network ay naitala at sumasailalim sa pagsusuri. Ang mga ulat ng aktibidad ay maaaring ma-access ng iba't ibang opisyales ng paaralan at maaaring ibahagi sa magulang/tagapag-alaga, tagapagpatupad ng batas,o iba pang panlabas na nilalang kapag natukoy na kailangan upang mapanatili ang mag-aaral at kaligtasan ng mga tauhan

### Patakaran at Pag-uugali sa Network

Ang paggamit ng SandiNet at internet ay nag-aatas sa mga estudyante na sumunod sa mga patakaran sa paggamit at pag-uugali ng network at tuntunin sa magandang asal:

• Maging magalang. Huwag magpadala kaninuman ng mga mapang-abusong mensahe.

• Gumamit ng naaangkop na wika. Ang anumang may kinalaman sa mga ilegal na aktibidad ay mahigpit na ipinagbabawal.

• Panatilihin ang pagkapribado. Huwag magsiwalat ng personal na adres, mga numero ng telepono, mga personal na web site o mga larawan ng inyong sarili o ibang tao. Bago maglathala ng larawan ng estudyante, unang pangalan, o trabaho sa internet, ang paaralan ay dapat magkaroon ng liham ng pagpapahintulot mula sa magulang ng estudyante sa paglalathala ng file.

• Igalang ang mga copyright. Ang lahat ng impormasyon at komunikasyong maa-access sa pamamagitan ng network ay ipinapalagay na pag-aari ng may-akda at hindi dapat na muling magamit nang wala ang kanyang pahintulot

### Cyber na Pambubulas

Ang cyber-bullying ay ang paggamit ng anumang kagamitan sa elektronikong komunikasyon upang magparating ng mensahe sa anumang anyo (text, imahe, audio, o video) na nananakot, nanghaharas, o kaya ay naglalayong manakit, mang-insulto, o manghiya ng iba sa isang sinadya, paulit-ulit, o nakikipag-away at hindi kanais-nais na paraan. Ang paggamit ng mga kagamitan sa personal na komunikasyon o ari-arian ng distrito upang i-cyber-bully ang isang tao ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa pagkansela ng mga pribilehiyo sa network at/o aksyong pandisiplina. Ang cyber-bullying ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

• Pagkakalat ng impormasyon o larawan upang manghiya;

• Mainit na hindi patas na argumento online na kinabibilangan ng pagsasabi ng mga bastos, nang-iinsulto o bulgar na komento;

• Paghihiwalay sa isang indibidwal sa kanyang kasamang grupo;

• Paggamit ng screen name ng ibang tao at pagpapanggap bilang taong iyon; at

• Pagpasa ng impormasyon o mga larawan na dapat ay pribado.

### Bandalismo

Ang bandalismo ay magreresulta sa pagkansela ng mga pribilehiyo. Ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pag-upload o paglikha ng mga virus sa kompyuter, mga pag-atake na nagta-target sa mga sistema ng distrito o anumang aksyong nagdudulot ng pandaigdigang pagkaabala sa mga serbisyo sa network.

### Cellphone at mga Kagamita para sa Komunikasyong Mobile

Ang mga estudyante ay pinapahintulutang magdadala at gumamit ng cellphone, pager at iba pang mga kagamitang may elektronikong signal sa mga kampus ng paaralan at mga bus ng paaralan, sa mga aktibidad na inisponsor ng paaralan, at habang nasa pamamahala at kontrol ng mga empleyado ng distrito sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:
• Ang lahat ng estudyante (K-12) ay maaaring gumamit ng mga device na ito sa kampus bago magsimula ang klase at pagkatapos ng klase.
• Ang mga estudyante sa high school, baitang 9-12, ay maaaring gamitin ang mga ito sa panahon ng tanghalian.
• Ang mga device ay dapat itago at i-off sa panahon ng pagtuturo at sa klase.
• Ang hindi pinahihintulutang paggamit ay dahilan para makumpiska ang device ng mga opisyal ng paaralan, kabilang ang mga guro ng klase.
BP 6980

### PowerSchool

Ang PoweSchool na Portal ng Magulang at Estudyante ay nagbibigay sa magulang/tagapagalaga ng ligtas na pag-access sa internet sa malawakang sakop ng mahahalagang datos kagaya ng:
• Pagkakaroon ng access ng mga magulang/tagapagalaga/estudyante sa mga iskedyul ng klase, pagdalo, grado, takdang-aralin sa klase, mga komento ng guro, at mga email ng guro.

• Madaliang pag-access ng mga magulang/tagapag-alaga ang mga abiso ng paaralan, mga form, at mga ulat ng marka ng pagsusulit.
• Maaaring mag-subscribe ang mga magulang/tagapag-alaga upang makatanggap ng mga abiso sa email ng kasalukuyang mga marka ng mag-aaral, dumalo sa sayaw, at mga takdang-aralin sa klase.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.sandi.net/itd/powerschoolportal.

## K. Programa sa Wika at Pagkuha ng Iba pang Wika

Ang mga magulang / tagapag-alaga ng mga (EL) Nag-aaral ng Ingles ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa mga limitadong programa sa kasanayan sa Ingles, kasama na ang dahilan sa pagkilala sa kanilang estudyante bilang isang EL; ang pangangailangan para sa paglalagay sa isang programang pang-edukasyong nagtuturo ng wika; antas ng kasanayan sa Ingles ng mag-aaral at kung paano masuri ang antas; ang pang-akademikong katayuang nakamit ng estudyante; ang mga pamamaraan ng pagtuturo na ginamit sa programa; kung paano matutugunan ng inirekumendang programa ang mga pangangailangan ng mag-aaral; pagganap ng programa at paunang pagpapatala; at ang inaasahang rate ng paglipat ng hindi na EL sa isang silid-aralan.

Nag-aalok ang San Diego Unified ng mga programa sa pagtamo ng wika at mga programa sa wika. Ang mga magulang/tagapagalaga ay maaaring pumili ng isang programa na pinakaangkop sa kanilang anak.

**Programa sa Pagtatamo ng Wika** ay idinisenyo upang matiyak na ang pagkuha ng Ingles ay nangyayari nang mabilis at mabisa hangga't maaari. Nagbibigay ang mga ito ng tagubilin sa mga nag-aaral ng Ingles batay sa mga nilalamang pamantayan ng akademikong pinagtibay ng estado, kabilang ang pag-unlad ng wikang Ingles. Ang lahat ng mga site ng distrito ay dapat magbigay ng pagpipiliang programa ng Structured English Immersion para sa mga nakatalang nag-aaral ng Ingles.

### Programa sa Imersyon ng Istrukturang Ingles (SEI)

Isang programa sa pagtamo ng wika para sa mga nag-aaral ng Ingles kung saan halos lahat ng tagubilin sa silid-aralan ay ibinibigay sa Ingles, ngunit may kurikulum at isang pagtatanghal na idinisenyo para sa mga estudyante na natututo ng Ingles. Sa minimum, ang mga estudyante ay inaalok ng Itinalagang ELD at binigyan ng pag-access upang magraduhan ang nilalaman ng antas ng pang-akademikong paksang may Integrated ELD.

### Programa sa Dalawahang Wikang Imersyon (Ingles/Espanyol/Pranses) (DLI)

Isang programa sa pagtamo ng wika, na tinukoy din bilang Two-Way Immersion (Dalawang Pamamaraang Imersyon), na nagbibigay ng pag-aaral ng wika at pang-akademikong panuto para sa mga katutubong nagsasalita ng Ingles at katutubong nagsasalita ng ibang wika na may mga layuning makakamit ng mataas sa larangan ng akademiko, una at pangalawang kasanayan sa wika, at cross-cultural na pag-unawa. Ang program na ito ay nagsisimula sa Transisyonal Kindergarten / Kindergarten (TK / K) at nagpapatuloy sa ika-anim na baitang. Ang mga Programa sa Dalawahang Wika ay lumilikha ng mga pagkakataon para sa mga estudyante na ipagdiwang at igalang ang pagkakaiba-iba at gamitin ang karanasan sa silid-aralan bilang isang pagkakataon na kumonekta sa lipunan at akademiko.

Ang mga mag-aaral na nakatala sa mga programang ito ay maaaring makakuha ng California State Seal of Biliteracy. Iba pang impormasyon sa www.cde.ca.gov/sp/el/er/sealofbiliteracy.asp

• Adams 90:10, Balboa 50:50, Chavez 50:50,Cherokee Point 90:10,Encanto 50:50, Field 90:10,Kimbrough 50:50,Fay 90:10, Golden Hill 50:50,Language Academy 90:10, Sherman 50:50, Boone90:10

### Transisyonal Bilinggwal na Programa (Ingles/Espanyol)

Isang programa sa pagtamo ng wika para sa mga nag-aaral ng Ingles na nagbibigay ng tagubilin sa mga mag-aaral na gumagamit ng Ingles at katutubong wika ng isang mag-aaral para sa pagkatuto at pang-akademikong pag-aaral, na nagbibigay-daan sa isang mag-aaral ng Ingles na makamit ang kasanayan sa Ingles at matugunan ang mga akademikong hangaring pinagtibay ng estado. Ang program na ito ay nagsisimula sa TK/K at nagpapatuloy sa ikatlong baitang kung saan ang mga estudyante ay lumilipat sa may tagubilin na nasa Ingles lamang.

### Pang-unlad na Bilinggwa na Programa (Ingles/Espanyol)

Isang programa sa pagtamo ng wika para sa mga nag-aaral ng Ingles na nagbibigay ng tagubilin sa mga mag-aaral na gumagamit ng Ingles at katutubong wika ng isang mag-aaral para sa pagkatuto at pang-akademikong pag-aaral, na nagbibigay-daan sa isang mag-aaral ng Ingles na makamit ang kasanayan sa Ingles at matugunan ang mga akademikong hangaring pinagtibay ng estado. Ang program na ito ay nagsisimula sa TK/K at nagpapatuloy sa pagtamo ng layunin ng biliteracy sa ika-limang baitang.

### Programa sa Landas ng Dalawahang Wika sa mga nasa Panggitnang Paaralan

Ang mga sumusunod na paaralan ay nag-aalok ng programang sumusuporta sa mga programa sa elementarya ng dalawahang wika. Ang mga nilalaman sa kurso ay itinuro sa kaukulang target na wika. Ang mga mag-aaral na nakatala sa mga programang ito ay maaaring magkaroon ng pagkakataon na makuha ang California State Seal of Biliteracy sa hayskul.

• **Espanyol:** Bell Middle, Clark Middle, Golden Hill K-8, Innovation Middle, Knox Middle, Longfellow K-8, Mann Middle, Millennial Tech Middle, Montgomery Middle, Muir Language Academy K-8, Pershing Middle, Roosevelt Middle, Taft Middle, Logan Memorial EC, and Wilson Middle

• **Pranses/Espanyol:** Language Academy K-8

• **Mandarin:** Pacific Beach Middle

### Mga Programa sa Wika

Ang mga programang multilingguwal na nag-aalok ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na matutunan ang mga wika maliban sa Ingles.

**Ang Programa sa Imersyon ng Dayuhang Wika,** na tinukoy din bilang Isahang-Daang Programang Imersyon, ay idinisenyo para sa mga mag-aaral na nagsasalita ng Ingles upang makatamo ng pangalawang wika. Ang San Diego Unified ay nag-aalok ng One-Way Immersion Programs:

• **Espanyol:** Boone Elementary, Gage Elementary, John Muir Language Academy K-8, Language Academy K-8, Longfellow K-8, at Tierrasanta Elementary

• **Pranses:** Language Academy K-8

• **Mandarin:** Barnard Mandarin Magnet Elementary at Pacific Beach Middle

Ang pag-enrol sa isang Wika at/o Programa sa Pagkamit ng Wika: Ang mga residente sa lugar ng isang paaralan ay maaaring direktang magpatala sa isang programa sa paaralan. Ang mga hindi residente na nais na ipatala ang kanilang anak sa isang programa sa pagkamit ng wika o programa sa wika, at/o mga pamilyang interesado sa mga programang Magnet ay dapat magpasa ng isang aplikasyon na Pagpipilian at tatanggapin sa loterya ng Pagpipilian. Ang pagpapatala sa isang programa sa wika sa mga usmunod sa unang baitang ay maaaring mangailangan ng pagpasa sa isang pagsubok sa husay.

Ang mga sumusunod na site ay walang hangganan: Elementarya ng Barnard Mandarin, John Muir Wikang Akademya K-8, Wikang Pang-akademya K-8, and Longfellow K-8. Ang mga estudyante ay pwedeng makapag-entol sa pamamagitan ng pagiging tanggap sa loterya ng Pinagpipilian.

Ang mga magulang/tagapagalaga ay maaaring makipag-ugnayan sa mga indibdwal na mga site ng paaralan upang makakuha ng impormasyon sa pagpapatala sa isang tiyak na site. Para sa pangkalahatang impormasyon sa pagpapatala at Pagpipili, bisitahin ang https://sandi-

egounified.org/departments/neighborhood_schools_and_enrollment_options o tawagan ang Neighborhood Schools at opisina ng Enrollment Options sa (619) 260-2410 o eoptions@sandi.net.

### Paano Humiling ng Pagpapatatag ng Bagong Programa sa Paaralan

Ang mga magulang/tagapagalaga ay may karapatang humiling ng isang programa sa pagkamit ng wika para sa kanilang anak. Upang humiling ng isang programa sa isang paaralan, ang mga magulang/tagapagalaga ay maaaring magpasa ng isang pasalita o nakasulat na kahilingan sa pangunahing tanggapan ng paaralan. Dapat itala ng mga paaralan ang mga kahilingan sa programa sa pagkuha ng pasulat at pasalitang kahilingan sa programa sa pagtamo ng wika at panatilihin ang isang tala ng lahat ng mga kahilingang ipinasa sa taunang batayan. Kung ang mga magulang/tagapagalaga ng 30 mag-aaral o higit pa bawat paaralan, o 20 mag-aaral o higit pa sa anumang baitang ay humiling ng isang programa sa pagkamit ng wika o isang programa sa wika, hihilingin sa paaralan na mag-alok ng naturang programa sa abot ng makakaya.

### Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Komunidad

Ang mga magulang/tagapagalaga ay maaaring magbigay ng input tungkol sa mga programa sa pagkamit ng wika at/o mga programa sa wika sa panahon ng pagbuo ng Local Control and Accountability Plan (LCAP) [Plano sa Lokal na Pagkontrol at Pananagutan]. Kung interesado sa ibang programang nakalista sa itaas, ang mga magulang/tagapagalaga ay maaaring mag-email sa Office of Language Acquisition (OLA) [Opisina ng Pagkamit ng Wika] sa ola@sandi.net para sa karagdagang impormasyon.

### Opt-Out na mga Waiver

Bagamat may obligasyon ang mga paaralan na maglingkod sa lahat ng mga mag-aaral ng EL, ang mga magulang/tagapagalaga ng mga nag-aaral ng Ingles ay may karapatang tanggihan o mag-opt out sa programa ng EL sa isang paaralan o mga serbisyo ng EL. Ang form sa pag-opt-out sa mga serbisyo ng EL ay dapat na kumpletuhin nang taunan sa paaralan. Makikita ang mga opt-out form sa https://sandiegounified.org/departments/ola.

Kung ang mga magulang/tagapagalaga ay hindi sumali sa programa ng EL sa isang paaralan o partikular na mga serbisyo ng EL, mananatili ang kanilang anak sa katayuan bilang mag-aaral sa Ingles at dapat na magpatuloy na kumuha ng taunang English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC) Mga Pagsusuri sa Kakayahang Wika sa Ingles para sa California hanggang sa sila ay muling mauri bilang sanay mag-Ingles.

Nananatiling obligado ang paaralan na gawin ang mga nagpapatunay na hakbang na hinihiling ng Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 at ang mga naaangkop na aksyong hhumihiling ng Equal Education Opportunity Act (Batas sa Pantay na Oportunidad) ng 1974 upang mabigyan ang mga mag-aaral ng EL ng pag-access sa mga programang pang-edukasyon .

# L. Mga Form at Instruksyon

*Ang kinakailangang Pangkalahatang Form at ang opsyonal na form ng Pang-aabiso sa Paggamit ng Pestisidyo ay kasama sa booklet na ito sa mga sumusunod mga pahina. Ang ilang mga paaralan ay nagbibigay ng mga naka-print na form na ito nang hiwalay para sa iyong kaginhawahan.*

San Diego Unified SCHOOL DISTRICT

## Form sa Pag-abiso sa Paggamit ng Pestisidyo (Opsyonal)

Nabago noong Hunyo 2022

**Listahan ng IPM Pestisidyo ng San Diego Unified**

| PESTISIDYO | AKTIBONG SANGKAP |
|---|---|
| Altosid XR | Methoprene |
| Avert | Abamectin B1 |
| Barricor SP | Deltamethrin |
| Bora-Care | Disodium Octaborate Tetrahydrate |
| Borid | Orthoboric acid |
| Crossfire Concentrate | Clothianidin\Metofluthrin |
| Ditrac | Diphacinone |
| Drione | Pyrethrin |
| EcoExempt IC2 | Rosemary Peppermint Oil |
| Fusilade II | Fluazifop-P-Butyl |
| Gopher getter type 2 | Diphacinone |
| Ground squirrel bait | Diphacinone |
| In2Mix | Pyriproxyfen |
| JT Eaton Answer Gopher Bait | Diphacinone |
| Knighthawk | Prodiamine |
| Muaget Imicide | Imidacloprid |
| Maxforce ant bait station | Fipronil |
| maxforce ant bait gel | Fipronil |
| Maxforce roach bait station | Fipronil |
| Maxforce roach bait gel | Fipronil |
| Mecomec 2.5 | Potassium salt of (+)-R-2- (2-methyl-4-chlorophenoxy) propionic acid |
| Microcare | Pyrethrin |
| No Foam A | Alkyl phenol ethoxylate, Isopropanol |
| NyGuard IGR Concentrate | 2-[1-Methyl-2-4-(4-phenoxyphenox) ethoxy] pyridine |
| Ornamec | Fluazifop-P-Butyl |
| Phantom | chlorfenapyr |
| PT Wasp-Freeze II | Prallethrin |
| Pyrocide 300 | Pyrethrin |
| Ranger Pro | Glyphosate |
| Reward | Diquat dibromide |
| Sedgehammer | Halosulfuron-methyl |
| Talstar | Bifenthrin |
| Tempo ultra WP | B-cyfluthrin |
| Tengard | Permethrin |
| Termidor | Fipronil |
| Weed Rot | Citric acid, Sodium Lauryl sulfate |

**Kahilingan sa Abiso sa Paggamit ng Pestisidyo (OPSYONAL)**

Upang maisama sa pagpapatala ng abiso, kumpletuhin ang form na ito at bumalik sa address ipinapakita sa ibaba, o isumite sa elektronikong paraan sa https://www.sandiegounified.org/node/1557

**Kung ayaw mong maabisuhan, mangyaring huwag pansinin ang abisong ito**

Ang San Diego Unified Schools ay sumusunod sa Healthy Schools Act of 2000 na nangangailangan ng paggamit ng epektibo at hindi gaanong nakakalason na mga kasanayan sa pamamahala ng peste, at nagbibigay ng taunang abiso sa lahat ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral na nakatala sa isang paaralang distrito na may listahan ng lahat ng mga pestisidyo na maaaring ilapat sa kanilang site.

Ang mga magulang o tagapag-alaga ay maaaring humiling ng paunang abiso ng mga indibidwal na aplikasyon ng pestisidyo para sa kanilang paaralan. Ang mga nakalista sa registry na ito ay aabisuhan nang hindi bababa sa 72 oras bago ilapat ang mga pestisidyo. Sa isang emerhensiyang nangangailangan ng pag-spray ng mga pestisidyo, aabisuhan ang site na maglalagay ng mga palatandaan; gayunpaman, ang mga nakalista sa registry ay hindi aabisuhan.

**Pakiusap na I-print**

*(Ang mga abiso ay hindi ipapadala nang hindi nababasa o hindi kumpletong ang kahilingan.)*

Petsa:

Paaralan or Sentro ng Daycare: *(walang abrebasyon)*

Pangalan ng Estudyante:

Pangalan ng Magulang/Tagapagalaga:

Iyong Adrress na Pagpapadalhan: *(Ilagay ang lungsod at zip code)*

Email:

Mas gusto kong maabisuhan sa ☐ Email ☐ U.S. Mail

Sa paglagda sa ibaba, naiintindihan ko na sa kahilingan, ang distrito ng pampublikong paaralan o sentro ng daycare ng mga batang nakalista ay kinakailangang mag-supply ng impormasyon tungkol sa indibidwal na aplikasyon ng pestisidyo nang hindi bababa sa 72 oras bago mag-apply.

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, naiintindihan ko rin ang aking responsibilidad na humiling ng abiso sa taunang batayan. Ang tanggapan ng Pinagsama-samang Pamamahala sa Peste ay **magsisimulang** tumanggap ng mga kahilingan sa Agosto 1 ng bawat kasalukuyang taon ng pag-aaral.

**Lagda:**

**Ibalik nang kumpleto ang form sa pamamagitan ng U.S. Mail patungong:**

PPO/Integrated Pest Management
4860 Ruffner St. San Diego, CA 92111-1522

*Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang MWW.sandieoounified.oro/inteorated-pest-manaoement*

### Abiso sa Paggamit ng Pestisidyo

PAKIUSAP NA KUMPLETUHIN, KUNG NAAANGKOP. AT PAKIPALIK SA:

Physical Plants Operation Center
4860 Ruffner St.,
San Diego, CA 92111-1522
Attn: Integrated Pest Management Team

San Diego Unified SCHOOL DISTRICT

## Unibersal na Form (Kailangang Ibalik)

Pagpapatunay na Lagda ng Pagtanggap ng Dokumento/Pagpapalabas ng Impormasyon

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan ng Estudyante *(Apelyido, Unang Pangalan)* | Pangalan ng Magulang *(Apelyido, Unang Pangalan)* | Antas |
| Address | Numero ng Telepono sa Bahay | Paaralan |
| Lungsod, Estado, Zip | Numero ng Telepono ng Trabaho ng Magulang/Tagapagalaga | Guro (K-5 lamang) |

**Pagkatapos suriin ang buklet na Impormasyon para sa Magulang, dapat suriin ng mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ang bawat seksyon, at ibalik ang form na ito**

**1. POLISIYA SA DISKRIMINASYON, PANGHAHARAS, INTIMIDASYON, & PAMBUBULAS** *(Mga Impormasyon para sa mga Magulang:* Seksyon C/D*)*

*Sa pamamagitan ng pagsuri sa bawat lupon at pagpirma sa ibaba, kinikilala ko ang sumusunod:*

- ◯ Nabasa at naiintindihan namin ng aking mag-aaral ang Seksyon ng Mga Patakaran sa Diskriminasyon at Panghaharas
- ◯ Naiintindihan namin ng aking mag-aaral ang mga kahihinatnan kung ang aking mag-aaral ay lumabag sa patakaran
- ◯ Naipaalam sa akin ang mga karapatang ito

**2. POTOGRAPIYA/BIDYO/PAGLABAS NG MEDIA***

Sa panahon ng taon ng pag-aaral, ang mga paaralan ay nagho-host ng mga kaganapan kung saan ang mga kinatawan ng media pambalita ay maaaring magtungo sa kampus upang mangalap ng mga larawan at/o bidyo.

Bilang karagdagan, ang mga magulang at mag-aaral ay maaaring kumuha ng mga larawan ng mga kaganapan sa mga silid-aralan o sa paligid ng mga paaralan. Ang mga larawang ito ay maaaring i-post sa internet, sa social media o kung hindi man ay ipamahagi nang walang pahintulot ng paaralan. Ang pakikilahok ng iyong anak sa mga kaganapang ito ay pinahahalagahan, at kailangan ng pahintulot ng magulang upang maisama siya sa mga kaganapan kagaya ng pagkuha ng litrato.

Ang mga magulang/Tagapag-alaga na mas gusto na ang kanilang anak ay hindi kunan ng larawan o bidyo rekord ay dapat mag-abiso sa paaralan sa pamamagitan ng paggamit ng form na ito. Maaaring gawin ng mga paaralan ang lahat ng pagsisikap upang matiyak ang kagustuhan ng magulang/tagapag-alaga.

Mangyaring magkaroon ng kamalayan na ang pagkuha ng litrato at pag-record ng bidyo sa pamamagitan ng mga device tulad ng mga mobile phone ay maaaring tumagal sa lugar nang walang kaalaman ng guro, punong-guro, o kawani ng distrito.

**MAGULANG O TAGAPAGALAGA:**

**Ipahiwatig ang iyong antas ng pahintulot O gamitin ang huling bilog upang ganap na mag-opt out.**

Ibinibigay ko ang aking pahintulot na: (piliin ang lahat ng naaangkop):

- ◯ ang aking mag-aaral ay makapanayam, makuhanan ng larawan, at/o bidyo na nai-record ng media pambalita
- ◯ Maaaring gamitin ang mga larawan at video sa mga website ng distrito ng paaralan, brochure, social media, atbp.
- ◯ ipa-publish ang pangalan ng aking anak upang bigyan ng kredito ang kanyang trabaho.
- ◯ isama ang litrato ng aking estudyante sa yearbook ng paaralan.

◯ **AYAW kong** mailathala sa publiko ang pangalan, larawan o bidyo ng aking anak.

**3. PLANO SA RESTORATIBONG DISIPLINA** *(Impormasyon sa mga Magulang:* Seksyon H*)*

◯ Kinikilala ko na nabasa ng aking mag-aaral ang Pangkalahatang Plano sa Pagdidisiplina, at naiintindihan namin ng aking mag-aaral ang mga kahihinatnan kung ang aking mag-aaral ay lumabag sa patakaran.

**4. KINAKAILANGANG PANGKALUSUGAN** *(Impormasyon sa Magulang:* Seksyon G*)*

◯ Ang batas ng California ay nag-aatas na ang mga magulang/tagapag-alaga ng bawat mag-aaral ay kilalanin ang kanilang mga karapatan gaya ng ipinaliwanag sa "Mga Kinakailangang Pangkalusugan" sa Impormasyon sa mga Magulang

**5. MGA ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA/NETWORK** *(Impormasyon para sa mga Magulang:* Seksyon J*)*

Ang "Mga Alituntunin sa paggamit ng network" para sa San Diego Unified School District ay isang kontrata at dapat pirmahan ng mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga bago mabigyan ng access ang mag-aaral sa teknolohiya, internet at iba pang San Diego Unified network.

◯ **ESTUDYANTE:** Naiintindihan ko at susundin ko ang mga tuntunin at kondisyon na nakabalangkas sa seksyon J tungkol sa pag-access sa teknolohiya, internet at iba pang San Diego Unified network

◯ **MAGULANG O TAGAPAGALAGA:** Binibigyan ko ng pahintulot ang aking mag-aaral na gumamit ng teknolohiya at mag-access sa internet at iba pang San Diego Unified network.

May access ba ang iyong (mga) mag-aaral sa internet sa bahay?

☐ **Meron** ☐ **Wala**

**6. LAGDA**

*Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng seksyon 1-5 at paglagda sa ibaba, ako bilang mag-aaral, at ako bilang magulang, ay nabasa, naiintindihan at kinikilala ang mga patakaran at karapatang nakabalangkas sa itaas at inilarawan nang detalyado sa Mga Impormasyon para sa Mga Magulang.*

*Lagda ng Estudyante* *Petsa*

*Lagda ng Magulang/Tagapagalaga* *Petsa*

*I-update ang iyong mga kagustuhan sa pagpapalabas anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisina ng iyong paaralan*

### Unibersal na Form

PAKIUSAP NA KUMPLETUHIN AT IBALIK SA: paaralan ng iyong anak.

# Unibersal na Form (Kinakailangang Ibalik)

Pagpapatunay na Lagda ng Pagtanggap ng Dokumento/Pagpapalabas ng Impormasyon

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan ng Estudyante *(Apelyido, Unang Pangalan)* | Pangalan ng Magulang *(Apelyido, Unang Pangalan)* Antas | |
| Address | Numero ng Telepono sa Bahay | Paaralan |
| Lungsod, Estado, Zip | Numero ng Telepono ng Trabaho ng Magulang/Tagapagalaga | Guro (K-5 lamang) |

**Pagkatapos suriin ang buklet na Impormasyon para sa Magulang, dapat suriin ng mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ang bawat seksyon, at ibalik ang form na ito**

## 1. POLISIYA SA DISKRIMINASYON, PANGHAHARAS, INTIMIDASYON, & PAMBUBULAS

*(Mga Impormasyon para sa mga Magulang:* Seksyon C/D)

*Sa pamamagitan ng pagsuri sa bawat lupon at pagpirma sa ibaba, kinikilala ko ang sumusunod:*

- ◯ Nabasa at naiintindihan namin ng aking mag-aaral ang Seksyon ng Mga Patakaran sa Diskriminasyon at Panghahar
- ◯ Naiintindihan namin ng aking mag-aaral ang mga kahihinatnan kung ang aking mag-aaral ay lumabag sa patakaran
- ◯ Naipaalam sa akin ang mga karapatang ito

## 2. POTOGRAPIYA/BIDYO/NILALABAS NG MEDIA*

kinatawan ng media pambalita ay maaaring magtungo sa kampus upang mangalap ng mga larawan at/o bidyo. Bilang karagdagan, ang mga magulang at mag-aaral ay maaaring kumuha ng mga larawan ng mga kaganapan sa mga silid-aralan o sa paligid ng mga paaralan. Ang mga larawang ito ay maaaring i-post sa internet, sa social media o kung hindi man ay ipamahagi nang walang pahintulot ng paaralan. Ang pakikilahok ng iyong anak sa mga kaganapang ito ay pinahahalagahan, at kailangan ng pahintulot ng magulang upang maisama siya sa mga kaganapan kagaya ng pagkuha ng litrato.

Ang mga magulang/Tagapag-alaga na mas gusto na ang kanilang anak ay hindi kunan ng larawan o bidyo rekord ay dapat mag-abiso sa paaralan sa pamamagitan ng paggamit ng form na ito. Maaaring gawin ng mga paaralan ang lahat ng pagsisikap upang matiyak ang kagustuhan ng magulang/tagapag-alaga.

Mangyaring magkaroon ng kamalayan na ang pagkuha ng litrato at pag-record ng bidyo sa pamamagitan ng mga device tulad ng mga mobile phone ay maaaring tumagal sa lugar nang walang kaalaman ng guro, punong-guro, o kawani ng distrito.

### MAGULANG O TAGAPAGALAGA:

Ilpahiwatig ang iyong antas ng pahintulot O gamitin ang huling bilog upang ganap na mag-opt out.

**Ibinibigay ko ang aking pahintulot na: (piliin ang lahat ng naaangkop):**

- ◯ ang aking mag-aaral ay makapanayam, makuhanan ng larawan, at/o bidyo na nai-record ng media pambalita
- ◯ Maaaring gamitin ang mga larawan at video sa mga website ng distrito ng paaralan, brochure, social media, atbp.
- ◯ Ipa-publish ang pangalan ng aking anak upang bigyan ng kredito ang kanyang trabaho.
- ◯ Isama ang litrato ng aking estudyante sa yearbook ng paaralan.
- ◯ **AYAW kong** mailathala sa publiko ang pangalan, larawan o bidyo ng aking anak.

## 3. PLANO SA RESTORATIBONG DISIPLINA *(Impormasyon para sa mga Magulang, Seksyon H)*

◯ Kinikilala ko na nabasa ng aking mag-aaral ang Pangkalahatang Plano sa Pagdidisiplina, at naiintindihan namin ng aking mag-aaral ang mga kahihinatnan kung ang aking mag-aaral ay lumabag sa patakaran.

## 4. KINAKAILANGAN SA KALUSUGAN *(Impormasyon para sa mga Magulang, Seksyon G)*

◯ Ang batas ng California ay nag-aatas na ang mga magulang/tagapag-alaga ng bawat mag-aaral ay kilalanin ang kanilang mga karapatan gaya ng ipinaliwanag sa "Mga Kinakailangang Pangkalusugan" sa Impormasyon sa mga Magulang

## 5. TEKNOLOHIYA/ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG NETWORK

*Impormasyon para sa mga Magulang, Seksyon J)*

Ang "Mga Alituntunin sa paggamit ng network" para sa San Diego Unified School District ay isang kontrata at dapat pirmahan ng mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga bago mabigyan ng access ang mag-aaral sa teknolohiya, internet at iba pang San Diego Unified network.

◯ **ESTUDYANTE:** Naiintindihan ko at susundin ko ang mga tuntunin at kondisyon na nakabalangkas sa seksyon J tungkol sa pag-access sa teknolohiya, internet at iba pang San Diego Unified network

◯ **MAGULANG/TAGAPAGALAGA:** Binibigyan ko ng pahintulot ang aking mag-aaral na gumamit ng teknolohiya at mag-access sa internet at iba pang San Diego Unified network.

May access ba ang iyong (mga) mag-aaral sa internet sa bahay? ☐ **Meron** ☐ **Wala**

## 6. LAGDA

*Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng seksyon 1-5 at paglagda sa ibaba, ako bilang mag-aaral, at ako bilang magulang, ay nabasa, naiintindihan at kinikilala ang mga patakaran at karapatang nakabalangkas sa itaas at inilarawan nang detalyado sa Mga Impormasyon para sa Mga Magulang.*

*Lagda ng Estudyante* *Petsa*

*Lagda ng Magulang/Tagapagalaga* *Petsa*

*I-update ang iyong mga kagustuhan sa pagpapalabas anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisina ng iyong paaralan*

# Form sa Pag-abiso sa Paggamit ng Pestisidyo (Opsyonal)

Nabago noong 2022

**Listahan ng IPM Pestisidyo ng San Diego Unified**

| PESTISIDYO | AKTIBONG SANGKAP |
|---|---|
| Altosid XR | Methoprene |
| Avert | Abamectin B1 |
| Barricor SP | Deltamethrin |
| Bora-Care | Disodium Octaborate Tetrahydrate |
| Borid | Orthoboric acid |
| Crossfire Concentrate | Clothianidin\Metofluthrin |
| Ditrac | Diphacinone |
| Drione | Pyrethrin |
| EcoExempt IC2 | Rosemary Peppermint Oil |
| Fusilade II | Fluazifop-P-Butyl |
| Gopher getter type 2 | Diphacinone |
| Ground squirrel bait | Diphacinone |
| In2Mix | Pyriproxyfen |
| JT Eaton Answer Gopher Bait | Diphacinone |
| Knighthawk | Prodiamine |
| Muaget Imicide | Imidacloprid |
| Maxforce ant bait station | Fipronil |
| maxforce ant bait gel | Fipronil |
| Maxforce roach bait station | Fipronil |
| Maxforce roach bait gel | Fipronil |
| Mecomec 2.5 | Potassium salt of (+)-R-2- (2-methyl-4-chlorophenoxy) propionic acid |
| Microcare | Pyrethrin |
| No Foam A | Alkyl phenol ethoxylate, Isopropanol |
| NyGuard IGR Concentrate | 2-[1-Methyl-2-4-(4-phenoxyphenox) ethoxy] pyridine |
| Ornamec Fluazifop-P-Butyl | Fluazifop-P-Butyl |
| Phantom | chlorfenapyr |
| PT Wasp-Freeze II | Prallethrin |
| Pyrocide 300 | Pyrethrin |
| Ranger Pro | Glyphosate |
| Reward | Diquat dibromide |
| Sedgehammer | Halosulfuron-methyl |
| Talstar | Bifenthrin |
| Tempo ultra WP | B-cyfluthrin |
| Tengard | Permethrin |
| Termidor | Fipronil |
| Weed Rot | Citric acid, Sodium Lauryl sulfate |

**Kahilingan sa Abiso sa Paggamit ng Pestisidyo (OPSYONAL)**

Upang maisama sa pagpapatala ng abiso, kumpletuhin ang form na ito at bumalik sa address ipinapakita sa ibaba, o isumite sa elektronikong paraan sa https://www.sandiegounified.org/node/1557

**Kung ayaw mong maabisuhan, mangyaring huwag pansinin ang abisong ito**

Ang San Diego Unified Schools ay sumusunod sa Healthy Schools Act of 2000 na nangangailangan ng paggamit ng epektibo at hindi gaanong nakakalason na mga kasanayan sa pamamahala ng peste, at nagbibigay ng taunang abiso sa lahat ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral na nakatala sa isang paaralang distrito na may listahan ng lahat ng mga pestisidyo na maaaring ilapat sa kanilang site.

Ang mga magulang o tagapag-alaga ay maaaring humiling ng paunang abiso ng mga indibidwal na aplikasyon ng pestisidyo para sa kanilang paaralan. Ang mga nakalista sa registry na ito ay aabisuhan nang hindi bababa sa 72 oras bago ilapat ang mga pestisidyo. Sa isang emerhensiyang nangangailangan ng pag-spray ng mga pestisidyo, aabisuhan ang site na maglalagay ng mga palatandaan; gayunpaman, ang mga nakalista sa registry ay hindi aabisuhan.

**Pakiusap na I-print**

*(Ang mga abiso ay hindi ipapadala nang hindi nababasa o hindi kumpletong ang kahilingan.)*

Petsa: Paaralan or Sentro ng Daycare: *(walang abrebasyon)*

Pangalan ng Estudyante:

Pangalan ng Magulang/Tagapagalaga:

Iyong Adrress na Pagpapadalhan: *(Ilagay ang lungsod at zip code)*

Email:

Mas gusto kong maabisuhan sa ☐ Email ☐ U.S. Mail

Sa paglagda sa ibaba, naiintindihan ko na sa kahilingan, ang distrito ng pampublikong paaralan o sentro ng daycare ng mga batang nakalista ay kinakailangang mag-supply ng mpormasyon tungkol sa indibidwal na aplikasyon ng pestisidyo nang hindi bababa sa 72 oras bago mag-apply.

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, naiintindihan ko rin ang aking responsibilidad na humiling ng abiso sa taunang batayan. Ang tanggapan ng Pinagsama-samang Pamamahala sa Peste ay **magsisimulang** tumanggap ng mga kahilingan sa Agosto 1 ng bawat kasalukuyang taon ng pag-aaral.

**Lagda:**

**Ibalik nang kumpleto ang form sa pamamagitan ng U.S. Mail patungong:**
PPO/Integrated Pest Management
4860 Ruffner St. San Diego, CA 92111-1522

*Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang MWW.sandieoounified.oro/inteorated-pest-manaoement*

San Diego Unified School District
4100 Normal Street, San Diego, CA  92103

619-725-8000

www.sandiegounified.org